TAON XXIII BILANG 1 | OPISYAL NA PAHAYAGAN SA FILIPINO NG MATAAS NA PAARALANG PANG-AGHAM NG MAKATI | UNANG SEMESTRE 2020

**Mga Kamay na Walang Paso** — 10 LATHALAIN

**Herd Immunity sa NCR+8, balak makamit sa Nobyembre** — 15 AGHAM

**Atletang Pinoy, magpapasiklab sa darating na Tokyo Olympics** — 19 ISPORTS




**KAAGAPAY SA PAGBANGON.** Sa tulong ng mga sundalo mula sa PAF, naisaayos ng MSHS DRRM ang mga *in-kind donation* na ipinadala sa mga apektadong komunidad sa Isabela Province.

*Anong ganap sa 'new normal'?*

# OPLAN BALIK ESKWELA AT BRIGADA ESKWELA, INILUNSAD

Trisha Leigh Orque Detablan




**BALIK-ESKWARANTINE?** Idinaos ang *virtual kick-off* ng Oplan Brigada Eskwela at Balik Eskwela sa Facebook *page* ng MakSci bago magsimula ang *online classes.*

Idinaos ang Oplan Balik Eskwela (OBE) at Brigada Eskwela (BE) mula ika-1 ng Hunyo hanggang ika-29 ng Agosto 2020 na may temang "Pagpapanatili ng Bayanihan Tungo sa Kalidad na Edukasyon para sa Kabataan," mga programang inilunsad ng Department of Education (DepEd) bilang pagsalubong sa pagbubukas ng bagong taon para sa mga mag-aaral.

Ginunita ito sa isang *national virtual kick-off program* ng DepEd sa pamamagitan ng *livestreaming* sa Facebook at Youtube noong ika-1 ng Hunyo 2020, ang unang araw ng opisyal na pagpaparehistro para sa taong panuruan 2020-2021 na may adbokasiyang: "Bayanihan sa Paaralan."

Isinagawa pa rin ngayong taon ang mga karaniwang gawain sa isang linggong brigada tulad ng pagsasaayos ng paaralan, pagkukumpuni ng mga sirang kagamitan, pagpipintura, paglilinis, at iba pa na sama-samang pinagtulungan ng mga mag-aaral, magulang, guro, at sinumang nagboluntaryo.

Tinalakay ang mga plano ng DepEd para sa hinaharap at mga programang makatutulong sa mga mag-aaral; isa na rito ang pakikipag-ugnayan sa *local government units* (LGUs) para anyayahan ang mga tao na boluntaryong maglinis at mag-*disinfect* ng mga silid-aralan at iba pang pasilidad sa paaralan.

Nagsagawa rin ng Psychological First Aid (PFA) ang DepEd na gumabay sa mga estudyanteng pangalagaan ang kanilang pangkaisipang kalusugan sa *online learning* na ipinatupad para sa taong 2020-2021.

Hinandugan ang mga mag-aaral ng Makati, kabilang na ang Makati Science High School (MSHS), ng Makatizen *goodies* para sa pag-uumpisa ng klase sa ika-24 ng Agosto 2020, na kalaunan ay nausog sa ika-5 ng Oktubre sa kaparehong taon.

Naglalaman ito ng *face masks*, USB, mga kwaderno at papel, *ballpen* at lapis; kasama na rin dito ang mga *modules* na gagamitin at ang Gabay sa Magulang upang matulungan ang kanilang mga anak sa pagsisimula ng klase *online*.

Sinuportahan din ng DepEd Makati ang mga estudyante bilang paghahanda sa *online class* sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng WiFi *access* at pagpapahiram ng mga kinakailangang *gadgets* para ilang mag-aaral.

Ayon sa ginanap na *virtual kick-off program* ng MSHS noong ika-19 ng Hunyo 2020 sa kanilang Facebook *page*, sabay-sabay na ipinagdiwang ang OBE at BE sa pamamagitan ng pagpo-*post* gamit ang *hashtags* at pagpapalit ng *display picture frames.*

**HINDI KO NA ALAM**
SUNDAN SA PAHINA 12
PANITIKAN

## *Virtual Club Fair 2020, inilunsad*

Christine Joy Sanchez Liwanag

Nakibahagi ang halos 400 estudyante ng Makati Science High School (MSHS) sa isinagawang *club recruitment* ng paaralan noong ika-11 ng Disyembre 2020, sa pamamagitan ng Facebook *livestream* na pinangunahan ng MSHS Supreme Student Government (SSG).

Binigyan ang bawat organisasyon ng limang minutong *video presentation* upang magpakilala, kaya naman kaniya-kaniya ang pasabog at pakulo ng mga *club* upang makahakot ng mga estudyante na sumali sa kanilang samahan.

Maaaring magpatala sa loob ng isang linggo ang mga mag-aaral sa 18 organisasyong rehistrado sa paaralan, na kinabibilangan ng Boy Scouts of the Philippines (BSP), Girl Scouts of the Philippines (GSP), Youth for Environment in School's Organization (YES-O), Campus Integrity Crusaders (CIC), Book Lovers Club (BLC), School Disaster Risk Reduction Management and Council (SDRRMC), Information Technology Core Group (ITCG), Mathematics Society (MathSoc), Science and Technology Organization (SciTech), High School YMCA (HI-Y), Mikropono ng Kabataan, Tinig ng mga Anak ng Bayan (MIKTINIG), Mandarin Club, English Club, MSHS Chorale, Ipinakikita ang Lumalagong Sining at Yamang-Obrang Natatangi (ILUSYON), MakSci Tempo, Ang Kadluan, at The Makati Science Vision.

SUNDAN SA PAHINA 3




**SALI KAYO SA'MIN!** Hindi hadlang ang *new normal* na pag-aaral para hikayatin ng 18 organisasyon ang mga mag-aaral ng MakSci sa *livestream* ng MSHS SSG.

# AGAPAY: TUNGO SA TAGUMPAY! NG MAKSCI, TUNAY NA NAGING MATAGUMPAY

Khymbee Doctor Gaa




**MATAGUMPAY NA PAG-AGAPAY.** Walang pagsidlan ang tuwa ng MakSci *community* sa naging tagumpay ng *fundraising project* na Agapay: Tungo sa Tagumpay! para kay Gail Nikola F. Salor sa kaniyang laban sa *cancer.*

Nairaos nang matagumpay ang proyektong 'Agapay: Tungo sa Tagumpay!' na inilunsad ng Makati Science High School Supreme Student Government (MSHS SSG) at Information Technology Core Group (ITCG) Club noong Setyembre 30, 2020 na ginanap sa isang Facebook *live* para sa layuning matulungan si Gail Nikola F. Salor, isang mag-aaral sa ika-11 baitang ng MSHS na dumanas ng *Stage 3 Lymphoma Cancer.*

Nag-umapaw ang pagtulong ng bawat estudyante ng MSHS na naging susi sa pagsasakatuparan ng proyektong ito, kasama na rito ang mga tulong pinansiyal at mga pagboluntaryo.

Nagkaroon ng DP *blast* sa Facebook ang komunidad ng MSHS, na umani ng napakalaking bilang ng partisipasyon upang mapaabot sa mas maraming tao ang proyekto.

Kahit hindi pa nagsisimula ang mismong *livestreaming* ng "Agapay: Tungo sa Tagumpay," umani na ito ng iba't ibang reaksyon dahil na rin sa napakaraming *shares* na nakamit ng mga *publication materials* ukol dito.

Nagpa-*trending* din ang komunidad ng MakSci ng isang *hashtag* sa Twitter na #AgapayForGail, na umabot sa iba't ibang sulok ng Pilipinas at naging No.1 *trending* pa sa buong bansa.

Umabot sa halos 8,600 *views* at limpak-limpak na *shares*, *donations*, at *comments* ang programa mula sa loob at maging sa labas ng MakSci *community*.

Pinasiklab naman ng 19 na *performers* mula sa mga estudyante ng MSHS ang programa nang itinanghal nila ang kani-kanilang natatanging galing sa iba't ibang larangan ng sining tulad ng pagsasayaw, pagkanta, at pagguhit.

"Sobrang nakaka-touch 'yung lahat ng nangyayari, thank you very much for supporting this event," ani Marianne Cortez, dating pangalawang pangulo ng MSHS SSG, sa lahat ng nag-*donate*, nagtanghal, at sumubaybay sa programa.

"Bilang isa sa mga kaibigan at kapwa estudyante ni Gail, ang proyekto ito ay isa sa mga mahalaga at malaking event na aking naranasan sa MakSci. Isang malaking karangalan na maging kabilang sa ganitong programa na may magandang layunin," batid naman ni Euan Zafra, ang namuno ng ITCG Club sa nasabing proyekto.

Tinatayang umabot sa P84,390 ang nalikom mula sa pagbili ng *tickets* hanggang sa patuloy na pag-*donate* ng mga tao, na 562% ang laki kumpara sa pinakaunang layunin na P15, 000 lamang, at lahat ng ito ay inihandog kay Salor bilang pantulong sa kaniyang mga gastusin sa ospital.

"Maraming maraming salamat sa ITCG, SSG, GPTA, at sa lahat ng programang bumubuo sa proyektong ito. Maraming salamat din sa lahat ng MakSci students na nanonood ngayon. Kung hindi dahil sa inyo ay hindi ako aabot ng 4th cycle ng chemotherapy. Ipagdasal nalang sana natin 'yung paggaling ko. Wala akong masabi, nao-overwhelm ako, nanginginig ako ngayon, thank you, MakSci mag-iingat kayo palagi. Ayun, thank you," mensahe ni Salor sa pagtatapos ng 'Agapay: Tungo sa Tagumpay!' *live* sa Facebook.

# *MakSci Tempo, nagpasiklab sa Dance Supremacy 2020*

Zach Paat Villegas

Nagpamalas ng angking galing sa pagsayaw ang apat na kinatawan ng opisyal na *dance crew* ng Makati Science High School (MSHS), ang MakSci Tempo, na sina Jan Carlo Loneza, Alec John Rac, Xana Kristina Saman, at Fearl Denise Cañete sa pagsabak sa Dance Supremacy 2020 na birtwal na ginanap noong ika-14 ng Disyembre 2020.

Ang Dance Supremacy ay taunang inilulunsad kung saan ang mga kalahok ay mula pa sa iba't ibang bansa at ngayong taon ay sinalihan ng mahigit 24 na grupo ng mga mananayaw, kung saan ang apat ay mula pa sa Indonesia at Japan.


Nagpadala ang bawat kalahok ng kani-kanilang mga piyesa sa pamamagitan ng *pre-recorded performances* at matapos itong maibigay sa mga tagapangasiwa ng programa, ipinalabas ang kanilang mga sayaw sa isang eksklusibong *live streaming.*

Ang piyesang itinampok ng MakSci Tempo sa nasabing patimpalak ay ang awiting "Giyera ng Bulag" nina Calix, Tatz Maven, at ng Kolateral, upang maipakita sa mga tao ang mga kasalukuyang nangyayari sa bansa at sa gobyerno, at ito rin ay tawag sa kabataan na huwag maging bulag sa mga pangyayari sa bansa, ayon kay Cañete.

"Nahirapan ako lalo na sa pag-aaral ng mga detalye ng choreography. Gayundin, dahil sa mga problema sa internet, hindi namin masyadong nakita kung tumpak ang aming mga galaw at kung naka-sync ito sa aktwal na musika at mga beats," dagdag pa niya.

Nagkamit ang MakSci Tempo ng ika-18 pwesto sa Dance Supremacy 2020 at nasungkit naman ng Kali Twins, Pilipinong *duo* na dating miyembro ng LSDC Street, ang unang karangalan.

"Nag-grow talaga kami from that experience and I feel na ipagpapatuloy namin yung pagsali sa mga competition na ganoon, not only for the rewards or titles but also for the growth ng members namin," pahayag ni Rac.




**INDAK, KISLOT, AT GALAW NG PAGMULAT.** Sa pamamagitan ng pagsasayaw ay naipadama ng MakSci Tempo ang mensahe na hindi dapat magbulag-bulagan sa kasalukuyang nagaganap sa bansa.

# *MSHS, nagkapit-bisig sa 'Kaya 'Yan, Cagayan!'*

Lorraine Antonette Andres Bonifacio

Nagpakita ng pagbabayanihan ang komunidad ng Makati Science High School (MSHS) sa inilunsad na *online donation drive* noong ika-17 ng Nobyembre 2020 para sa mga nasalanta ng bagyo sa rehiyon ng Cagayan Valley.

Matatandaang tinamaan ng malakas na Bagyong Ulysses ang Cagayan Valley noong nakaraang taon kung saan marami ang naapektuhan at nangailangan ng tulong, kaya ang komunidad ng MSHS ay nagsipaghatid-tulong para sa mga biktima ng nasabing bagyo sa pamamagitan ng pagbuo ng isang proyektong pinamagatang "Kaya 'yan, Cagayan!"


Nanguna ang MSHS Supreme Student Government (SSG) sa proyekto at panghihikayat sa kanilang Facebook *page* na nagnanais ng pakikiisa mula sa komunidad ng MSHS upang agarang maabutan ng tulong ang mga biktima na nasalanta ng kalamidad.

Katuwang ng MSHS SSG sa paghatid ng tulong ang iba pang organisasyon ng paaralan tulad ng: Sining Gang — isang grupo ng MakSci *artists* na naglunsad ng "Commissions for a Cause;" MakSci Tempo na nagkaroon ng "Dance for a Cause;" at ang MSHS Disaster Risk Reduction Management (DRRM) na tumulong sa pamimigay ng mga donasyon.

Napanatili ang *transparency* sa buong panahon ng *donation drive* na umabot hanggang ika-27 ng Nobyembre

Ang mga *monetary donations* na nalikom sa pamamagitan ng *online banking* na umabot sa P22,623.00 at ang mga *in-kind donations* na inihatid sa paaralan ay ipinadala ng MSHS DRRM sa bayan ng Sta. Maria, Isabela sa tulong din ng Philippine Air Force (PAF).

"Bilang isa sa mga nangunguna sa proyekto ng 'Kaya 'yan, Cagayan!' isa ito sa mga naging pagkakataon kung saan natunghayan namin ang pagnanais ng mga tao sa ating paaralan na tumulong sa mga nangangailangan. Kahit likas na sa ating mga Pilipino ang pagiging matulungin, iba pa rin sa pakiramdam na makita ito sa iyong sariling paaralan. Isang malaking karangalan na maging bahagi ng mga programang tulad nito dahil nakatutulong ka sa kapwa mo sa oras ng mga kalamidad," ani Euan Zafra, pangalawang pangulo ng MSHS DRRM.



**BAYANIHANG MAKAPANGYARIHAN.** Naglunsad ng *online donation drive* na pinangalanang "Kaya 'yan, Cagayan!" ang komunidad ng MakSci para sa mga nasalanta ng Bagyong Ulysses.

## *Kalibre sa sipnayan, ipinamalas*

# MAKSCI MATHLETES, HUMAKOT NG GANTIMPALA SA PHIMO




**MATHINIK!** Nag-uwi ng 15 medalya ang Maksci Mathletes sa kanilang paglahok sa PhIMO 2021 Heat Round.

Nagpakitang-gilas ang 15 mag-aaral mula sa Makati Science High School (MSHS) sa Philippine International Mathematical Olympiad (PhIMO) Heat Round na isinagawa nang *online* noong ika-11 hanggang ika-18 ng Abril 2021.

Kapwa hinirang na *gold medalist* sina Christian Jozef R. Dimaunahan (11-Euclid) sa Senior Secondary Category at Joseph Benedict C. Gatmen (10-Newton) sa Junior Secondary.

Samantala, nagwagi ng medalyang pilak si Russel Lei G. Padayao (10-Fermi) at tansong medalya naman ang natamo ni Clarence Jay D. Tamaca (10-Hertz) sa Junior Secondary Category.

Nagwagi sa Secondary 3 Category sina John Clarence B. Cruzado (9-Lavoisier) at John Louis C. Macopia (9-Lavoisier) ng gintong medalya, at itinanghal na *silver medalist* sina Mark Glen E. Mayuga (9-Bohr) at Allan Dave B. Pabillano (9-Lavoisier) sa kaparehong kategorya.

Nagkamit naman sa Secondary 2 Category ng gintong medalya si Laurence B. Hapin (8-Hooke), pilak na medalya para kay Cody Arris J. Saloma (8-Pasteur), at tansong medalya naman para kina Jhon Wayne A. Panganiban (8-Leeuwenhoek), Dennis Gabriel V. Sta. Catalina (8-Pasteur), at Samantha Mykhyle S. Francisco (8-Mendel).

Ginantimpalaan din sina Frances Debborah H. Arcalas (7-Archimedes) ng medalyang pilak at tansong medalya naman ang natanggap ni Rhianna Mikaella V. De Sotto (7-Archimedes) sa Secondary 1 Category.

Sa kabuuan, tumabo ng 15 medalya ang MSHS sa nasabing paligsahan: lima ang nagkamit ng gintong medalya, gayundin sa pilak at tanso.

Lucas Gavin Manahan Cello

## VIRTUAL CLUB FAIR 2020 ... MULA PAHINA 1

"Nakakatuwa kasi kahit na online (ang programa), nagawan pa rin ng paraan. Pati ang husay ng organizers which is yung SSG kasi smooth ang flow at nabigyan ng spotlight (ang) bawat clubs to showcase kung anong unique sa kanila," ani Aliza Mae S. Domingo, estudyante sa ika-11 baitang na dumalo sa Club Fair 2020.

Batay naman sa pangulo ng SSG na si Kurt Quiambao, malaki ang naging tulong ng ITCG at maganda rin ang naging koordinasyon ng bawat *club* na nagbunsod sa maayos na paglunsad ng *club recruitment*, maging sa proseso ng pagpaparehistro.

Naging tradisyon na sa MSHS ang taunang pagsasagawa ng *club recruitment* tuwing buwan ng Hulyo ngunit dahil sa pandemyang COVID-19, ang lahat ng nakasanayang gawain ay isinagawa na lamang sa birtwal na paraan.

# LAKAD ng Ang Kadluan, umarangkada

Symmon Rei Belleza Coliat

Inilunsad ng opisyal na pahayagan sa Filipino ng Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Makati: Ang Kadluan, ang *9-day online webinar* sa kanilang opisyal na Facebook *page* na nagsimula noong ika-7 ng Mayo hanggang ika-4 ng Hunyo, 2021, na may layuning magbigay-impormasyon sa kabataang mamamahayag at matuto tungkol sa mga konsepto ng pamamahayag.

Pinamagatang "LAKAD: Linangan sa Ang Kadluan" ang nasabing *webinar* na pinangunahan ng iba't ibang kilalang personalidad sa larangan ng pagsulat upang makapaghatid at magbahagi ng kanilang mga kasanayan at kaalaman ukol sa pagsulat sa isang pahayagang pangkampus.

Sinimulan ang unang araw ng talakayan sa mga paksang Ang Pamahayagan at Infodemics sa pangunguna nina Gng. Ailene Mae L. Perez at G. Kenjie S. Hokyo na sinundan naman noong ikalawang araw nina Bb. Eva Figueroa at G. Jayson O. Caraang na nagturo tungkol sa Pangulong Tudling at ang Pagsulat ng Pangulong Tudling at Kolum.

Ibinahagi naman nina Gng. Rhoagne Suamer at G. Jonathan Ross Perez ang kanilang kaalaman hinggil sa Mga Hakbang at Mungkahing Paraan sa Pagsulat ng Balita at Mga Modelo at Batayang Ayos o Kayarian ng Balita sa pagtungtong ng LAKAD sa ikatlong araw nito samantalang sa ikaapat na araw ay ang Mga Simulain, Tungkulin, Alituntunin, at Batas ng Pamahayagan na naging paksa ng gurong tagapayo ng Ang Kadluan, Bb. Joana Marie M. Duka.

Pagsulat naman ng Tanging Lathalain at Pampanitikan o Literatura sa Pahayagang Pangkampus ang pinag-usapan sa ikalimang araw ng programa na tinalakay nina G. Jhonrick Catindoy Orense at G. Orlando A. Francisco Jr., habang Introduksyon sa Broadcasting naman ni G. Bernard Ferrer ang naging diskusyon sa ikaanim na araw.

Umabante pa lalo ang ikapitong araw dahil bukod sa Pagsulat ng Balita sa Radyo at Telebisyon sa Bagong Normal nina Dr. Glenn Irwin Cruz Reynon at Don Dave D.R Ventura, tampok din sa pagtitipon bilang panauhing pandangal mula sa Schools Division Office ng Lungsod ng Makati, ang Pandibisyong Tagapagmasid sa Filipino, Gng. Maria Fe C. Balaba at si Michael Rodriguez na naghandog ng kanyang iilang awitin sa ilalim ng VIVA Records.

Tinuro naman sa ikawalong araw Ang Pagwawasto sa Pagsulat gamit ang Makabagong Ortograpiyang Filipino ni G. Jayfel L. Balingasa at sa ikasiyam na araw ay ang Campus Press Management at Kahalagahan at Importansya ng Pagsulat nina G. Marjohara Tucay at Bb. Cindy Wong.

Ibinida rin ng ilang mag-aaral tulad nina Aaliyah Nicole Ybera, Korinne Mercy Basada, Joshua De los Santos, F. Immanuel Del Castillo at Andres Bienrico Bisenio, Jzean Andrea Siasat, MSHS Tempo, at MSHS Chorale ang kanilang mga angking kakayahan sa *webinar*.

"Malungkot ako kasi tapos na ang LAKAD, at wala na akong aabangan tuwing Miyerkules at Biyernes ng hapon. Malungkot man, mas nangingibabaw pa rin ang saya dahil matagumpay ang pagtatangka ng Ang Kadluan na ipagpatuloy ang pagbabahagi ng kaalaman kahit ngayong nasa panahon tayo ng walang kasiguruhan," ani pangalawang patnugot ng pahayagang Ang Kadluan na si Rafael Anthony M. Melendez.

"Inaabangan ko kung ano pa ang maihahandog ng Ang Kadluan. Alam kong marami pang ma-ooffer ang pahayagan na talaga namang ma-eenjoy at kakagatin ng MakSci Community. Ang LAKAD ay simula pa lang ng totoong paglakad, marami pa tayong pupuntahan, kasama ang Ang Kadluan," dagdag pa niya.




**MAGLAKAD TUNGO SA TAGUMPAY.** Sama-samang naglakbay ang mga mamamahayag at kasapi ng Ang Kadluan, kasama ang MakSci *community* sa siyam na araw ng LAKAD: Linangan sa Ang Kadluan.

# MAJADAS, PANGULO NG EDITORS GUILD

Esmeralda Joyce De Guzman Aguila

Iniluklok sa pwesto ng pagkapangulo si Hayes Daniel R. Majadas, punong patnugot ng opisyal na pahayagan sa Filipino ng Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati, ang Ang Kadluan, sa halalan ng Division of Makati Secondary Schools Editors Guild bilang bahagi ng pagdaraos ng Division Schools Press Conference and Contest (DSPC) noong Hunyo 30, 2021.

Nagbotohan nang birtwal sa tulong ng Google Forms ang lahat ng mga kinatawan mula sa iba't ibang pampubliko at pampribadong sekondaryang paaralan sa buong dibisyon ng Makati upang italaga ang karapat-dapat na mamuno sa samahan ng mga patnugot sa lungsod.

"Bagaman ito ay isang mabigat na tungkulin, buong puso ko itong tinanggap sa ngalan ng paghahatid serbisyo para sa aking kapwa estudyante," giit ni Majadas na ngayon ay may responsibilidad nang pamahalaan ang mga *secondary level campus journalists* sa Lungsod Makati.

Nilalayong mapaigting ng Editors Guild ng Makati ang pagtangkilik sa mga pangkampus na pahayagan, at ayon kay Majadas, maraming inihandang proyekto ang organisasyon na sisikapin nilang maisakatuparan sa ngalan ng malayang pamamahayag.



**MAJADAS PARA PANGULO!** Hinirang na pangulo ng Division of Makati Secondary Schools Editors Guild ang punong patnugot ng Ang Kadluan na si Hayes Daniel R. Majadas.

# MSHS, namayagpag sa DSTF 2021

Mica Ella Pagar Rivero

Nagtamo ng mga gantimpala ang mga mag-aaral ng Makati Science High School (MSHS) sa isinagawang Virtual Division Science Technology Fair (DSTF) 2021 Education Must Science-Tinue Amidst Pandemic na may temang: "Agham, Pananaliksik, at Teknolohiya: Kabalikat sa Matatag at Maunlad na Pamayanan," na ginanap nitong ika-29 ng Hunyo 2021 sa *livestream* sa Facebook *page* ng Schools Division of Makati.

Binubuo ang DSTF ng anim na patimpalak sa tagisan ng kahusayan at kasanayan sa larangan ng agham: Online Sci-Quiz, Digital Poster Making, Virtual Recycle-Bot, On the SPPOT (Science Processes and Practices On-site Test), Science Concept Quick Share, at Interactive Science Instructional Material.

Hinirang na kampeon sa Online Sci-Quiz si Alisha Eve C. Bermudez (8-Darwin) at ang kaniyang gurong tagapagsanay na si Bb. Haizel Gilua samantalang ikatlong gantimpala naman ang nakamit ni Joaquin Gabriel A. Rodriguez (7-Dalton) sa patnubay ni G. Abraham Bolongaita Jr..

Ginantimpalaan naman sina Zaila Philippe R. Francisco (9-Rutherford), Angela Jean G. Mendoza (9-Roentgen), at Dionne Andres D.S. Canceran (9-Bohr), sa pagsasanay ni Gng. Marlene Mercene ng ikalawang pwesto sa Science Concept Quick Share na siya ring nagtamo ng unang karangalan sa *special award* na Popularity Vote Contest.

Itinanghal na *rank* 3 sa DSTF 2021 Secondary Level ang MSHS, kahanay ang Fort Bonifacio High School, natamo naman ng Makati High School ang *rank* 2 at nasungkit ng Pitogo High School ang *overall champion.*




**SA AGHAM, MAKSCI AY SAKALAM!** Nag-uwi ng gantimpala ang mga mag-aaral ng MSHS sa idinaos na Virtual DSTF 2021.

# *Top performing secondary school*
# ANG KADLUAN, VISION, NAMAYANI SA DSPC 2021

Namayagpag ang mga manunulat ng mga opisyal na pahayagan ng Makati Science High School (MSHS), ang Ang Kadluan at The Makati Science Vision, sa kauna-unahang Virtual Division Schools Press Conference and Contest (DSPC) na may temang *"The Role of Campus Journalism in Strengthening Community Resilience in Times of Pandemic"* na ginanap noong Hunyo 29 at 30, 2021.

Isinagawa ang birtwal na paggawad ng parangal noong Hulyo 9 at matagumpay na nakapagbulsa ng walong gantimpala ang Ang Kadluan.

Nasungkit nina Rafael Anthony M. Melendez at John Rolan T. Bacero ang ikalawang gantimpala para sa Pagsulat ng Pangulong Tudling at Pagsulat ng Balitang Agham, ikatlong karangalan ang natamo nina Raven Jillian F. Catuday, Julian Carlos B. Gatchalian, at Riona Chari M. Sison sa Pagsulat ng Balita, Pagsulat ng Tanging Lathalain, at Pagkuha ng Larawang Pampahayagan, ikalimang pwesto si Jaysinette S. Verzon sa Pagwawasto at Pag-uulo ng Balita, ikaanim si Selina Yvonne S. Peralta sa Pagsulat ng Balitang Isports, at nakamit ni Alberto C. Torres Jr. ang ikawalong pwesto sa Paglalarawang Tudling.

Kaugnay nito, nagwagi rin ang The Makati Science Vision at nakapagtamo ng limang karangalan sa DSPC.

Naiuwi ni Angel T. Tasani ang kampeonato sa Feature Writing, ikalawang gantimpala ang natamo ni Gwyneth P. Vengco sa Science News Writing, ikatlo si Gabrielle Ariana R. Lugay sa Editorial Writing, ikaapat na pwesto si Angela Christine R. Bartolome sa Editorial Cartooning, at nakamit naman ni Mickaela A. Aspuria ang ikalimang gantimpala sa News Writing.

Kaakibat nito, itinanghal ang MSHS bilang Top Performing Secondary School sa DSPC 2021, habang nasa ikalawang pwesto naman ang Benigno "Ninoy" Aquino High School at pumangatlo ang Colegio San Agustin.

Sasabak ang mga nagwaging kalahok sa napipintong Regional Schools Press Conference (RSPC) 2021, na ang mga detalye ay kasulukuyan pang inaabangan.

Angelica Alfaro Tuppal




**HUSAY SA PAMAMAHAYAG, IBINANDERA.** Humakot ng mga parangal ang Ang Kadluan at The Makati Science Vision matapos manaig sa ginanap na DSPC noong Hunyo 29-30, 2021.

## *Regalo sa gitna ng pandemya*
# GPTA, NAGHANDOG-TULONG SA MGA MAG-AARAL



**AGUINALDO NGAYONG PASKO.** Nagpamigay ang GPTA ng kanilang pamaskong handog na *gadget* at *load* para sa mga mag-aaral ngayong *online classes.*

Pinaulanan ng mga *gadget* at *load* pang-*data surfing* ang mga piling mag-aaral ng Makati Science High School (MSHS) upang matugunan ang kanilang pangangailangan para sa *online classes* (OLC) ngayong 2020-2021 at bilang regalo na rin ng General Parents-Teachers Association (GPTA) sa mga bata.

Naisakatuparan ito sa ilalim ng programang 'Alternative Christmas Gift-Giving Online Saya, Gadget/Load Mo Andito Na' na ang tanging layunin ay makapaghatid ng tulong pinansyal sa mga estudyanteng nangangailangan.

"Provide the financially-qualified MSHS students with online learning gadgets, wifi-access for online learning, internet load that will be supplied until the end of the school year," ani GPTA External Vice President Pia Businos, ang namumuno sa nasabing proyekto.

Inisa-isa ng GPTA ang listahan ng mga mag-aaral na kabilang sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) at sinuri kung sinong mga bata ang kulang ng kagamitan para sa *online learning*.

Matapos nito, naglikom ang GPTA ng donasyon mula sa bawat baitang ng MSHS upang makadagdag sa ipinamigay na *gadget* at linggo-linggong *load allowance.*

Humaba man at mas tumagal sa inaasahan ang taong panuruan, hindi pa rin tumigil ang GPTA sa paghahatid ng tulong sa mga estudyanteng nabigyan na ng mga kinakailangang gamit pang OLC at patuloy pa rin silang nakatatanggap ng *allowance.*

"Patuloy ang pagtulong sa mga nangangailangan. Nakakuha naman tayo ng ilang sponsorships, at tulong din sa school para sa desktop loan kaya na-susustain natin ang proyekto kahit na humaba ang school year na naging hanggang July 10," dagdag ni Businos.

Camille Faith Tiquia Bautista

## Makati Science High School COVID-19 Isolation Facility, bukas na sa publiko

Nikko Christian Tam Cabaddu

Nagkaroon ng isang kasunduan noong Mayo 18, taong kasalukuyan, ang lokal na pamahalaan ng Makati at ang Philippine Red Cross (PRC), upang pormal na buksan sa publiko ang Makati Science High School (MSHS) COVID-19 Isolation Facility.

Isinagawa ang Virtual Signing of Memorandum of Agreement sa pangunguna ng punong lungsod ng Makati, Mayor Abigail "Abby" Binay at ng PRC *chairman*, Senator Richard "Dick" Gordon upang maisakatuparan ang proyektong ito.

Bukod sa mga pangalang nabanggit, kasama rin sina PRC Secretary-General Elizabeth Zavalla at PRC Governor John Tiong sa pagpirma bilang kinatawan ng buong organisasyong PRC.

Matatagpuan ang *quarantine facility* na ito sa ikawalong palapag ng gusali ng MSHS sa Kalayaan Avenue, Barangay Cembo na dating mga dormitoryong hindi pa nagagamit ng mga estudyante ng nasabing paaralan.

Kinapalolooban ang *isolation facility* na ito ng 56-*capacity beds* at ayon kay Binay, malaking tulong ito sa mga pasyenteng nagpositibo sa COVID-19 ngunit *'asymptomatic'* ang estado at naninirahan lamang sa mga maliliit na paupahan o sa mga bahay na mayroon lamang isang kwarto .

Naglagay ang PRC sa bawat silid ng *isolation facility* na ito ng dalawang higaan, unan, kobre kama, *oxygen tank*, *emergency supplies*, at mga *stand fan*.

Bukod dito, ang nasabing pasilidad ay may pambabae, panlalaki, at *gender-neutral* na mga banyong paliguan at palikuran.

Maglalaan din ang PRC ng sapat na *personal protective equipment* (PPE) para sa kanilang mga *healthcare worker*.

Bibigyan naman ang mga pasyente ng sapat na esensyal na pangangailangan, katulad ng *hygiene kits* at tubig, na tatagal ng isa hanggang dalawang linggo.


Ayon kay Binay, makatutulong ang proyektong ito upang higit na mapagtibay ang programa ng lungsod sa pagbubukod ng mga indibidwal na nagpositibo sa COVID-19.

"While Makati has ample room and facilities that can be converted into isolation or quarantine facilities, it is the shortage of manpower that we find most difficult. So when this setup was offered by Senator Gordon, I immediately grabbed this opportunity so we can continue to increase our healthcare capacity. This 56-bed facility at the Makati Science High School dorm will greatly help our efforts in fighting COVID-19," batay sa kaniya.

Aniya, ang pagkakaroon ng masinsinang pag-aalaga at paghihiwalay sa mga taong may *mild cases* ng nasabing sakit ay makatutulong sa pagpapabagal ng pagkalat ng *virus* sa ibang miyembro ng kanilang pamilya at sa mga taong nakasasalamuha sa kanilang komunidad.

Pinasalamatan ni Sen. Gordon si Mayor Binay sa kaniyang pagtitiwala sa PRC matapos lagdaan ng dalawang panig ang kasunduan ng proyektong ito.

"The battle against COVID-19 is far from over; this action by the PRC along with the different LGUs in Metro Manila is to separate the asymptomatic spreaders to prevent the spread of the virus and beat this invisible enemy," ani Gordon.




**LABAN KONTRA COVID-19.** Binuksan ng Makati LGU at Philippine Red Cross ang *isolation facility* sa MakSci upang makatulong sa pagkakaroon ng dagdag na pasilidad na isa sa mga paunang hakbang upang labanan ang COVID-19.

## Makati Vaccination Drive, lumarga na

Ella Mae Lubang Pahilanga

Umarangkada na ang paunang pagbabakuna sa Makatizen noong Marso 2021 na pinondohan ng Pamahalaang Lungsod ng Makati ng mahigit P1 bilyon upang masigurong lahat ng mga mamamayan ay mababakunahan nang libre.

Nauna nabigyan ng bakuna ang mga *top-priority list* tulad ng mga *senior citizens* at ang mga *healthcare workers*, kasunod naman ay ang mga mamamayang nasa A4 *category* gaya ng mga may negosyo, mga ahensya ng gobyerno, mga nagtitinda, mga tsuper, *riders, self-employed individuals*, at mga nagtatrabaho sa pribadong sambahayan.

Ginanap ang pagpapatala ng mga nais magpabakuna para sa programang ito sa pamamagitan ng isang *online registration* sa tulong ng Proud Makatizen *website.*

Inilunsad ang *vaccination drive* na ito para sa mga Makati *frontliners, voters*, Makatizen Card *holders, senior citizens* na may Makatizen Card, na botante ng Makati, o may *yellow, blue at white card*, residente ngunit hindi botante ng Makati, at mga miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps).

Inihanda ang *biomedical refrigerators* at *laboratory freezers* upang masigurong ligtas at maayos na kalagayan ng mga bakuna, kung saan ay mayroon nang isang milyong *doses* ng AztraZeneca *vaccine* ang lungsod sa kasalukuyan.

Pinangunahan mismo ni Mayor Abigail "Abby" Binay ang pagsisimula ng programang ito na may layuning mapabuti ang kahandaan at masiguro ang tagumpay ng *vaccination drive.*

Nagkaroon din ng kasunduan, kasunod nito, ang *national government* at ang lokal na pamahalaan ng Makati na mabibigyan ang nasabing lungsod ng mga bakuna para sa 70% ng kabuuang populasyon o 350,000 katao kung kaya't makatatanggap ang Makati ng karagdagang 700,000 *doses.*

Upang masiguro ang kaayusan ng daloy ng pagsasagawa ng proyektong ito, naglunsad muna ng isang paunang *simulation exercise* ang Lungsod ng Makati sa Makati Coliseum noong ika-4 ng Pebrero, 2021 bilang paghahanda sa *rollout* ng mga bakuna sa COVID-19.

Tuloy-tuloy pa rin ang isinasagawang pagbabakuna sa 32 *vaccination sites* sa buong lungsod at ito ay inaasahang matapos ngayong taong 2021.



**BAKUNADONG MAKATIZEN.** Malaki at malawak ang sakop ng mahigit isang bilyong pisong inilaan ng pamunuan ni Mayor Abby Binay para sa *vaccination drive* ng Lungsod Makati.

## *Pagkilala sa mga naging tanglaw*
# GURO NG MAKATI, PINARANGALAN SA UNANG GAWAD TANGLAW

Raven Jillian Fatalla Catuday




**TANGLAW SA PANAHON NG KARIMLAN.** Binigyang parangal sa unang Gawad Tanglaw ang mga guro at manunulat ng SDO-Makati na naging bahagi ng *blended instructional delivery* ngayong panuruang taon.

Pinarangalan ang mga guro ng Lungsod Makati na nagbigay-kontribusyon sa *blended instructional delivery* ng kasalukuyang panuruang taon sa kauna-unahang Gawad Tanglaw na may temang "Bayanihan Tungo sa EduKalidad: Pagkilala sa mga Naging Tanglaw sa Bagong Kadawyan" nitong Mayo 14, 2021 sa isang *livestream* ng Facebook *page* ng SDO-Makati.

Sinimulan ni Dr. Rosalie A. Trongco, hepe ng Sangay ng Pamamahala at Pamamalakad ng mga Paaralan, ang pagdiriwang sa kaniyang pambungad na pananalita na sinundan naman ng inspirasyonal na mensahe mula sa nanunuparang pinuno na pangalawang pandibisyong tagapamanihala, Carleen S. Sedilla, CESE.

Iginawad ang pagkilala sa mga manunulat at tagasuri ng mga modyul para sa *kindergarten* at iba't ibang asignatura tulad ng Agham, Ingles, Sipnayan, Filipino, MAPEH, EPP/TLE/ABM/TVE, Araling Panlipunan, at ESP.

"Natuwa ako dahil nakilala at nabigyang pansin ang aming kontribusyon at suporta sa DepEd at sa mga mag-aaral na nangangailangan ng inspirasyon upang magpatuloy mag-aral sa kabila ng hamon ng pandemic," ani Gng. Gala Maria G. Napone, isa sa mga pinarangalang guro mula sa Makati Science High School (MSHS).

"Ang mga gurong tulad ko ay maasahan, ambag namin ay ang aming kakayahan upang mabuo ang mga modules na gagamitin ng mga mag-aaral, na nakayanang matapos sa maikling panahon. Lumalabas ang galing ng guro sa harap ng bagong hamon sa pagtuturo. Patunay lamang na ang mga guro, tulad ko, ay handang maglingkod sa ikabubuti ng lipunan," dagdag pa niya.

Tumanggap din ng pagkilala ang iba pang mga guro mula sa MSHS na kinabibilangan nina Abraham Saturnino C. Barrientos, Abraham M. Bolongaita Jr., Ria Pauline A. Constantino, Prisco A. Galicia, Celia P. Flores, Haizel T. Gilua, Marlene A. Mercene, Marian Grace C. Toribio, Emmanuelle Joy J. Vidallo, Aiza O. Yang, Mary Rose A. Zarate, Michelle Z. Yakit, Marites G. Delariarte, Darish Campa M. Gamit, Maria Del Socorro F. Leonida, Jenny P. Olinares, Editha P. Cuenco, Desiree Joy D.P. Gumapac, Arnel D. Olofernes, John Manuel B. Padre, Leobert T. Rebancos, Ralmond S.J. Roca, at Reverie I. Vargas.

Bukod pa rito, pinagkalooban din ng pagkilala sina Jayfel L. Balingasa, Christine S. Morit, Belina S. Cano, Caesar James B. Austria, Marites M. Esquejo, Pioquinto O. Fajardo, Luzviminda M. Ramos, Lolita C. Mandig, Marissa R. Razon, Joana Marie M. Duka, Mark John G. Macola, Mary Joy S. Bertos, Maria Milabelle A. Dela Masa, Luvy John A. Flores, Jon Sithli P. Mendoza, Owen B. Ombid, Dianne A. Ramil, at Ernell O. Placido.

Pinarangalan si Gng. Eden F. Samadan, punongguro ng MSHS, bilang isa sa mga tagapagpatupad ng *basic education learning continuity plan*, kasama ang mga kasapi sa produksyon at pamamahagi ng modyul, gayundin ang mga miyembro ng *technical team.*

Kaugnay nito, nagpamalas ng kani-kanilang talento sa kanilang mga natatanging bilang sina Russel M. Indab ng San Isidro National High School, Sheilla Loyola Rabino Fallarcuna ng Fort Bonifacio High School, Severo C. Ancheta ng Tibagan High School, Rommel Padillo Serrano ng Makati High School, Sunshine Quillao ng Pitogo High School, at Leila Feliciano ng University of the Philippines-Diliman, dating mag-aaral ng MSHS.

Kasama rin sa mga kinilala ang mga paaralang may pinakamahusay na pagpapatupad ng Brigada Eskwela at ang mga nagwagi sa Brigada Eskwela Jingle Contest.

Ang KADLUAN
Opisyal na Pahayagan sa Filipino ng Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati
Kalayaan Avenue, Barangay Cembo, Lungsod ng Makati, Pilipinas

**Hayes Daniel Ramos Majadas**
Punong Patnugot
**Rafael Anthony Martinez Melendez**
Pangalawang Patnugot
**Kiefer Anthony Madrid Castillo**
Tagapamahalang Patnugot
**Nikko Christian Tam Cabaddu**
Patnugot sa Balita
**John Michael Arambulo Rayos**
Patnugot sa Isports
**Prins Eunice Bautista Cicat**
Patnugot sa Lathalain
**Robina Sison Bertos**
Patnugot sa Agham at Kalusugan
**Ezechael Bristol Reyes**
Patnugot sa Panitikan
**Jaysinette Santos Verzon**
Pagwawasto at Pag-uulo
**Moreen Ashlei Basinillo Lacsamana**
**Jaa Ann Zoe Laurado Mariano**
**Joelle Grace Laurel Maulit**
**Alexandria Elizabeth Meña**
**Alberto Caintic Torres Jr.**
Paglalapat at Disenyo
**Joana Marie Mencias Duka**
Tagapayo
**Owen Blanco Ombid**
Tagapag-ugnay, Kagawaran ng SHS
**Jayfel Larido Balingasa**
Tagapag-ugnay, Kagawaran ng Filipino
**Eden Fredeluces Samadan**
Principal II

# HADLANG SA KAMALAYAN

***Ganap na binuksan ang taong pampanuruan 2020-2021 sa buong Pilipinas noong ika-5 ng Oktubre 2020, ngunit hindi ito katulad ng nakagawiang pagbubukas ng klase noong mga nagdaang taon. Dulot ng lumalalang estado ng pandemya, kinailangang itigil at agarang palitan ang tradisyonal na face-to-face classes upang maiwasan ang pagtaas ng kaso ng COVID-19 at maingatan ang kalusugan ng mga mamamayan, lalo na ng mga mag-aaral. Dahil sa ipinatupad na mga learning modality ng Department of Education (DepEd) na hindi nakasanayan ng sambayanan, maraming mag-aaral, guro, at magulang ang nahihirapang makasabay sa bagong paraan ng pagkatuto.***

Ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay hindi gaanong napagtutuunan ng pansin kahit noon pa mang normal ang lahat; maraming kabataan ang hindi nakapag-aaral at may kakulangan sa silid at kagamitan ang mga paaralan sa kanayunan; patunay na noon pa man, mayroon nang napag-iiwanan. Paano pa kaya ngayong patuloy na nilulumpo ng pandemyang COVID-19 ang Pilipinas? Ang pag-aaral sa gitna ng krisis ay hindi kailanman magiging madali. Nakasalalay sa katayuan sa buhay ng mag-aaral kung magagawa niyang harapin ang hamon ng bagong edukasyon. Iba't ibang klase ng *learning system* ang ipinatupad ng DepEd kabilang ang *distance learning, blended learning, at television/radio-based instruction*. Subalit para sa mga pamilyang isang kahig, isang tuka, iba't ibang klase lamang ito ng pagpapahirap sa pagpapatuloy ng edukasyvon na sinasabing 'susi' sa kinabukasan ng bayan.

*"No student left behind"* ang katagang mariing binitawan ng DepEd bago pa man magsimula ang klase, ngunit ang mahalagang tanong na marapat masagot ngayong opisyal nang nagtapos ang panuruang taon, napangatawanan ba ang pahayag na ito? Batay sa inilabas na sarbey ng Social Weather Stations (SWS), lumalabas na apat sa kada sampung mag-aaral ang walang *device* para sa *distance learning*. Ang kawalan ng sapat na kagamitan ay isang salik kung bakit marami ang hindi makasabay sa bagong sistema ng pag-aaral. Patunay ang estadistikang ito sa masaklap na katotohanang hindi napanindigan ng DepEd ang winika nitong walang mapag-iiwanan sa edukasyon kahit nasa gitna pa man ng pandemya.

Sa patuloy na pagbagsak ng ekonomiya ng bansa, naapektuhan ang pagtatrabaho ng maraming mamamayan. Sa katunayan, ayon sa pananaliksik ng Rappler, 4.14 milyong Pilipino ang naitalang walang hanapbuhay ngayong may krisis ng COVID-19. Dahil walang trabaho, malaki ang naging epekto nito sa pinansyal na kalagayan ng bawat pamilyang Pilipino. Kaya naman mas pinili ng iba na huwag na munang ipagpatuloy ang pag-aaral. Sinasalamin nito ang mahigit dalawang milyong estudyante na nag-*dropout* ngayong taon. Masakit isiping kinailangang isantabi ang edukasyon dahil sa kawalan ng panustos sa pag-aaral ngayong '*new normal'*. Dagdag pang pasakit ang kawalang kakayahan ng ating bansa para sa ganitong uri ng pagkatuto. Ayon sa artikulo ng The Manila Times, lumabas na ika-83 sa 138 bansa ang Pilipinas pagdating sa pagiging handa ng teknolohiya. Nangangahulugan lamang itong napakalayo at marami pang kailangang kaining bigas ng bansa upang magkaroon ng sapat na kakayahan sa pagpapatuloy ng *distance learning*. Ito rin ang dahilan kung bakit maraming mga guro ang nangangapa sa kung paano magtuturo sa bagong moda ng edukasyon.

Ang edukasyon ang susi upang tayo ay matuto, mamulat sa reyalidad, at magkaroon ng mga kaukulang prinsipyo upang mabuo ang magandang kinabukasan. Edukasyon ang nagsisilbing tanglaw sa tila madilim na hinaharap ng bayan, ito ang magiging susi upang makamtan ng bawat mamamayan ang ganap na kamalayang hindi mahahadlangan. Sa makabagong sistema ng edukasyon, kung saan ang walang salapi ay nahuhuli at ang walang maayos na kagamitan ay napag-iiwanan, paano pa makakamtan ng bawat indibidwal ang inaasam nitong kamalayan?

Ang paghahabol sa pasahan ng mga gawain, hindi mabilang na mga pagsusulit, at mga aktibidad ang ilan lamang sa dahilan kung bakit marami ang patuloy na dumaraing sa gobyerno dahil sa mahirap at nakakapagod na pag-aaral. Naapektuhan hindi lamang ang kanilang pagganap sa paaralan kundi pati na rin ang kalagayan ng kanilang kalusugan. Ito ang mga dahilan kung bakit nahihirapan ang mga estudyante na lubusang magamit ang kanilang potensiyal tungo sa ganap na pagkatuto.

Kung nais na ipagpatuloy ng pamahalaan ang *distance learning,* dapat ay malaman nila ang mga tunay na kinakailangan upang maayos na maisagawa ito. Paigtingin ang pamamahagi ng mga kaukulang *gadget* sa mga mag-aaral, kasabay ang patuloy na pagpapalakas ng *internet connection* sa bawat sulok ng bansa. Bigyan din ng sapat na oras ang mga estudyante upang magawa ang nakaatang na gawain. Sa panahong maisakatuparan ang mga inaasam na solusyon, makapag-aaral na nang maayos ang bawat mag-aaral. Sa hinaharap, kung nanaisin ng pamahalaan at ng kagawaran na magsimula na ang pagbabalik eskwela, marapat na masigurong ligtas itong maidaraos. Mas lalong pagbutihin ang kalagayan ng *health care system* ng bansa at maglatag ng mga programang naglalayong protektahan ang mga mag-aaral sa paaralan. Alinmang desisyon ang gawin ng pamahalaan, dapat ay isaisip na kaligatasan, kapakanan, at karapatan ng mga mag-aaral at guro ang dapat isaalang-alang. Kung pag-iibayuhin ang angkop na pamamahala sa sistemang pang-edukasyon ng bansa, matatamo ang walang patid na kaunlaran at hindi magtatagal ay masisigurong wala nang makahahadlang sa ganap na kamalayan ng bayan ni Juan.




DASIG



*Kung tutuusin, mukhang ito lang naman talaga ang tanging magagawa ng isang pinuno na walang tunay na plano para sa bayan— ang isisi sa iba ang kaniyang mga pagkukulang at bumuo ng gawa-gawang kaaway upang itago ang sariling kapalpakan sa trabahong ginagampanan.*

Hayes Daniel Ramos Majadas

## Kapag Kritiko, Delikado

***Habang nagdurusa ang bansa sa gitna ng pinakamalubhang krisis pampulitika, nananaig ang red-tagging bilang primaryang opensiba ng mga ahente ng estado laban sa mga kritiko nito. Isa itong mapanlinlang na gawain at harap-harapan nitong niyuyurakan ang ating karapatang pantao. Walang pinipiling edad, katayuan sa lipunan, at kasarian ang pangre-red-tag. Walang sinisino; mapa-estudyante, health worker, aktibista, o midya, maaaring makaranas nito. Sa mata nila— kapag kritiko, delikado.***

Ayon sa Korte Suprema, mailalarawan ang *red-tagging* bilang "Ang pagkilos ng pag-label, pagba-brand, pagbibigay ng pangalan, at pag-aakusa sa mga indibidwal at/o mga organisasyon ng pagiging makakaliwa, subersibo, komunista, o terorista (ginamit bilang) isang estratehiya ng mga ahente ng estado, partikular na ang mga ahensiyang nagpapatupad ng batas at ang militar, laban sa mga na itinuturing na 'banta' o 'mga kaaway ng estado'."

Bukod sa wala itong pinanghahawakang ebidensya, kahit sino ay maaaring makaranas ng mga sumusunod: *warrantless* na pag-aresto, *torture, harassment,* at ang pinakamabigat: maisali sa tumataas na bilang ng estadistika ng *extra judicial killings* o EJK sa bansa. Tulad na lamang nina Sasah Sta. Rosa na isang estudyanteng aktibista, Chad Booc na isang guro para sa mga Lumad, Randall Echanis na isang *peace consultant*, at maraming pang ibang abanteng indibidwal na nakaranas ng karahasan na dulot ng *red-tagging*.

Maging ang mga paaralan ay hindi makaliligtas sa mga paratang ng estado. Noong Enero 2021 lamang ay nagsalita si Lieutenant General Antonio Parlade Jr. ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) hinggil sa mga institusyong umano ay kanlungan ng *recruitment* para sa New People's Army (NPA). Kabilang dito ang Unibersidad ng Pilipinas, Ateneo De Manila University, De La Salle University, Far Eastern University, University of Makati, Makati Science High School at iba pang mga paaralan. Walang matibay na batayan si Parlade nang banggitin niya ang mga nasabing paaralan sa isang *live interview* sa GMA News SuperRadyo dzBB. Tila walang kamalayan na sa ginawa niyang *red-tagging* ay nalagay sa panganib ang buhay ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang ito.

Hindi na bago ang taktikang ito, sa katunayan ay mayroon nang mga kaso ng *red-tagging* na lumitaw mula sa mga nakalipas na administrasyon. Gayunpaman, hindi maitatanggi na lumala ang antas nito, sa punto na halos araw-araw ay mababalitaan ang mga ganitong kaso sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon. Mistulang palaro ang ganap ng namumuno ngayon— gaya ng nanay-tatay, "lahat ng gusto ko ay susundin mo, at ang magkamali ay pipingutin ko."

Ang *red-tagging* ay isa sa mga *trademark* na estilo na ipinapamalas ng mapang-abusong administrasyon. Kung tutuusin, mukhang ito lang naman talaga ang tanging magagawa ng isang pinuno na walang tunay na plano para sa bayan— ang isisi sa iba ang kaniyang mga pagkukulang at bumuo ng gawa-gawang kaaway upang itago ang sariling kapalpakan sa trabahong ginagampanan.

Mula noong 2019 magpahanggang ngayon ay ilang beses nang nagbababala ang United Nations (UN) sa administrasyon dahil sa dami ng mga masalimuot na pangyayaring naging bunga ng *red-tagging*. Nang dahil sa *red-tagging,* mistulang nawala ang kredibilidad ng mga nangangampanya para sa pagbabago. Napasasama tuloy ang pag-asam ng iba't ibang sektor ng lipunan para sa mga progresibong polisiya dahil sa pagtuturing sa kanila na mga kaaway ng estado. Ang mga mag-aaral, guro, *frontliners*, at kahit mga *volunteers* ay nalalagay sa peligro nang dahil sa *red-tagging*.

Bilang kabataang mulat, nararapat lamang na maging tagapagpataguyod ng katotohanan at itama ang mali. Marapat lamang na kondenahin natin ang ganitong kultura sa lahat ng antas ng ating lipunan. Mula sa mga tahanan, paaralan, tungo sa gobyerno ay maging instrumento tayo ng pagpapaliwanag at pagtunggali sa mga maling impormasyon upang tuluyang wakasan ang nakagawiang panlilinlang. Isa lamang ito sa mga munting hakbang upang mapangalagaan at maisulong ang demokrasya sa ating bansa. Magkaisa tayo upang pangalagaan ang karapatan ng bawat mamamayan at masiguro na sa lahat ng pagkakataon, hindi delikado maging kritiko.

# EDITORYAL

Hayes Daniel Ramos Majadas
Patnugot

## Agawan ng Alon

> "Maaaring mas mababa nga tayo sa larangan ng puwersa, ngunit mayroon tayong mga dekrito at ang batas ay pumapanig sa atin."

SAKWIL



Carissa Danielle Acuyong Breis

***Nag-ulat noong Marso 20 ang National Task Force ng pamahalaan ng Pilipinas na higit sa 200 mga barkong pangisda ng Tsina ang nagtipon sa paligid ng Julian Felipe Reef, kasama ang hinihinalang mga miyembro ng kanilang maritime militia, at mukhang hindi isda o masisilungan mula sa masamang panahon ang tunay nilang pakay.***

Masyado nang naging mapagbigay ang Pilipinas sa Tsina kaugnay ng isyu ng teritoryo sa West Philippine Sea (WPS). Hindi nararapat hayaan ng pamahalaan ang ginagawang pang-aagaw at pananakop ng Tsina sa mga teritoryo ng Pilipinas. Panahon na para ang mga mamamayang Pilipino ay magkaisa, kasabay ng paglaban ng pamahalaan, upang paninindigan ang pagmamay-ari sa West Philippine Sea.

Ang mga isda sa exclusive economic zone (EEZ), sa ilalim ng Saligang Batas, ay eksklusibo para lamang sa mga mamamayang Pilipino, ngunit ani Carpio, "Sinabi ng Pangulo na mayroon siyang kasunduan kasama si Pangulong Xi Jinping ng Tsina. Maaari silang mangisda sa West Philippine Sea." Ang pagkakaroon ng mga *Chinese vessel* sa Scarborough Shoal at sa kung saan-saan pa sa loob ng EEZ ng bansa ay naging sanhi ng pagkawala ng halos 60% ng regular na huli ng mga lokal na mangingisda. Sa nagdaang tatlong buwan, maraming mga mangingisda sa San Antonio, Zambales ang nagsabing hindi na sila nakapangingisda sa karagatang malapit sa kanilang lugar sapagkat nabulabog na ang mga isda dahil sa malaking bilang ng mga *Chinese vessel* na nakaangkla sa lugar ng kanilang pinangingisdaan.

"Ang West Philippine Sea ay nagpo-produce ng mahigit 300,000 metrikong tonelada ng mga isda na kailangan ng bansa," ani BFAR Director Eduardo Gongona, kaya naman siguro tinatangkang agawin ng Tsina ang WPS bagaman bahagi ito ng EEZ ng Pilipinas at mayroong karapatan ang mga Pilipino na mangisda, kaya pinapayuhan niya ang mga mangingisda na pumalaot pa rin doon. Subalit, isang malaking suliranin para sa mangingisda ang kawalan ng proteksyon mula sa gobyerno laban sa pang-aabuso ng mga Tsino. Wala silang ibang nagagawa kung hindi ang umuwi nang walang huli, huwag lamang masaktan.

Maaalalang ipinangako ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa ginanap na Presidential Debate noong siya ay kumakandito pa lamang para sa Halalan 2016 na ipaglalaban niya ang karapatan ng Pilipino sa mga teritoryong pandagat nito. "I will ask the navy to bring me to the nearest boundary diyan sa Spratly—Scarborough. Bababa ako, sasakay ako ng jet ski, dala-dala ko yung flag ng Pilipino at pupunta ako doon sa airport nila tapos itanim ko, then I would say, 'This is ours and do what you want with me'," pahayag ng Pangulo. Nasaan ang ipinapangakong ipaglalaban daw ang WPS? Paglilinaw ng Pangulo, ang pangakong ibinulalas niya hinggil sa '*flag planting mission*' sa Tsina ay biro lamang. Noong panahon ng kampanya na ang bawat plataporma ng inilalatag ng mga kumakandidato ay pinanghahawakan ni Juan, bakit gagawing biro ang isang pangakong inaasahan ng mga Pilipino na matutupad? Bakit ngayon lang sasabihing biro lamang pala ang itinuring ng marami na pangako? Tila nagiging panakip-butas na lamang tuloy ang dahilang ito ng Pangulo sa animo'y pagiging paralitiko ng pamahalaan sa sarili nitong teritoryo.

Malinaw naman na sa kabila ng hindi umano ay pagkilala at pakikipagkaibigan ng Tsina sa atin, ay walang habas nilang pinagsasawalang-bahala ang Pilipinas. Minsan ay sinabi ng Pangulo na hindi niya raw hahayaan na ang bagay na ito ay pagmulan ng hindi pagkakaunawaan ng Pilipinas at Tsina. "I'm stating it for the record, we do not want war with China. China is a good friend. Mayroon tayong utang na loob na marami, pati iyong bakuna natin," aniya sa isang *pre-recorded speech*. Kung ganito ang katuwiran ng pinakamataas na pinuno ng ating bansa, tila mas napapatotohanang walang aasahan ang mga mangingisdang Pilipino sa sarili nitong teritoryo. Ang agawan sa yamang-tubig ay napakasalimuot, hindi lamang para sa mga lokal na mangingisda kundi pati na rin sa lahat ng Pilipino.

Matuto tayong tanggihan ang Tsina at magpahayag ng babala sa kanila upang muling itaguyod ang karangalan ng Pilipinas. Nararapat na paigtingin ng pamahalaan ang proteksyon sa mga teritoryo nito sapagkat ang Tsina ay tila hindi nagpapaawat; sasakupin kahit hindi nasasakupan, aangkinin kahit hindi pagmamay-ari. Ipaglaban natin ang sa atin dahil mayroon tayong pinaninindigan at sinusundang batas, kahit na sabihin pang may malalaking barko o mga sandata ang kalaban. Maaaring mas mababa nga tayo sa larangan ng puwersa, ngunit mayroon tayong mga dekrito at ang batas ay pumapanig sa atin. Kung hahayaan lamang ang sitwasyong ito ay baka sa mga darating na araw ay may nakatayo na namang istruktura sa WPS at naisahan na naman ang kawawang Pilipinas na nagsasabing 'kaibigan' kuno ang Tsina. Dapat patuloy na manindigan ang pamahalaan ng Pilipinas sa mga karapatan nito sa WPS upang matuldukan na ang matagal ng usapin sa agawan ng alon.

---

KAHIDLAW



Kiefer Anthony Madrid Castillo

> "Ang mga atakeng ito ay marahil nagiging isang panawagan ng pananakot—na kung saan ang pagtuligsa sa pamamalakad ng pamahalaan ay tila nagiging isang krimen na maaring buhay ang kabayaran."

## Tinig na Hindi Mapaparam

***Hindi na lingid sa kaalaman ng marami ang kahalagahan ng pamamahayag sa araw-araw na pamumuhay. Bilang tagapaghatid ng impormasyon, may mahalagang papel na ginagampanan ang mga mamamahayag na panatilihing mulat ang taumbayan sa mga kaganapan sa lipunan—isyu sa kalikasan, kalayaan, o kaya naman ay sa kalusugan.***

Ngayon, higit na may pangangailangan sa pamamahayag—sa panahon na ang buong mundo ay nagdurusa, nakagapos, at naghihingalong lumaban sa kalabang hindi nakikita, ang pandemyang COVID-19. Sa kabila nito, habang patuloy na kinahaharap ng bansa ang lumalalang krisis, walang tigil na pinipiringan, niyuyurakan, at sinisikil ang kalayaan sa pamamahayag. Tila isang kabalintunaan ang salitang Press Freedom sa bayan ni Juan. Lumalamlam ang kalayaan sa pagbabalita at nalalabag ang kredo at etika sa pamamahayag. Gayunpaman, hindi ito kinikilala sa bansang minamanmanan, tinatarget, at pinatitikom ang midya—maliit man o ultimo malaking *media outlet,* hindi makalalagpas sa gobyernong marahas.

Mahigit isang taon na ang lumipas mula noong ipasara ang Alto Broadcasting System and Chronicle Broadcasting Network o mas kilala bilang ABS-CBN. Isa lamang ito sa maraming mga halimbawa sa lumalalang pagdurusa na nararanasan ng kalayaan sa pamamahayag. Bago pa man ang mahabang laban ng ABS-CBN sa prangkisang mailap, kaliwa't kanang mga atake na ang nararanasan ng mga mamamahayag. Noong Agosto 2019, binaril ang *correspondent* ng Northern Dispatch na si Brandon Lee sa harap ng kanyang bahay sa Ifugao. Nariyan ang pag-aresto sa *editor* ng Manila Today na si Lady Ann Salem noong Human Rights Day 2020 sa bisa ng umano'y itinanim na ebidensya. Sa loob ng halos dalawang taon, nakatanggap ang CEO ng Rappler na si Maria Ressa ng sampung *arrest warrants*. Ang mga atakeng ito ay marahil nagiging isang panawagan ng pananakot—na kung saan ang pagtuligsa sa pamamalakad ng pamahalaan ay tila nagiging isang krimen na maaring buhay ang kabayaran.

Ayon sa Reporters Without Borders' (RSF) World Press Freedom Index ngayong taon, bumaba ng dalawang puwesto ang Pilipinas, ngayon ay nasa ika-138 puwesto na sa 180 mga bansa. Iniugnay ng RSF ang pagbaba ng puwesto ng Pilipinas sa mga kadahilanang pagpapasara ng ABS-CBN noong nakaraang taon, mga isinampang kaso sa Rappler, ang *online* na panghaharas ng mga *'troll armies'* na pinaniniwalaan na galing sa administrasyong Duterte, ang lantarang pag-atake sa mga alternatibong *media website*, at ang *red-tagging* sa mga mamamahayag. Dahil sa mga pangyayaring ito, hindi rin maitatanggi ang desisyon ng RSF na isama si Duterte sa talaan ng 37 pinuno sa mundo na binansagang '*press freedom predator*', mga pinunong maninila sa kalayaan ng pamamahayag. Hindi pa natatapos diyan ang mga akusasyon sa pamahalaan pagdating sa panunupil ng kalayaan sa pamamahayag. Taong 2019 naman nang hirangin ng Committee to Protect Journalists (CPJ) ang Pilipinas bilang ikalima sa 13 pinakadelikadong bansa para sa mga alagad ng midya. Sa kabilang banda, ang taumbayan na mismo ang nagsabi na delikado ang pagiging mamamahayag sa bansa. Batay sa isang sarbey ng Social Weather Stations noong Hulyo 2020, 65 porsyentong mga Pilipino ang nagsabing delikado ang pagpapahayag ng anumang kritikal sa gobyerno, kahit na ito pa ay katotohanan. Ayon naman sa ulat ng Inquirer noong Oktubre 29, 2019, naitala ang mahigit 200 na kaso ng brutal na pagpatay sa mga mamamahayag at karamihan sa mga kasong ito ay hindi pa nareresolba. Hindi maikukubli na buong mundo ang nakamasid sa Pilipinas pagdating sa usaping *press freedom*. Habang lugmok ang bayan ni Juan, siyang sigasig ng pamahalaan sa pagkitil ng kalayaan sa pamamahayag.

Ngayong nasa gitna tayo ng laban sa pagsugpo ng pandemya, mayroong mas malaking obligasyon ang mga mamamahayag na ipalaganap ang tunay na sitwasyon ng bansa. Karapatan ng bawat Pilipino na malaman ang mga hakbang ng pamahalaan sa krisis na kinakaharap ng bansa, estado ng bakuna, paglaganap ng bagong *strain* ng COVID-19, mga bagong restriksyon at polisiya ng *community quarantine,* at ang kalagayan ng bawat Pilipino habang patuloy na lumalaban sa hamon ng pasakit na pandemya. Magagawa ang mga ito kung may kalayaan ang mga mamahayag na magsiyasat, maglahad, at maglathala ng balita. Malaki ang banta sa kalayaan ng pamamahayag; ramdam ang *chilling effect* o ang nakapangingilabot na epekto ng *red-tagging* sa mga mamamahayag, ang panggigipit sa *press freedom*, at ang pagpapasara sa ABS-CBN. Tila isang malaking kabalintunaan na ang isang gobyernong demokratiko, na may tungkuling protektahan ang kalayaan sa pamamamahayag, ang siya mismong pilit na yumuyurak, nagpapatikom, at sumisikil sa boses ni Juan.

Ang Press Freedom ay ang dugong nananalaytay sa buhay na demokrasya. Nararapat lamang, bilang mamamayan ng isang demokratikong bansa, na protektahan natin ito. Ang Freedom of the Press ang ating plataporma upang ipahayag ang mga ideya at isyu sa mga taong nakaluklok sa posisyon. Huwag nating hintayin na mawalan tayo ng boses bago pa tayo magsalita. Singilin ang dapat managot sa pagkitil at paulit-ulit na pang-aabuso sa karapatan ng mga mamamahayag. Sa pamahalaang bingi sa tinig ng masa, bigyang-hustisya ang pagkamatay ng mga mamamahayag na walang awang pinaslang dahil sa patuloy na pagtupad sa kanilang tungkulin na magsilbi sa *public good* at kalingain ang *public trust.* Marapat lamang na ibalik ang dangal na minsang pinagkait sa bayan. Patuloy man ang panggigipit, kailanman ay hindi mapaparam ang tinig ng minimithing malayang pamamahayag.

---

## MAYROON BANG KINAHAHARAP NA KRISIS PANG-EDUKASYON ANG PILIPINAS?


Nagsagawa ng sarbey ang **Ang Kadluan** sa 30 mag-aaral ng Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati upang malaman kung mayroon bang kinahaharap na krisis pang-edukasyon ang bansa.

### Panig ng Mayroon

*Sa aking palagay, nagkakaroon ngayon ng krisis ang sektor ng edukasyon dahil sa pandemya. Ang 'online learning' na isinasagawa ngayon ay hindi sapat bilang kapalit na pamamaraan sa dating paraan ng pag-aaral. Hindi natututo ang mga estudyante sa mga praktikal na kasanayan at nakukulangan sila sa oras na maintindihan nang mabuti ang mga aralin sa mga klase dahil iisang oras lamang ang nilalaan para sa diskusyon ng bawat asignatura sa isang linggo. Ang mga ibang guro naman ay nahihirapan rin turuan ang kanilang mga estudyante sa ganitong paraan.*

**Yamila Jacome**
**9-Roentgen**

**5** sa **6** na mag-aaral ang naniniwalang may kinahaharap na krisis ang sektor ng edukasyon sa Pilipinas ngayong panahon ng





### Panig ng Wala

*Maayos ang sistema ng ating edukasyon ngayon at nararapat para sa hinaharap natin na pandemya. Ang sistema ng edukasyon ngayon ay pinapahalagahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata mula sa COVID-19. Isang halimbawa nito ay ang pagtupad sa online learning para sa lahat ng estyudante.*

**Bullet Lim Santiago**
**7-Aristotle**

HIRAYA



> Animo'y nagsusugal ang pamahalaan kung ituring ang kalagayan ng kalusugan ng bayan. Ipinupusta ang kapakanan ng mamamayan nang hindi sinusuri ang agham sa likod ng kanilang mga ipinapanukala.

Lorraine Antonette Andres Bonifacio

# Urong-sulong

***Hindi maikakaila kung kamakailang kidlat sa bilis ng pamahalaan kung pagsalangsangin ang mga "kumpirmadong" anunsyo nila. Pabago-bago at malabo ang desisyong inilabas ng pamahalaan hinggil sa mandatory policy sa pagsusuot ng face shield. Magkaiba ang anunsyo ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa tuwing humaharap siya sa taumbayan at ang anunsyo ng kaniyang gabinete.***

Nagsimula ang urong-sulong na paglalatag ng polisiya noong ika-17 ng Hunyo 2021 nang maglabas ng pahayag sa sarili niyang Twitter *account* si Senate President Vicente Sotto III na dapat ay sa mga ospital na lamang mandatoryong isinusuot ang *face shield*, batay sa sinabi ng Pangulo sa mga mambabatas. Iginiit naman ni Presidential Spokesperson Harry Roque na ito ay isang '*presidential policy*' na kung saan ang Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF) lamang ang maaaring umapela rito.

Inanunsyong susundin ang pasya ng Pangulo noong ika-21 ng Hunyo nang talakayin ito sa isang pulong kasama ang IATF. Ngunit makalipas ang pitong oras, binawi rin ito at sinabing patuloy na iiral ang *mandatory policy* sa pagsusuot ng *face shield*. Kasabay ng nagbabagang diskusyon ng mismong mga opisyales ng pamahalaan tungkol sa kung ano ang dapat ipatupad ay ang patuloy na pag-akyat ng bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa kabila ng matinding implementasyon ng *health protocols*.

Bunga ng kaliwa't kanang kontradiksyon ay ang pagpuna ng naguguluhang taumbayan sa urong-sulong na polisiyang ito na nagiging sagabal na sa masa. Dahil sa dulot nitong kalituhan, pasakit, at dagdag gastusin, malaking bilang ng mga Pilipino ang nagnanais na hindi na ito gawing mandatoryo. Sa halip na ipangtustos na lamang ng mga hikahos ang kakarampot nilang salapi para sa pagkain upang may mapagsaluhan, dumagdag pa ang face shield sa talaan ng kanilang mga pangunahing pangangailangan.

Ipinabatid ni Anakalusugan Partylist *representative*, Mike Defensor sa isang pagdinig sa House Committee on Good Government noong Hunyo 9, 2021 na ang Pilipinas na lamang ang natatanging bansa sa buong mundo na nagpapatupad ng pagsusuot ng *face shield* sa mga pampublikong lugar. Walang rekomendasyon mula sa World Health Organization (WHO) at US Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na gawing polisiya ang pagsusuot ng *face shield*. Ayon sa WHO at CDC ito ay hindi kasing epektibo ng ibang nirerekomendang mga protokol bilang proteksyon mula sa mga nakahahawang *respiratory droplet*. Mananatiling pangunahing rekomendasyon ng mga eksperto ang pagsusuot ng *face mask*, regular na paghuhugas ng kamay, pagsunod sa *social distancing*, at hangga't maaari ay pananatili sa loob ng bahay bilang proteksyon sa sarili laban sa COVID-19. Salungat ito sa pasya ng Department of Health (DOH) na iginiigiit ang protokol sa bayan at sinasabing nagbibigay ito ng dagdag na *layer* ng proteksyon laban sa COVID-19. Animo'y nagsusugal ang pamahalaan kung ituring ang kalagayan ng kalusugan ng bayan. Ipinupusta ang kapakanan ng mamamayan nang hindi sinusuri ang agham sa likod ng kanilang mga ipinapanukala. Ang patakaran ay hindi nararapat isakatuparan kung wala namang nakikitang klarong benepisyo kontra sa pagkalat ng COVID-19. Ang patuloy na pagpapatupad ng polisiyang ito na wala namang malinaw na dahilan ay tila mas nagbibigay-diin at maaaring nagpapatotoo tuloy sa iniisip ng iba na may kung sinong tumataba ang bulsa, kumikita, at nakikinabang sa produksyon ng *face shield*—anomalya sa likod ng polisiya.

Ang pagpapatupad ng pagsusuot ng *face shield* ay isang '*band-aid solution*' lamang. Hindi natutugunan ng polisiyang ito ang dapat na layunin ng pamahalaang makamit ang *herd immunity* o ang ganap na kagalingan ng bayan. Walang matibay na patunay na ang pagsusuot ng *face shield* ay nakapagpapababa ng bilang ng kaso ng nahahawahan ng COVID-19. Bukod sa nagdudulot pa ito ng kalituhan sa sambayanang Pilipino, ang panukalang ito ay nagiging dagdag-pasakit pa sa mga kapos-palad na siyang unang umiinda ng hagupit ng pandemya sa ekonomiya ng bansa.

Mainam na rebisahin ng pamahalaan ang kanilang desisyon at ang agham sa likod nito. Dapat nilang pagbatayan ang mga isinagawa nang pag-aaral na pinatutunayang hindi ganoon kaepektibo at hindi inirerekomenda ang pagsusuot ng *face shield* bilang pananggalang sa COVID-19. Sa halip na igiit ang urong-sulong na polisiya ng pagsusuot ng *face shield*, dapat ay mas pagtuunan ng pansin ng pamahalaan ang layuning makamit ang *herd immunity* sa pamamagitan ng mas malawak na *mass testing* at mas mabilis na aksyon sa *vaccination*. Panahon na upang mapagtanto ng pamahalaan na marahil ang dahilan sa patuloy na pagkakalumpo ng bansa sa kamay ng pandemyang COVID-19 ay ang pagpapatupad ng mga polisiyang urong-sulong.

# Balatkayong Pangako

> Dapat nang baliin ang tono ng pagpapasakit sa mga empleyado, at kapain nang maigi ang tiklado upang makabuo ng bagong himno ng mga manggagawang Pilipino.

SINAG



Rafael Anthony Martinez Melendez

***Maugong na usap-usapan sa social media noong unang linggo ng Hunyo 2021 ang isyu ng 'fried towel' nang ibahagi ni Alique Perez ang kaniyang pagkadismaya dahil sa halip na manok ay fried towel ang kaniyang natanggap nang siya ay magpa-deliver sa Jollibee Bonifacio Stopover branch. Umani ito ng sari-saring reaksyon at sentimiyento mula sa mga netizens. Ang insidenteng ito na kinasasangkutan ng nasabing fast food restaurant ang kasalukuyang tumitimbang, humahamon, at nagpapatunay kung totoo nga ba talaga ang pangakong "bida ang saya" sa Jollibee.***

Sa unang tingin, madaling sabihing kasalanan ito ng empleyado ng Jollibee at dapat siyang suspendehin, o ang mas malala ay sisantehin, upang maiwasang maulit ang mga katulad na pangyayari. Subalit kung titingnan ang isyu ng *fried towel* sa mas malawak at mas malinaw na lente, ang sitwasyong ito ay hindi lamang tungkol sa kapabayaan ng empleyado sa kaniyang trabaho, bagkus ay nauugat sa kawalan ng kalinga ng Jollibee sa mga manggagawa nito at sa hindi sistematikong kalakaran sa loob ng korporasyon.

Batay sa mga datos, nangunguna ang Jollibee sa listahan ng 20 kompanyang inilabas ng Department of Labor and Employment (DOLE) noong 2018 na may pinakamalaking bilang ng *contractual employees* sa Pilipinas. Ayon sa DOLE, tinatayang 14,960 sa mga manggagawa ng Jollibee ang hindi *regular workers*. Isa lamang ang korporasyong ito sa 3,377 iba pang kompanyang nagpapatupad ng hindi makatarungang *labor-only contracting*. Ang kontraktwalisasyon ay hindi na bagong usapin sa Pilipinas. Ito ay isang isyung panlipunang malaon nang hinahanapan ng solusyon upang makitil ngunit patuloy pa ring nabubuhay at umiiral sa maraming industriya sa bansa. Bagaman tila isa nang lumang tugtugin ang kontraktwalisasyon, hindi dapat masanay ang tainga ng taumbayan sa gasgas na mga nota nito. Dapat nang baliin ang tono ng pagpapasakit sa mga empleyado, at kapain nang maigi ang tiklado upang makabuo ng bagong himno ng mga manggagawang Pilipino.

Isa sa mga karaniwang anyo ng kontraktwalisasyon sa Pilipinas ay ang tinatawag na *'endo'* o *end of contract*, isang porma ng *short-term employment practice* sa bansa kung saan ang mga manggagawa ay binibigyan ng kontraktwal na hanapbuhay na hindi aabot sa anim na buwan. Sa puntong umabot sa anim na buwan ang pagtatrabaho ng empleyado, ayon sa nakasaad sa Article 281 ng Labor Code of the Philippines, ang manggagawang ito ay magiging regular at makatatanggap ng mga benepisyong itinakda ng batas sapagkat siya ay pinahintulutang makapaghanapbuhay nang lagpas sa *probationary period*. Ang *endo* ay isang hindi nakakubling lihim na taktika ng mga kompanya upang takbuhan ang mga benepisyong sana ay tinatamasa ng mga regular na manggagawa. Sa katunayan, ang *endo* ay tinututulan ng maraming *labor groups* dahil bagaman matagal nang itinuturing na legal at tila nakasanayan na ang kontraktwalisasyon sa kasaysayan ng paggawa, ang mga panibagong pagsusuri sa Philippine Labor Laws ay mariing nagsasabing ito ay ilegal at labag sa batas. Sa kabila nito, patuloy pa ring nagiging bangungot ang *endo* sa mga manggagawang Pilipino. Matapos ng anim na buwang usapan ay muling masisilayang nagbibilang ng poste si Juan habang nag-aabang ng isa na namang kontraktwal na hanapbuhay.

Ang kontraktwalisasyon na kinasasangkutan ng Jollibee at ng iba pang korporasyon sa bansa ay isa lamang sa mahabang talaan ng masasalimuot na kondisyong nagpapahirap sa mga manggagawang Pilipino. Sa katunayan, bukod sa usapin ng *labor-only contracting*, kinaharap din ng Jollibee noong 2018 ang samot-saring hinaing ng mga empleyado hinggil sa *alleged illegal exactions* na isinasagawa ng kompanya. Ang hindi makatarungang *exactions* ay ikinakaltas sa sahod ng mga manggagawa bilang kabayaran sa mga *company-initiated self-help schemes* ng Jollibee gaya ng Kaagapay, *Christmas Party* Paluwagan, *Employee Savings fund*, Tulong Pangkabuhayan, at iba pa. Ayon sa DOLE, ang ginawang *exactions* ng Jollibee sa sahod ng mga empleyado nito ay *unauthorized* at lumalabag sa probisyon ng Labor Code. Bunsod nito, naglabas ng kautusan ang DOLE na nararapat ibalik ng korporasyon ang ikinaltas nito sa sahod ng mga manggagawa na umabot sa P15.4 milyon para sa Jollibee at P4.1 milyon para sa mga *service contractors* nito. Kaawa-awang sitwasyon para sa pangkaraniwang manggagawang Pilipino; kontraktwal at wala na ngang natatanggap na benipisyo sa trabaho, nababawasan pa ang kakarampot na sahod.

Ang hindi makatarungang kalakaran at kawalan ng kalinga, hindi lamang ng Jollibee bagkus ng lahat ng mga pahirap na korporasyon sa bansa ang dahilan kung bakit tila araw-araw na tinitiis ni Juan ang bangungot ng paghahanapbuhay, kumita lamang ng kaunti upang matustusan ang pangangailangan. Masalimuot lamang isiping ang usapin ng *fried towel* na dapat sana ay magbukas ng diskusyon tungo sa paglinang ng korporasyon sa pagseserbisyo nito, sa manggagawa man o sa publiko, ay sinuri lamang ng mga Pilipino sa panlabas nitong konteksto, at hindi nilaliman ang paggalugad sa isyu. Bagaman may hirap na dinaranas ang mga manggagawa ng Jollibee, kailanman ay hindi ito magiging sapat na dahilan upang pangatwiranan ang isang pagkakamali, subalit ang kabulukan ng sistema sa isang kompanya ay malaking salik na nakaaapekto sa pagganap ng mga manggagawa sa tungkulin nito.

Mahaba-haba na ang inilakad ng mga panawagan at malayo-layo na rin ang narating ng tinig ng mga manggagawa ngunit kailanman ay tila hindi pa natutunton ang destinasyon nito— ang pagbabago. Panahon na upang tunay nang dinggin ng pamahalaan ang isinusulong ng mga manggagawang Pilipino. Pagbayarin alinsunod sa isinasaad ng konstitusyon ang sinumang kompanyang lumalabag sa karapatan ng mga empleyado upang maramdaman nila ang talas ng ngipin ng batas. Marapat lamang na kilalanin ng Jollibee at ng iba pang korporasyon ang kahalagahan ng lakas-paggawa ng bansa sa pamamagitan ng pagpapatupad ng kung ano ang tama at pagkakaloob ng sapat na benepisyo para sa lahat. Kalampagin ng sambayanan ang tanggapan ng pamahalaan at ng mga mapang-abusong korporasyon sapagkat walang makadaraig sa sama-samang nating tinig. Dapat ding laliman ng bawat Pilipino ang pag-unawa sa mga isyung may kaugnayan sa kalagayan ng mga empleyado. Ang isyu ng *fried towel* ay hindi lamang dapat uminog sa kung sino ang manggagawang responsable rito, bagkus ay dapat pang lawakan ang paghimay sa argumento. Kung ang 'saya' na tinutukoy ng Jollibee ay nangangahulugan sa masaklap na kalagayang dinaranas ng mga manggagawa, mas mabuti na lamang na huwag itong ibida. Ang *social media post* ni Perez at ang mga datos tungkol sa pasakit na sistema ng Jollibee na nagpapabigat sa pinapasang krus ng mga manggagawa nito ang nagpapatotoong ang kanilang katagang "bida ang saya" ay isang balatkayong pangako.

TUDLA



> Ang kaban ng bayan ay nararapat lamang na ilaan para sa ikabubuti ng taumbayan, at hindi lustayin sa mga bagay na wala namang katuturan.

Klarize Faye Eay Chan

# Aanuring Yaman

***Umalingawngaw sa kalagitnaan ng pandemya noong Agosto 2020 ang balita tungkol sa Dolomite Beach na naging proyekto ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) upang pagandahin ang Manila Bay sa pamamagitan ng paglalagay ng dolomite sand sa baybayin nito. Subalit, ang proyektong ito ay inulan ng kaliwa't kanang opinyon at sentimiyento mula sa taumbayan; may panig ng sumusuporta at mayroon din namang umaalma.***

Nagmitsa ito ng debate kung dapat nga bang isakatuparan ang proyektong ito na may kaduda-dudang pondo habang naghihirap ang maraming Pilipino sa patuloy na paghagupit ng pandemyang COVID-19 sa bansa.

Ang paglalagay ng *dolomite* sa Manila Bay ay hindi dapat ginawang prayoridad ng pamahalaan sapagkat ang P389 na milyong ginasta para sa proyekto ay malaki sana ang naitulong kung inilaan na lamang sa mga mamamayan. Habang pahirap ang *online class* sa mga mag-aaral, patuloy ang pagtaas ng *unemployment rate* sa bansa, at may kakapusan sa suplay ng bakuna, ang paggasta ng kaban ng bayan sa *dolomite beach* na wala namang kabuluhan ang inuuna ng pamahalaan.

Ayon sa Department of Labor and Employment (DOLE), ang pandemya ang naging sanhi ng pagkawala ng trabaho ng limang milyong Pilipino. Ang salaping inilaan sa *dolomite beach* ay maaari na sanang mapakain ng 80,000 pamilya ngayong pandemya ayon kay Vice President Leni Robredo. Kasabay nito, nagpahayag din ng komento si Department of Education (DepEd) Secretary Leonor Briones ukol sa kapansin-pansing badyet ng proyekto. Aniya, malaking tulong sana ang pondong ito upang makapagbigay ng *gadget, computer*, at *radio* sa bawat mag-aaral ngayong *blended learning*. Marami sanang mga mag-aaral at gurong pinilay ng kahirapan ang matutulungan nitong makalakad muli.

Hindi lamang sa sektor ng edukasyon maaaring makatulong ang pondo na ito bagkus ay maaari in itong magamit bilang tugon sa pandemya. Ayon kay ABS-CBN *anchor*, Aaron Joshua Atayde, sa halagang P389 na milyon, tinatayang 637,704 *full doses* na ng AstraZeneca ang mabibili at maibabahagi sa taumbayan. Bukod pa rito, kung inilaan ang pondo sa sektor ng kalusugan, malaking bilang ng doktor at nars ang mabibigyan ng mas mataas na pasahod at benepisyo. Mapakikinabangan din ang pondo kung gagamitin sa pagtatayo ng karagdagang pasilidad upang maiwasan ang mga nagsisiksikang pasyente sa mga ospital.

Maliban sa engrandeng badyet ng proyektong ito, nilabag din ng DENR ang kautusang pang-administratibo na inilabas ng Pamahalaan ng Cebu noong Setyembre 8, 2020, upang ipahinto ang pagmimina ng mga bato na *dolomite* sapagkat itinuturing nang isang *'environmentally critical'* ang lugar na pinagmiminahan. Kung ang pagpapaganda ng isang lugar ay magbubunga ng pagkasira at pagsasawalang-bahala sa kondisyon ng isa, tila wala namang naidudulot na pagbabago ang proyektong ito.

Mabilis na ipinagtanggol ni Presidential Spokesperson Harry Roque ang *dolomite beach*, at binigyang-diin na pinondohan ang *beach* na ito upang makatulong na mapagaan ang pagkabalisa at pag-aalala ng mga tao, at mapahusay ang kanilang *mental health*. Subalit kung tutuusin, hindi naman isang hindi pinag-isipang proyekto tulad ng *dolomite beach* ang magpapabuti sa kalusugang mental ng mga Pilipino, bagkus ay ang maayos na pagtugon sa pandemya na siyang naglilimita sa mga tao kanilang mga tahanan. Ayon din kay Department of Health (DOH) Undersecretary Maria Rosario Vergeire, may posibilidad na magdulot lamang ang *dolomite* ng iba't ibang panganib sa kalusugan ng mamamayan. Bukod pa rito, batay sa pag-aaral ng mga *marine biologists*, karagdagang banta lamang ang *dolomite* para sa mga lamang-dagat dahil maaari itong makalason at magdulot ng *stress* sa kanila.

Ang pagpapatuloy ng proyektong ito ay sumasalamin lamang sa walang kabuluhang pagwawaldas ng kaban ng bayan at pagpapalampas ng oportunidad na magamit ito sa mga programang tunay na makatutulong sa bansa. Sa panahon ngayon kung saan lubusang kailangan ni Juan ng tulong, walang ginawa ang pamahalaan kundi talikdan siya, at unahin ang proyektong hindi naman matutugunan ang kumakalam niyang sikmura. Ang masakit pa ay limitado lamang ang kaalaman ng maraming Pilipino hinggil sa isyung ito, at patuloy pa itong sinusuportahan. Tila hindi lubusang nauunawaan na kung ginamit ang pondo sa makabuluhang paraan, bayan ni Juan lang din naman ang tunay na makikinabang.

Obligasyon ng pamahalaan na ipaunawa sa taumbayan ang pinaggagamitan ng kaban ng bayan. Dapat ay maglabas sila ng *transparency report* tungkol sa ginawang paggastos ng pondo upang matimbang ng bayan kung naging maayos at matapat ba ang naging alokasyon ng buwis ng bawat mamamayan. Marapat ding paigtingin ng DENR ang kanilang pananaliksik upang matukoy ang kabisaan ng mga proyekto; huwag magtaingang-kawali at dinggin ang tinig ng mga *environmentalist* na nagbabala sa panganib na dulot ng *dolomite* sa kalikasan at kalusugan. Kung ang tunay na layunin ng pamahalaan ay ang mapahusay ang kondisyon ng Manila Bay, higit na makabubuti ang pagtatanim ng mga puno at bakawan. Ang malusog na *ecosystem* kung saan ay mayroong mga puno, isda, at masaganang kalikasan ay sapat na upang maibalik ang dating sigla ng Manila Bay. Ang kaban ng bayan ay nararapat lamang na ilaan para sa ikabubuti ng taumbayan, at hindi lustayin sa mga bagay na wala namang katuturan.

## LIHAM SA PATNUGOT

**Sa Patnugot,**

*Hello!* Sa pamamagitan ng maikli kong liham ay sisikapin kong mapasalamatan kayo dahil sa inyong pagpupursigi na magbahagi sa mga mag-aaral ng makatotohanang impormasyon at dekalidad na babasahin para sa panuruang taon. Hindi madali ang pagsusulat at sabayan pa ng mga takdang araling kinakailangang gawin, natitiyak kong naging mahirap ito para sa inyo, kaya ako ay nagpapasalamat sa inyong inisyatibong kumatha ng mga makabuluhang artikulo para sa lahat. Sigurado akong ang lahat ng inyong pagsisikap ay kinikilala at pinahahalagahan ng MakSci *community*, at ito nawa ang maging inspirasyon ninyo upang patuloy na pagbutihan ang pagbuo ng mahuhusay na sulating tunay na nakatutulong sa amin. Iyon lang ang nais kong sabihin, *keep up the great work!*

**Lubos na gumagalang,**
**Maria Jesusa M. Rosales, 9 - Becquerel**

**Maria Jesusa,**

Lubos naming ikinagagalak ang iyong patuloy na pagsuporta sa Ang Kadluan. Isang malaking pribilehiyo sa aming mga manunulat na malamang nagiging makabuluhan ang aming mga munting ginagawa. Tunay kaming nagpapasalamat dahil lubos ninyong pinahahalagahan ang aming mga pagsisikap na itaguyod ang malayang pangkampus na pamamahayag. Kayo ay makakaasa na patuloy namin kayong paglilingkuran, at walang pagdadalawang-isip na ilalahad ang nararapat malaman ng bawat mag-aaral. Patuloy naming gagampanan ang mga tungkuling nakaatang sa amin upang manatiling sandigan ng katotohanan at kanlungan ng paninindigan.

**Lagi't lagi,**
**Patnugutan, Ang Kadluan**

*Para sa anumang komento, suhestiyon, o puna, mangyaring magpadala lamang ng email sa kadluan@makatiscience.edu.ph o magmensahe sa opisyal na Facebook page ng Ang Kadluan, @MSHSAngKadluan.*



# BILANG BABAE, HINDI BABAE ‘LANG’

Isa, dalawa, tatlo… magtago na kayo. Ramdam mo na ang lagkit ng iyong pawis, ang alikabok sa iyong mga paa, pero wala kang pakialam. Ang nais mo lamang ay manghuli, ang nasa isip mo lamang ay makadakip ng mga kalaban, ang magwagi. Marahil, dito ka naunang magbilang, dito ka naunang nalibang, at dito ka rin unang nabuhayang lumaban, sumugpo, at manalo. Sa isang tulad ko noon na nangangarap maging dalaga, napakadalang na mangyari ito— ang makadama ng udyok na makipaglaban. Sa musmos kong edad, bilang babae ay pinalaki akong dapat umiwas sa gulo ngunit sa kaibuturan ng aking puso, hindi ko maitatangging ni minsan man ay hindi ko naisip na lumaban. Laging naririyan ang mga nais mamuno, ang mga gustong manguna, ngunit nananatili lamang akong tahimik sa isang sulok. Pero mahirap pala ang manatili sa katahimikan, kaya ngayon, naririto na ako para maghayag. Handa na akong iguhit ang mga larawan ng aking mga naging karanasan— mga karanasang humubog sa akin at pinaunawang ako nga ay naririto sa daigdig upang mambulabog, galawin ang estado ng mga nakasanayan, manguna sa daloy ng pagbabago, at mamuno sa mga bagay na handa kong ipaglaban.

Sa tinagal-tagal ng panahon, lalo na sa eksena ng mga pelikulang aksyon, dalawa lamang ang kapuna-punang gampanin ng mga babae. Una, ang mahinang dapat sagipin ng bidang lalaki, at ikalawa, ang napakalakas na tila lalaking karakter. Kaya nga siguro ang naisip ko noon, mas mabuti pang magmukhang lalaki basta’t ‘wag lang maging iyakin. Ngunit lahat pala ng mga ito ay isang malaking maling akala; ito ay mga imahe na ipininta lamang ng mga tao upang bahiran ang karangalan ng mga babae. Buti na lamang, tulad ng maraming bagay, nagbago ang lahat ng ito sa paglipas ng panahon. Ang mga babae ay nagpakita ng kalakasan nang hindi binibitawan ang kanilang ‘pagkababae’; sila ay mapagsimpatya at nagpapamalas ng kagandahan sa bawat galaw, ngunit hindi ito nangangahulugan na sila ay mahina. Ito mismo ang nagsisilbing liyab ng apoy sa kanilang kapangyarihan.

Isa na nga rito si Alexandra Trese, ang pangunahing bida sa seryeng Trese na binuo mula sa isang orihinal na Filipino komiks sa panulat ni Budjette Tan at pagguhit ni Kajo Baldisimo. Ang Trese ay isang serye na puno ng aksyon, katatakutan, at kababalaghan. Si Alexandra ay may kapangyarihan ng isang mandirigmang-babaylan. Ang babaylan ay isa sa mga pinakamahahalagang pinuno ng *pre-colonial* na Pilipinas. Ang gampaning ito ay karaniwang pinupunan ng isang babae na nagsisilbing tagapayo ng Datu sa usaping medikal man o politikal. Ngunit, sa isang tagpuan sa kasalukuyang panahon, kakaiba ang naging gampanin niya. Siya ang nagsisilbing tagapamagitan sa pisikal at *supernatural* na mundo. Siya ang nagpapanatili ng balanse at ang sumisiguro sa proteksyon ng mga tao at sa ibang mga mitong nilalang.

Si Trese ay nakakatakot. Ito ang unang impresyon ng karamihan sa kaniya. Kung titingnan ang kaniyang itsura, sa kaniyang itim na kasuotan, itim na buhok at mga matang matalas at tahimik na nagbabanta, hindi maiwawasang manliit sa katapangang dala ng kaniyang kaanyuan. Hindi malayo sa katotohanan ang unang impresyon ng nakararami dahil ayon nga kay Baldisima, si Trese ay parehong bailarina at mangangaso; astig ngunit mahinhin. Lahat ng kaniyang galaw ay may kahulugan at pinag-isipan. Hindi nawawala ang kaniyang mga pagpapahalaga at laging naririyan ang kanyang puso sa kahit anumang nilalang. Kasabay nito ay umiiral din ang kaniyang malinaw na pagsusuri at matalas na pagdedesisyon. Siya ay hindi isang demekanikong baril na basta-basta ang pagbira. Tulad siya ng kaniyang dala-dalang patalim na bagaman payak at kung minsan ay mukha pang maliit, siya ay matindi, malakas, at ang bawat atake ay puno ng katiyakan.

Ang seryeng ito ay nagbukas ng napakaraming pinto para sa sining ng mga Pilipino. Sa hinaba-haba ng panahon na nasanay ang madla sa iilang uri lamang ng palabas, kung hindi pelikula ay isang telenobela, naging karaniwang usapan na nga ang kasawaan ng lahat sa mga paulit-ulit na istorya. Kaya ang seryeng ito ay nagdala ng napakalaking pagbabago. Naipakita ang lalim ng katalinuhan ng ating mga ninuno, simula sa mga karakter na hinubog mula sa mga napagsalin-saling mga kwento ng mga diyos at nilalang ng mahika. Ang napakagandang hulma ng daigdig na nabuo sa kuro-kuro ng mga sinaunang Pilipino ay binuhay mula sa talento ng mga Pilipino ngayon.

Ito ay isang likhang nagbibigay-pugay sa kultura ngunit hindi nagpapatali sa tradisyon. Paano nga ulit ang mga babae sa labanan? Ang tagapigil? Tagahilom ng sugat? Ang paulit-ulit na nagsasabing “mag-usap na lamang tayo”? Sa kabuuan ng serye, tinawag si Alexandra bilang munting Trese, ngunit ang kanyang galaw, ni minsan ay hindi naging munti. Wala siyang panahon na magduda at matakot, wala siyang opsiyon na tumalikod o umatras. Siya ang tagapagmana ng posisyong maging tagapamayapa, ngunit pinili niyang tibagin ang balanse. Siya mismo ang nagdesisyong harap-harapang labanan ang mga mapang-abuso. Pinili niyang protektahan ang kaniyang mga pinahahalagahan at tunay ngang nagdala ng malaking pagbabago ang kaniyang desisyon na siyang sumugpo sa kasamaan.

Kapansin-pansin sa bawat eksena ng seryeng puno ng mahika at kababalaghan ang pagpapalaganap ng kultura at mitikong Pilipino, ngunit may isang elemento rin itong madaling makaligtaan: ang kwento ng Pilipina. Hindi lamang ng iisang Pilipina ngunit ng bawat kababaihang nahubog sa anino ni Maria Clara. Ngunit ngayon, husto na ang panahong tayo ay nananatili sa dilim. Hindi ba ninyo alam na sa panahong tayo ay nasa liwanag, tayo ay nakasisilaw at nakapapaso? Tayo ang mga kababaihang tila sikat ng araw sa ikalabing tatlong oras. Trese, numerong nababalot ng kadiliman na karaniwang nagpapahiwatig ng kamalasan. Ngunit, hindi ba kadalasan, ang mga kinatatakutan ay ang iyong hindi natin pinangangahasang labanan? Tulad na lamang ng isang babaeng may poot at higit sa lahat, tulad ng isang babaeng nagmamahal. Kaya simulan mo nang magbilang, dahil nalalabi na lamang ang mga araw na sasabihin mo ang katagang "babae lang." Ang kasalukuyan at ang hinaharap ay kababaihan na.

Lizzie Annika Inocentes Montemayor

# DOBLE KARANG KORONA

Trisha Leigh Orque Detablan at Jared Lynus Marqez Panaguiton




*Beauty or brains?*

*"Uhm... thank you for that wonderful question. For me, I would choose brains. Because I know I'm already cute and pretty, and I really need brain cells right now. Thank you!"* Iyan siguro ang isasagot ko kung sakali mang kasali ako sa isang *beauty contest*. Pero kung iisipin mo, ang tanong na *'beauty or brains'* ay walang saysay kung taglay naman nila ito pareho. Sino pa nga ba ang aking tinutukoy? Edi ang mga sumasali sa *beauty pageants*!

Kahanga-hangang masaksihan na sa iisang entablado ay nakakayanan ng mga kababaihan na magkaroon ng kumpiyansa at maipakita ang husay nila sa mga larangan tulad ng pagrampa at pagsagot sa mga tanong sa maikling oras na ibinigay sa kanila. Ang entabladong ito ay siya na ngang dumami at nagkaroon ng magkakaibang bersyon gaya ng Mutya ng Pilipinas, Binibining Pilipinas, ang hindi mapapantayang 'Big Four' ng *international pageantry*: Miss World, Miss Earth, Miss International, at siyempre, ang Miss Universe na talagang inaabangan ng lahat.

Sa dami ng mga naglipanang *beauty pageants*, sigurado akong ang bawat isa sa atin ay maaaring manalo sa mga ito, sapagkat ang pinakamahalaga ay ang talino, puso, at tiwala sa sarili. Hindi ko na isinama ang pagiging marikit sapagkat lahat naman tayo ay may likas na kagandahan. Kaya ano man ang iyong kasarian, katayuan, lahi, kulay, pinagmulan, at kung ano-ano pang mga dahilan, naniniwala akong kaya mong mag-uwi ng korona; o baka nga ay suot mo na dahil bawat isa sa atin ay may angking kinang na karapat-dapat sa mga korona.

Ngunit sa kabila ng saya at aliw na hatid ng mga paligsahang ito, hindi maikakaila na iba ang nangyayari sa harap at likod ng entablado. Kung titingnan mula sa labas ay mga naggagandahang dilag na nakangiti ang ating nakikita ngunit hindi natin aakalain na ang iba sa kanila ay may laban na hinaharap. Matamis na ngiti at masiglang mukha ang bungad ngunit kapag inangat ang maskarang panabing ng tunay na nararamdaman, larawan ng umiinda, nahihirapan ngunit patuloy na lumalabang kababaihan ang masisilayan— doble kara.

Tulad na lamang ng nangyari sa nagdaang Miss Universe 2020; mataas ang kumpiyansa ng lahat, nag-uumapaw ang suporta, kabado ang mga kababayan at kapamilya, gayundin ang mga kandidata. Sa pagrampa ng mga kandidata suot ang kani-kanilang *national costume*, lahat ay gustong mangibabaw. Sa gitna ng sunod-sunod na paglakad ng mga kababaihan dala ang kanilang mga damit na masusing hinabi at metikolosong binuo upang umangat at maging pinakaglamorosa sa lahat, may isang kandidatang hindi lamang damit ang nais ibida, kundi pati na rin ang isang mensahe. Isang mensaheng hindi inaasahan ng sinuman na isisiwalat noong mga panahong iyon.

Kasama ang pagmamahal ng kaniyang mga kababayan, rumampa nang buong puso si Miss Universe Myanmar Thuzar Wint Lwin o kilala rin bilang Candy Thuzar, ngumiti nang abot-tainga, dala ang isang piraso ng papel. Walang nakaaalam ng kapangyarihang maaaring taglayin ng pirasong papel na yaon. Patuloy siyang naglakad nang naglakad, at huminto, yumuko tanda ng paggalang, at isiniwalat sa mundo ang laman ng misteryosong papel. "Pray for Myanmar," ang eksaktong mga salita na nakasulat dito. Ang tatlong munting salitang nakasulat sa papel, bagkus may magandang intensyon, ay isang mapanganib na hakbang.

Hindi lingid sa kaalaman ng lahat ang patuloy na digmaan sa pagitan ng pamahalaan ng Myanmar at mga mamamayan nito. Mahigpit na ipinagbabawal ng kanilang gobyerno ang maglabas ng anumang impormasyon tungkol sa isyung nabanggit. Ngunit kung ang mga kababayan mo na ang apektado; araw-araw ay may nasasawi at parami pa ito nang parami, anong gagawin mo bilang simbolo ng iyong bansa? Palalampasin mo pa ba ang *once-in-a-lifetime opportunity* na ito? Bagaman ang hakbanging ito ni Miss Universe Myanmar ay maaaring magdulot ng peligro sa kaniyang buhay, taas-noo siyang lumakad sa entablado at buong pagmamalaking itinaas ang papel upang maipanawagan sa buong mundo ang kinasadlakan ng kanilang bansa. Sa pamamagitan ng pag-angkin ng mikropono, buong puso niyang isiniwalat ang katotohanan: ang patuloy na karahasan sa Myanmar na kumitil na ng libo-libong buhay.

Imbes na salubungin si Candy ng sariling bansa matapos ang Miss Universe 2020, siya ngayon ay hinainan ng kaso sa pagtuligsa. Hindi man nagwagi sa nasabing *beauty pageant*, nagbunga naman ang lahat ng kaniyang paghihirap sapagkat naihayag sa buong mundo ang kaniyang mensahe. Sa kasalukuyan, hindi pa makauwi sa sariling bansa si Miss Universe Myanmar, na hanggang ngayon ay nasa pangangalaga ng US kung saan siya mas ligtas.

Sa ganitong mga pagkakataon, nakikita ang dalawang mukha ng *beauty pageants*. Puro ngiti ang ating nasisilayan sa kanila subalit tulad ng pagkatawan nila sa kani-kanilang bansa ay buhat din nila ang mga problemang kinahaharap ng kanilang kapwa-mamamayan. Sa bawat pagrampa, pagkaway, at pagngiti, hindi lamang ang paligsahan ang kanilang nilalabanan at hindi lamang korona ang kanilang nais masungkit, bagkus ay ginagamit din nila ang plataporma ng *pageants* na ito upang ibunyag ang katotohanan, maging sandigan ng mga nangangailangan, at mapaglingkuran ang bayang pinagmulan.

Hindi dapat masilaw ang mga kandidata sa kinang at ningning ng mga *beauty pageants*. Dapat palaging isaisip na ang mga ganitong uri ng patimpalak ay hindi lamang tungkol sa engrandeng kasuotan, hubog at hugis ng katawan, kolorete sa mukha, at panlabas na kagandahan. Ang mga *beauty pageant* ay tulay upang maglunsad ng mga programa at magtaguyod ng mga adbokasiya na may pagnanais na tulungan ang mga tunay na nangangailangan. Ang bawat kandidata ng mga *beauty pageants* ang magbibigay-boses sa mga walang tinig at magsisilbing lakas ng mga mahihina. Tulad ni Miss Universe Myanmar Thuzar Wint Lwin, ang bawat kalahok ay maging larawan sana ng isang *beauty queen* na nagtataglay ng angking ganda at may bitbit na makabuluhang mensahe. Kapag naisabuhay ng bawat kandidata ang kariktan at katapangang ipinamalas ni Candy Thuzar, hindi lamang niya naiangat ang antas ng kagandahan ng bawat kababaihan, bagkus ay naging ehemplo din siya ng kandidatang may mabuting adhikain at may pagmamahal sa bayan. Sumunod sa yapak ni Miss Universe Myanmar, at maghandang iputong ang doble karang korona, sabay sambit ng katagang *"And I, thank you!"*

# KALASAG NA PANGARAP

Pangarap.

Isang munting salita ngunit tunay na makapangyarihan. Kaya nitong baguhin ang sinuman. Sa salitang ito—walang imposible, lahat ay kakayanin.

Subalit, paano kung puro na lamang pagod at pasakit ang hatid ng pag-abot mo sa iyong pangarap, itutuloy mo pa ba? Kung wala namang nangyayari at hindi nakadarama ng pag-usad, magpupursigi ka pa rin ba? Kung kailangang pasukin ang butas ng karayom alang-alang sa mithiin, makakaya mo ba? Kung puro pambabatikos, pagdududa, at pangungutya na lamang ang natatanggap, lalaban ka pa ba o susuko ka na? Ano ang kaya mong isakripisyo? Hanggang saan ka kayang dalhin ng iyong mga pangarap?

"Hinding-hindi susuko kahit pa 'ko'y mabigo," isinulat ng SB19 sa kanilang awiting 'Go Up', pagpapatunay na gagawin nila ang lahat ng kanilang makakaya upang maabot ang mga pangarap; anuman ang kanilang harapin, ano pa man ang mangyari. Sa pamamagitan ng kanilang talento sa paglikha ng mga magagandang awitin at pag-indak sa maaangas na mga sayaw, binibigyang-dangal ng SB19 ang ating bansang Pilipinas.

Likas sa ating mga Pinoy ang maging mapagmalaki sa tuwing ang kapwa natin Pilipino ay kinakatawan ang Pilipinas sa isang paligsahan, sa anumang larangan. Tila nabubuhay ang ating pagkamakabansa at palagi nating naririnig ang mga katagang, "Proud Pinoy here!" mula sa ating mga kababayan. Ngunit, naniniwala ako na dapat lang naman talaga tayong maging mapagmalaki dahil ibinabandera ng mga kapwa nating Pilipino ang watawat ng Pilipinas sa buong daigdig gamit ang sarili nilang mga kakayahan, tulad na lamang ng grupong SB19!

Sino nga ba ang SB19? Ang SB19 ay binubuo ng limang kalalakihan na sina Pablo, Josh, Stell, Ken, at Justin na nagmula sa ShowBT Philippines ng SBT Group of Companies sa South Korea. Ang grupo ay kasalukuyang may siyam na inilathalang awitin, isa na rito ang "Go Up" na pumatok noong Setyembre 2019 na naging dahilan upang sila ay makilala sa buong bansa. Lingid sa kaalaman ng marami ang higit isang libong pag-eensayo at daan-daang oras na inilaan ng grupo para sa sayaw ng kantang ito bago tuluyang maglabas ng *dance practice* na siyang naging dahilan upang sumikat ang kanta at hangaan ng masa. Naniniwala sila sa katagang, *"Practice will never betray you,"* at pinatunayan nga nila na tama ang pahayag na ito.

Tulad ng ibang mga musikero at banda, sandamakmak na pagsubok ang kinailangan nilang harapin at lagpasan bago tuluyang makilala at tangkilikin ng sambayanan. Tatlong taon ang kanilang ginugol sa pagsasanay at sa panahong iyon, umabot sa puntong nagkawatak-watak ang grupo dahil wala silang nakikitang pagbabago sa kanilang *career* sa kabila ng pagsisikap. Isang miyembro na lamang ang natira sa kanila sa dulo at ito ay si Stell, na siya ring naging dahilan ng mabuong muli ang grupo. Taong 2018 nang tuluyan na silang nag-*debut,* subalit maraming kritisismo at pambabatikos ang kanilang natamo mula sa mga Pilipino na kesyo sila ay *'feeling koreano',* walang orihinalidad, at walang mararating. Makabagbag-damdamin kung iisipin, na kung sino pa ang iyong kapwa na dapat sumuporta at magpakita ng pagmamahal sa iyo, sila pa ang nagpapahina ng loob mo sa pamamagitan ng pagbabato ng masasakit at hindi kaaya-ayang mga salita. Gayunpaman, pangarap ang kanilang ginawang sandata sa mga masasakit na salitang ito at hindi sila nagpadaig, sa halip ay patuloy nilang hinusayan ang kanilang pagtatanghal hanggang sa sila ay kilalanin ng masa. Tila naglakbay sa mabato, maputik, at matarik na daan ang SB19 bago nila tuluyang marating ang kanilang pinapangarap na destinasyon.

Nagbunga ang kanilang mga paghihirap nang sila ay naging nominado sa prestihiyosong parangal na Top Social Artist ng Billboard Music Awards o BBMA. Ang grupo ay hindi pa rin makapaniwala sa naging nominasyon, lalo pa at sila ang kauna-unahang Pilipino at *Southeast Asian* na kinilala sa ganitong uri ng *music awards.* Bukod pa rito, bigatin din ang mga musikerong kanilang nakahilera tulad nina Ariana Grande at ang mga bandang Seventeen, Blackpink, at BTS na mula sa South Korea. Lubos ang pagpapasalamat ng SB19 sa mga taong naniniwala, sumusuporta, at nagmamahal sa kanila, lalong lalo na sa kanilang mga tagahanga na tinatawag na A'tin. Ayon sa grupo, hindi magiging posible ang kanilang tagumpay kung wala ang kanilang mga taga-suporta.

Nang dahil sa pagiging nominado ng SB19 sa BBMA, nagbukas ang maraming pinto ng mga oportunidad sa grupo dahilan upang mas lalo silang makilala hindi lamang sa Asya, kundi pati na rin sa buong mundo. Ayon pa sa kanila, hindi lamang ang kanilang musika ang nais nilang ipakilala ng mundo, bagkus pati na rin ang musika at kultura ng Pilipinas. Nagpapatunay lamang ito na ang tagumpay ng isa ay tagumpay ng buong bayan.

Hindi man sila ang nagwagi sa nasabing kategorya, tiyak na ang mga salitang kanilang binibitawan at mga musikang kanilang isinusulat ay nagiging inspirasyon sa marami. Ang ikatawan ang Pilipinas sa patimpalak na tila suntok sa buwan na maaabot ay isa nang napakalaking tagumpay at doon pa lamang ay panalong-panalo na sila, at tiyak na mas minahal pa sila ng kanilang mga tagahanga! Tulad nga ng sabi nila sa kanilang awiting 'Ikako', "Basta may pag-ibig sa puso natin, magwawagi!"

Tunay ngang kayang makipagsabayan ng mga Pinoy sa iba't ibang lahi at katawanin ang bansa gamit ang sariling husay! Dahil sa kanilang mga talentong taglay at sa pagnanais na magningning sa gitna ng dilim, nakamit nila ang bagay na hindi nila kailanman inaasahan. Pinatunayan din ng SB19 na sa kabila ng masasakit na salita at ginawang pagpapahina ng loob sa kanila ay may patutunguhan sila. Ang mga walang kabuluhang kritisismong ibinato noon sa grupo ay ginawa nilang inspirasyon upang bumangon at mas lalong magpursigi sa pagtupad ng kanilang mga pangarap. Totoo nga na kung hahayaan mo ang masasakit na salitang ito na pumasok sa iyo at daigin ka, hindi ka magtatagumpay sa nais mong gawin. Kung susuko ka dahil sa udyok ng mga nasa paligid, tila pinatunayan mo na ring tama ang mga paratang nila na hindi mo kaya.

Dulot ng pinanghahawakang mithiin at layunin, ginawang sandata ng SB19 ang pagsusumikap, determinasyon, at paniniwala. Pangarap ang kanilang naging kalasag at sandigan sa mga panahong pinanghihinaan sila ng loob. Dahil sa tiwala, sipag, at pananalig, narating ng SB19 ang entabladong hindi nila sukat-akalaing kakayanin nilang matungtungan. Naniniwala akong patuloy silang magbibigay ng inspirasyon at lakas ng loob sa mga taong nais ding mangarap. Ang lahat ng ito ay simula pa lamang ng mahaba nilang laban patungo sa rurok ng tagumpay. Pinatunayan lamang ng SB19 na ang pinakamabisang pananggalang sa lahat ng pagdududa, pagod, hirap, pangmamaliit, at kawalan ng pag-asa ay ang patuloy na pagkapit sa kalasag na pangarap.

Rheeverly Bongapat Arcilla



Prins Eunice Bautista Cicat
Patnugot

# Mga Kamay na Walang Paso

Prins Eunice Bautista Cicat at Marian Rigor Dimaculangan



Hindi nawawala sa aking isipan ang kwentong napakinggan ko noon. Isang istorya kung saan ang haba ng buhay ng tao ay masusukat sa pamamagitan ng kandila. May matatayog at maliwanag na nangangahulugang mahaba pa ang kanilang oras sa mundo, at mayroon namang aandap-andap at paubos na, hudyat sa papalapit na kamatayan. Sa kwento, ang mga kandila ay kontrolado at binabantayan ng isang banal na nilalang; Bathala lamang ang namamahala. Gayunpaman, kung ipagpapalagay ko ang konteksto nito sa reyalidad, ang naiisip ko ay isang malawak na kwartong punong-puno ng mga taong may kaniya-kaniyang hawak na kandila at tayo-tayo rin ang may kontrol sa mga ito. Tagamasid lamang ang Diyos, dahil hindi ba't hawak natin ang sarili nating buhay at minsan pa nga'y ang buhay ng iba?

Hindi na bago sa ating pandinig ang mga salitang *"quarantine"* at *"covid"*. Humantong na sa higit isang taon ang pandemya sa Pilipinas. Nangangahulugan ito ng mas mataas na bilang ng mga taong namamatay, nawawalan ng kabuhayan, at naghihirap. Kaya marahil ay nabuo ang ideya nang pagtatayo ng isang *community pantry*. Nagsimula ito kay Ana Patricia Non nang itatag niya ang Maginhawa Community Pantry sa Lungsod Quezon. Simple lamang ang layunin nito: ang matulungan ang mga kapwa Pilipino na makapaglagay ng pagkain sa hapag. Hindi pa natatapos ang araw ay inulan na ng suporta ang kanyang pagkukusa at 'di kalauna'y nagsilitaw na ang mga karagdagang *pantry* sa iba't ibang lugar hindi lamang sa Maynila, kundi sa buong bansa. Dahil dito, ang *pantry* ay naging isang lugar na naglalaman ng mga kinakailangan ng masa, mula sa pagkaing kinakailangan upang maipagpatuloy ang araw-araw tulad ng bigas, mga sariwang gulay at prutas, kagamitan para sa kalinisan ng katawan tulad ng *shampoo* at sabon, hanggang sa mga baryang maaaring gamitin ninoman. Ang mga ito'y naging lugar na walang panghuhusga; sa halip ay puno ng pagtitiwala, at higit sa lahat ay isang lugar kung saan mababakas ang ebidensya ng pananalaytay ng dugong makatao at makabayan ng bawat Pilipino. Dahil sa pagkakatatag ng mga ito, ang mga kumakalam na tiyan ay nalamnan dahil sa pag-ibig na sumibol sa isa't isa, at ang samot-saring mga nilalaman ng *pantries* ay nag-iwan ng marka ng pagkakapit-bisig at pagdadamayan ng mga pusong bumubuhat sa magkatulad na problema.

Ngunit ang mundo'y tunay na mapanlinlang, at sa presensya ng matinding liwanag, naiinggit ang kadiliman na sumasapilit na mangibabaw dito. Ang pagtatatag ng mga *community pantry* ay nagpaningas sa nanghihinang apoy sa diwa ng karamihan, ngunit mayroong mga hindi nasasapatan sa init na dala nito. Sa kabila ng dumadagsang suporta, ang pagkukusang ito ay nagbunsod rin ng maraming puna. Kesyo hawak raw ang mga ito ng mga komunista't rebelde. May maiingay sa *social media* na pilit ikinukurba ang konsepto ng *community pantry* tungo sa umano'y kilusang banta sa seguridad ng bansa. Lalo lamang nagkaroon ng dahilan ang iba na hatakin pababa ang bayanihang ito dahil sa pagkamatay ni tatay Rolando Dela Cruz, isang *senior citizen* na pumila sa *pantry* na itinayo ng aktres na si Angel Locsin sa kanyang kaarawan.

"Magbigay ayon sa kakayahan, kumuha batay sa pangangailangan." Ito ang mga katagang madaratnan sa bawat *pantries* na binuo. Ang tanging layunin ay matulungan ang mga naghihirap na mamamayan. Ngunit ang saklaw nito ay hindi lamang nagtatapos sa mga ordinaryong tao, ang ilan sa mga barangay ay bukas at handang mag-alay ng kanilang tulong sa pamamagitan ng pagtayo ng kanilang sariling mga *community pantry* bilang pakikiisa. Ano ang kasisi-sisi rito? Ang mga *community pantries* ay hindi lamang sumisimbolo sa bayanihan ng mga Pilipino, dahil kung susuriin, ang mga ito rin ay panawagan—mga tahimik na sigaw ng desperasyon na makatulong at matulungan.


Higit na idinidiin ng pandemya ang dibisyon sa pagitan ng mayroon at wala, ng mahirap at mayaman, ng napag-iiwanan at nakasasabay. Bukod pa rito, isinisiwalat din nito ang katotohanang mayroong mga taong mapagbigay habang ang iba'y walang habas lamang sa pagkuha. Hindi maipagkakailang tayo ay nakapaloob sa isang malupit na lipunang gutom sa kompetisyon. Gayunpaman, ang ideya, konsepto, at aplikasyon ng mga *community pantries* ay nagbukas ng libo-libong pagkakataon sa lahat na makatanggap o magbigay ayon sa kanilang kasalukuyang sitwasyon. Dahil sa pagkatatag ng mga ito, nagkaroon ng espasyo ang mga Pilipino na kahit papaano ay maibsan ang kanilang mga pangangailangan ngayong humaharap ang bansa, maging ang buong mundo sa suliraning pang-ekonomiya at pangkalusugan.

Kung ipagpapalagay ko ang konteksto ng aking kwento tungkol sa kandila at buhay ng tao sa reyalidad, ang kalalabasan ay isang malawak na kwartong punong-puno ng mga indibidwal na kaniya-kaniya ang hawak sa sariling kandila. Ngunit sa ating bansa, saksi ang mundo sa pagluha ng milyong mga Pilipino upang matulungang mapahaba at matanglawan ang buhay ng kanilang kapwa. Hindi maitatanggging mayroong mga taong nanunulak, nang-aapak, at pumapatay upang mang-agaw at mapatayog ang sariling kandila na nagbubunga sa pagkasunog ng kanilang mga kamay at kaluluwa, subalit sa bayanihang patuloy na ipinapamalas ng mga Pilipino, nananaig ang bilang ng mga kamay na malinis at kailanma'y hindi nadampian ng apoy ng iba.



# GININTUANG SINING, GININTUANG PUSO

Isabella Nicole Caliao Andaya



Ang bawat pilantik ng pinsel na nagdaragdag ng kulay sa blankong kambas ay may bigat na hindi kailanman masusukat. Hindi lang ito dulot ng diin sa paggalaw, bagkus ay dahil din sa oras na inilaan sa kada guhit, sa kaiisip ng pintor kung paano magagawang timplahin ang mga kulay o maiguhit nang maayos ang bagay upang maiparating niya nang buo ang mensaheng nais niyang ipabatid, at tungkol din ito sa kaniyang layunin sa pagpapatuloy nito. Dahil ito sa kaniyang dedikasyong mapaghusay ang kaniyang obra; sa dugo, pawis, at luhang kaniyang inialay, at sa maliwanag at matamis na ngiting mamumutawi sa sandaling masilayan niya ang bunga ng kaniyang walang kapagurang pagsisikap.

Sa pagkakataong nagsama-sama ang lahat ng mga ito, sabayan pa ng talentong bukod-tangi at hindi maikakaila; kagaya na lamang ng pag-iisa ng pula at kahel na siyang bubuo sa dilaw na kulay—isang kulay na ligaya ang hatid sa sinumang makakita, kulay na nagniningning mula sa mga taong bumubuo ng Sining Gang. Ipininta at itinatag noong Abril 2020 nina Joelle Grace Maulit at Aaliyah Nicole Ybera ng Makati Science High School (MSHS), ang *club* na ito ay nagbigay-daan sa mga katulad nilang may pagnananais at pagmamahal para sa sining, na maisiwalat sa mundo ang kaniya-kaniyang kwento sa likod ng kanilang bawat obra.

Ngunit naaabot ba ang tunay na kabuluhan ng bawat likhang-sining kung sasarilihin lamang ito ng pintor, at hindi ibabahagi para sa ikabubuti rin ng iba? Para sa Sining Gang, ang paglikha ng obra ay hindi lamang simpleng pagbibigay-saya sa sarili. Nagdaos ng Commissions for a Cause ang nasabing organisasyon para sa *fundraising drives* na "Agapay: Tungo sa Tagumpay" at "Kaya 'yan, Cagayan!" noong Setyembre hanggang Disyembre 2020. Matagumpay na napagaan ng naunang proyekto ang malaking gastusin ni Gail Nikola Salor, isang estudyante ng MSHS, para sa kanyang *treatment* laban sa *lymphoma cancer*; habang ang ikalawa naman ay nagsilbing tulong para sa mga nasalanta ng Bagyong Ulysses.

Hindi ba't ito ang tunay na diwa ng isang sining? Na ituring ng pintor na ang kaniyang mga nililikha ay tila alon na gumagabay sa mga nawawala sa karagatan upang makarating sa pampang? Na ito ang mag-uudyok sa kaniyang magpatuloy sa pagpipinta upang marami pa siyang magabayan? Ginamit ng Sining Gang sa makabuluhang layunin ang kanilang angking talento. Nagsilbi silang instrumento upang matulungan ang mga nangangailangan, sa pamamagitan ng kanilang mga obra ay nakapagdudulot sila ng pagbabago sa komunidad na kanilang ginagalawan. Ang bawat pilantik ng pinsel na nagdaragdag ng kulay sa blankong kambas ay may bigat na hindi kailanman masusukat. Higit sa diin ng paggalaw nito, sa oras na inilaan, sa kakaisip ng kung paano maipaparating ang mensahe, sa dedikasyon at sakripisyo, sa ngiting hindi matatawaran. Nangingibabaw ang ginintuang puso ng Sining Gang na malayang nagbubuhos ng nag-uumapaw nilang pagmamahal sa kanilang ginintuang sining.

Iiwanang_Tatak_ng_Henerasyon.web

https://www.makatiscience.online/

# IIWANANG TATAK NG HENERASYON

Prins Eunice Bautista Cicat at Julian Carlos Bugasto Gatchalian

Anong marka ang maiiwan mo?

Sa kasalukuyang henerasyon kung saan ang karamihan sa mga konsepto at ideya ay ilang beses nang hinamak ng libo-libong mga henyo, tila ba mga himala ang kinakailangan nating maipaliwanag upang maimprinta ang ating eksistensya at maitala ang ating ngalan sa kasaysayan. Lumaki na tayong kinakabisa ang mga kahanga-hangang taong nakatuklas, nakaimbento, nagpangalan, o nag-iwan ng mga kakila-kilabot na pagganap sa mga partikular na larangan. Kaya naman hindi rin ako tinitigilan ng sariling isipan sa katatanong kung may hihigit pa ba sa mga karangalang naabot na ng iba. Gaano katayog na pangarap ang kinakailangan kong maabot? Hanggang saang rurok ng tagumpay, karangalan, at kaluwalhatian ang dapat kong matumbasan upang mahigitan pa ng aking ngalan ang aking pagka-*mortal*?

Maaaring ang kasagutan ay ang *internet*. Isang lugar na naglalaman ng hindi mabilang na datos patungkol sa lahat ng ideyang natuklasan at nagmula sa mga tao. Ang mga impormasyong magmula pa sa mga panahong hindi pa ganap ang mundo hanggang sa maaaring hinaharap ay nakapaloob na rito. Mayroon akong napanood na dokumentaryo dati mula sa History Channel kung saan ang mga datos na ito ay inilalagay sa mga pisikal na midyum, at itinatago sa mga kweba na ginawa sa ideyang hindi ito maaapektuhan ng anumang pangyayaring maaaring makabura sa sangkatauhan. Mayroon ding patuloy na pag-aaral kung saan ang layunin nila ay maipasok ang milyon-milyong mga datos sa higit na maliliit na materyal. Ang mga ito ay ginagawa dahil katulad ko, marami ring tao ang kumakapit sa ideyang mag-iwan ng tanda ng kanilang pag-iral. Kung tatanungin ang iba kung ano ang unang pumapasok sa kanilang isipan kapag sinabing *internet*, marahil ang mga salitang lalabas sa kanilang bibig ay ang tulin ng impormasyon, kadalian sa pagkatuto, o ang kaginhawaang naidudulot nito sa mga gumagamit. Ngunit para sa akin—imortalisasyon.

Kaya naman lubos ang aking naging paghanga nang malamang mayroon nang lugar ang Makati Science High School (MSHS) sa *internet*. Iba ang kasiyahang dulot ng impormasyong ang mga pangyayaring nagaganap sa isang institusyong mahalaga para sa akin ay dokumentado na sa ibang dimensyon ng impormasyon. Anumang kontribusyon ko ay mag-iiwan ng marka, at ang mga pinahahalagahan kong alaala ay mananatiling nakatala. Ang *website* na ito ay tila ang pag-imprinta na ng aking henerasyon ng mga mag-aaral tungo sa konsepto nang hindi paglimot at habambuhay na pagpupunyagi sa aking paaaralan.

Sa *website* na ito, unang bungad ang mga larawan at *video* ng Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati na may katagang "AIM HIGH, MAKSCI!" Taong 2020 noong inilabas ang bagong bersyon ng *website* ng MakSci sa tulong ng administrasyon at ng Information Technology Core Group (ITCG) Club ng nasabing paaralan. Malaki ang naitutulong nito sapagkat naglalaman ito ng mahahalagang impormasyon tungkol sa paaralan katulad ng mga anunsyo, balita, *admission*, programa, at pangyayari sa loob ng eskwelahan.

Setyembre 26, 2020, sa ganap na alas-dos ng hapon, ako ay kinausap ng isang dating patnugot ng Kadluan at hiningi ang aking *email*. Sa panahong ito ay binubuo pa lamang ng organisasyon ang mga babasahing ilalathala para sa dyaryo. Gayon na lamang ang aking pagkamangha at pagkagulat nang mabasa ang mensaheng ipinadala. Ang inaasahan ko kasi ay patungkol sa aking akdang ipinasa, o kaya naman mga anunsyo at paalala. Hindi noon pumasok sa aking isipan ang pagsisimula ng sariling *website* ng MakSci, at ang pagiging isa sa mga pangunahing makaaambag sa proyektong ito.

Marami akong naging katanungan, tulad na lamang kung nabuo ba ito dahil sa pandemya? O kaya naman sino ang nagpasimula nito? Sino ang dapat naming kilalanin at pasalamatan? Paano nila nagawa ang panibagong plataporang ito? Gaano nito maaapektuhan ang aming karanasan sa bagong midyum ng pag-aaral? Subalit ang pinakanangibabaw pa rin ay ang aking kasiglahan na mayroon nang sariling likhang *website* ang sintang paaralan, at 'di ako tumigil sa pagmamalaki nito sa aking pamilya at mga kaibigan.

Kaya naman, nang mabigyan ng pagkakataong lumikha ng teksto patungkol sa pagsibol ng *online platform* na ito, hindi ko na ito pinalampas pa. Sa pamamagitan ng pananaliksik, napag-alaman ko kung sino ba ang dapat pasalamatan sa pagkabuo ng natatanging *website* na ito. Ang mga kasapi ng ITCG Club ng MakSci, na pinamumunuan ni Luke Gabriel Pagauitan, sina Rafael Ranario, Rafael Miguel Rocero, Nathan Joshua Frialde, Jia Kate Jarin at Julianne Rose Reyes na binigyang pagkilala sa ibabang bahagi ng *site* ang mga taong naging dahilan kung bakit at paano naisareyalidad ang presensya ng MakSci sa *world wide web.*

Ang *website* ay nilikha sa pamamagitan ng Wix. Dahil sa samot-saring mga *feature* na inihahandog nito, marami na ang nagagawa ng kasalukuyang bersyon ng *website* kumpara sa dati. Ayon sa isa sa mga *developer* ng pook-sapot, "Kung dati ay ginagawa namin ang website gamit ang simpleng HTML, CSS, at JS, ngayon ay nakapaglalagay na kami ng iba't ibang mga feature na hindi makikita sa lumang bersiyon." Ang pinakamalaking pagbabagong naidulot ng paggamit ng Wix ay ang pagkakaroon nito ng *registration system* kung saan makapagrerehistro ang mga mag-aaral. Ang mga *account* na iginawad na magagamit ng mga mag-aaral sa loob ng *website* ay ginamit para sa *club registration* noong *club fair*.

Dahil sa laman ng bagong *website* ng MSHS, naaalala ko ang magagandang mga pangyayari noong hindi pa rumaragasa ang pandemyang COVID-19. Na-*miss* kong makasama ang aking mga kaklase, kaibigan, at guro sa eskwela. Nababalikan ko ang mga alaala ng pagtatanghal ng mga kapwa kong estudyante sa iba't ibang larangan. Sa **https://www.makatiscience.online/**, dokumentado ang mahahalagang pangyayaring ginanap sa loob ng paaralan na bahagi rin ng mga pinakainiingatan kong mga alaala. Sinasalamin ng mga nilalaman nito ang ilang taon kong pagturing sa institusyong ito bilang pangalawang tahanan.

Isang taon na lamang ang natitira para sa akin sa pagpasok sa MakSci, at bubuksan ko na ang panibagong landasin: ang kolehiyo. Magpapatuloy ang daloy ng panahon; hindi ito titigil, gayundin ang pag-ikot ng mundo at ng buhay ng bawat isa. Marahil sa hinaharap, maaaring sampung taon mula ngayon, ay babalikan ko ang *website* at masayang maglalakad pabalik sa aking mga nabuong alaala. Sa mga panahong madilim at mahirap makakita ng anumang liwanag, at maging sa mga panahong abot-abot ang biyaya at saya, babalik-balikan ko talaga ang lugar na ito. Ang lugar kung saan ang bawat kaganapan na kuha ng litrato at mga salita ay permanente nang nakatigil at nakatala para maipakita sa mundo.

Isa na ito sa mga markang maiiwan ko.

Ezechael Bristol Reyes
Patnugot

## Paalala kay Lolo't Lola

Ezechael Bristol Reyes

Sa mapayapang sala
Sa silyang tumba-tumba,
Kulubot ng pagtanda
Malungkot na pagluha

Pintong hindi na nabuksan
Sa panahong nakaraan
Para nga sa kaligtasan
Kaligayahan ay nasaan?

Panay hintay sa kanila
Nanatili bang kilala?
Litrato ng mga alaala
Dalamhating pag-aalala

Salaming 'di kinakailangan
Matanaw ang tunay na tulisan
Pati bulag, nasasakupan
Paghingang nawawalan

Taimtim na pahinga
Liwanag ng pagkalinga
May pag-asa bang natitira
Sa natitirang araw ni lolo't lola?

Isang araw, nabalitaan
Nangunguna sa pilahan
Pagkakataong muling hagkan
Kayamanang 'di matutumbasan

Taimtim na pahinga
Liwanag ng pagkalinga
Pag-asa'y naging himala
Sa pamumuhay ni lolo't lola

Pagkatok sa pinto
Bumati ang mga batang nakangiti
Upuang muling napuno
Nakakagaang maranasan ang dati

## Ligaw

Trisha Leigh Orque Detablan

Mawawala ang iyong katinuan
Sa lugar na napakalalim
Sa lugar na napakainit
Sa lugar na napakadilim
Sa lugar na napakalawak

Sa gitna ng karagatan,
Dadalhin ka ng alon
Tatangayin, lulunurin ang iyong isip
Palaot-laot sa'n ka man maparoon

Sa gitna ng disyerto,
Malulusaw ka sa init
Tutuyuin ang luha't pawis
Ngunit manghihina ka sa bawat minuto

Sa gitna ng dilim,
Bulag ka sa iyong paligid
Pakapa-kapa, pahipo-hipo
Ni hindi alam ng mga kamay kung saan dadapo

Sa gitna ng kawalan,
Walang kasiguraduhan
Maari kang malunod, masunog o mauntog
Habang ika'y kontrolado

Ngunit paano ka nga ba mananatiling matino
Kung sa bawat pagsubok,
Nilalason ang iyong isipan,
Nilalamon ang iyong pagkatao.

Tutulad ka na lamang ba sa karamihan
Hinahayaan kang pagsamantalahan
Basta't ika'y makikinabang
O tulad ka ng iilan
Na pilit kumakawala't lumalaban

## HINDI KO NA ALAM

Saira Gwyneth Mabalay Imperial

Lumipas ang mga araw,
Damdamin ay may puwang
At sa aking pag-iisa,
Biglang sumagi sa'king isipan,
Marahil, may mga araw na ganoon talaga
At kung ako ang tatanungin,
*Hindi ko na alam.*

Isang pusong sugatan,
Hindi malaman kung para saan.
Nakakubli sa likod ng katahimikan,
Ang wagas na pagdurugo,
Nitong puso
Purong silakbo ng kalungkutan.

Sa kabila ng lahat ng sakit,
Aking hinintay.
Na dumausdos ang mga luha,
Mula sa'king mga mata
Na animo'y walang kabuhay-buhay.
Ngunit kahit anong gawin,
Ayaw nitong tumulo.
Marahil, naubos na.
Sa lahat ng dinanas na hinanakit.
At mga nakaraang pagtangis.

Hindi ko mawari kung bakit,
Subalit ngayong araw ay tila alam ko na.
Baka nga hinanda lang ako.
Dahil kung dati, hindi ko alam
Kung paano *umiyak,*
Ngayon, hindi ko na alam
Kung paano ba *tumahan.*

# May Bata sa Ilalim ng Kama Ko

Korinne Mercy Abelardo Basada


May hayop sa ilalim ng kama ko. Isang gabi, nagising ako sa kakaibang katahimikan. Maingay ang electric fan namin. Nasanay na'kong gawing hele ang matinis na tunog ng paulit-ulit na pagtama ng elesi sa kanyang bakal na kulungan na masyadong maliit. Nagising ako n'on nang pinagpapawisan. Hinintay ko munang sumikat ang araw bago ako bumangon. Ang una kong ginawa ay ang sumilip sa ilalim ng kama ko. Walang nasa ilalim ng kama ko. Hindi naman ako nagulat. Pagkatapos, tinignan ko ang aming mga bintana. Hindi ko alam bakit pa'ko tumingin; may rehas ang mga bintana namin. Sa totoo lang, hindi ko rin alam bakit ko naisip na may hayop sa ilalim ng kama ko, lalong bakit hayop ang naisip kong nagpatay ng electric fan namin kagabi. Siguro nilamig lang sila mama kagabi kaya pinatay nila ang electric fan, tutal lumalamig na ang panahon.

May tao sa ilalim ng kama ko. Simula noong gabing iyon, tuwing gabi, naririnig ko na may kumakamot sa sahig. Ang tahimik, halos hindi mo mapapansin, na pagkaskas ng mga kuko sa kahoy. Minsan, naririnig ko rin ang dahan-dahan na paggalaw niya sa kwarto. Imposibleng hayop dahil walang hayop ang kasing-ingat ng taong nasa ilalim ng kama ko. Tuwing umaga, sumisilip ako sa ilalim ng kama ko. Ni isang balahibo walang naiiwan. Iisipin mong guni-guni ko lang ang lahat. Hindi ko 'to guni-guni.

May bata ata sa ilalim ng kama ko. Hindi ako sigurado, basta may nakatira sa ilalim ng kama ko. Tuwing nahuhuli ng aking pandinig ang kanyang paghinga, kusa nang sumasara ang mga mata ko. Ayoko tumingin. Ayoko gumalaw. Minsan, ayoko na rin huminga. Dati, iniisip ko, imposibleng hindi bata ang nasa ilalim ng kama ko dahil hindi naman gano'n kalaki ang espasyo. Minsan, nararamdaman ko na lang ang bigat niya sa tabi ko. Hindi gan'on kabigat ang isang bata, tipong halos pahilis na ang higa ko sa kama. Minsan, nararamdaman ko ang mabagal, ang dahan-dahang paghawak niya sa aking braso. Hindi gan'on ang kamay ng bata, o baka gan'on nga. Ewan. Hindi ko alam. Nahihirapan ako huminga. Ayoko tumingin. Hindi ako makagalaw. Ayoko gumalaw. Sa mga gabing iyon, daig ko pa ang rebulto sa hindi paggalaw.

Halos hindi na'ko makatulog sa gabi. Kung nakaidlip man ako, magigising ako lagi sa tunog ng paghakbang niya, sa tunog ng pagkaskas ng mga kuko niya. Minsan, magigising ako sa pakiramdam ng mabagal na paghinga niya sa mukha ko, tipong sa lapit niya'y kapag dumilat ako, mata niya lang ang makikita ko. Kung pagpapalain man na umabot akong tulog sa pagsikat ng araw, magigising akong tuyo ang aking lalamunan at basa sa pawis ang aking mga palad.

Isang araw, nag-iwan ako ng isang baso ng tubig sa lamesa sa tabi ko bago ako matulog. Masyadong maraming beses na ang nangyaring nasaktan akong huminga sa tuyo ng lalamunan ko. 'Yon ata ang unang gabi, pagkatapos ng kanyang pagdating, na nakatulog ako nang mahimbing. Nagising akong walang laman ang baso. Nasanay na'kong nagdadala ng dalawang baso ng tubig sa kwarto bago ako mahiga. Isa iniiwan ko sa lamesa sa tabi ko, yung isa sa sahig para sa kanya. Dumadalas na rin ang mga pagkakataong nakakatulog ako sa presensya niya. Mayroong mga gabing imbis na uminom siya ng tubig, humihiga siya sa aking tabi. Minsan, hawak niya lang ang braso ko ngunit hindi na kasing hirap huminga katulad ng dati, halos hindi ko na maramdaman ang kanyang bigat. Kamakailan lang, sinusubukan ko na ring dumilat.



# Pagbuhos

Trisha Leigh Orque Detablan

Mahirap umiyak nang pigil
Mahirap magmahal nang pigil
Mahirap magsalita nang pigil

Tipong 'di ka pwedeng magpakawala ng tunog
Yung tipong 'di mo magawa,
Yung tipong 'di mo masabi

Lahat ng 'yon patuloy na tumatakbo sa isip mo
Paulit-ulit, pabalik-balik
Ni hindi mo na malaman ang gagawin
Iiyak ka na lang
Iniyak mo na lang
Umiyak ka na lang
Kasi iniisip mo na;
Baka makasakit ka pa
Baka masaktan ka pa
Baka lumala pa.
Ayaw mo nun

Yung pakiramdam na naninikip yung lalamunan mo
Kakapigil mong magsalita, kakapigil mong mga hikbi ay kumawala
Kaya iniyak mo na
Hinayaang dalhin ng mga luha
Umaasang gagaan kahit papaano,
Kahit kaunti

Subalit sa kabila ng lahat,
Lahat ng masasamang salitang narinig mo
Lahat ng sermon
Lahat ng sisi
Lahat ng pasakit
Titiisin mo pa rin dahil nga,
Wala kang magagawa

Ilalabas mo lahat sa luha
O lumuluha ka habang lumilikha
Nililikha ang tulang ito
Sa pag-asang huhupa rin ang bagyo ng emosyong sayo'y nananalasa

# Hawla

Korinne Mercy Abelardo Basada

Patapos na naman ang tag-init
Darating na muli ang kulog, ang kidlat
Magbabago na muli ang hugis ng mga ulap
Ako'y naririto pa rin

Swabe ang pag-ugoy ng mga halaman
Ramdam ko ang pagdaloy ng hangin sa aking mukha
Nasanay na'ko sa tanawin ng nakahilerang mga haligi
Sa langit, sa mga puno

Mahilig ako dati kumanta
Lalong ginaganahan 'pag may sumasabay
Sa aking awit, madalas wala
Boses ko lang din pala

Maliit lang ang mundo ko
Nasubukan ko nang abutin ang mga ulap
Ngunit haharangan ako ng mga haligi
Tahimik na pakikiusap

May puno ng bayabas, tangi kong kaibigan,
Natatanaw ko siya sa pagdaloy ng panahon
Sa pamumukadkad ng kanyang mga bulaklak,
Hanggang sa paghulog ng mga bunga


Paminsan-minsan,
May dumadapong kamukha ko
Sa kanyang sanga, maganda ang kanyang boses
Mas malaki ang mundo niya

Patapos na naman ang tag-init
Darating na muli ang kulog, ang kidlat
Magbabago na muli ang hugis ng mga ulap
Ako'y naririto pa rin

Robina Sison Bertos
Patnugot

# Ano Variant?!

## Ang iba't ibang mga strain ng COVID-19



Julian Carlos Bugasto Gatchalian

Lahat ng bagay na nilikha sa mundong ito ay may pagkakaiba; bagaman may pagkakapareho ang ilan, hindi maikakaila ang pagkakatangi nito sa isa't isa— maliit man o malaki. Ganito rin ang masasabi sa mga tao, hayop, halaman, at maging sa pinakamaliliit na nilalang sa mundo tulad ng mga *cell, bacteria*, at *virus* na matunog na mga salita ngayon dahil sa pandemyang COVID-19. Tuwing gumagawa ng kopya ng sarili ang *virus* upang lumaganap at dumapo sa ibang organismo, may maliit na posibilidad na magkaroon ito ng pagkakaiba mula sa kaniyang orihinal na *genetic code*— ang dumidikta sa lahat ng katangian nito. Habang lumilipas ang panahon ay mas dumarami ang mga pagkakaiba sa *genetic code* ng isang *virus* hanggang sa makalikha ito ng katangiang kapansin-pansin ang kaibahan mula sa orihinal na *virus*. Tinatawag itong mga *strain* na nagtataglay ng natatanging mga katangian mula sa pinagmulang kopya nito.

Sa loob ng isa't kalahating taon ng pandemya, umusbong ang iba't ibang *strain* ng COVID-19 na mas kilala bilang mga *variant.* Ito ay mas delikado dahil sa iba't ibang dahilan tulad ng mas mataas na *transmissibility* o ang abilidad ng *virus* na kumalat sa ibang tao, at ang *virulence* o kung gaano kalala ang sakit na maaaring maidulot nito sa isang indibidwal. Ang mga sintomas na maaaring maranasan bunsod ng mga variant na ito ay maihahalintulad sa orihinal na *strain* na unang nakita sa Tsina noong katapusan ng taong 2019. Ayon sa World Health Organization (WHO), mayroon silang natukoy na apat na *variant of concern*; ang Alpha, Beta, Gamma, at Delta.

### Alpha Variant

Ang Alpha *variant* ng COVID-19 ay unang natagpuan sa United Kingdom noong Setyembre 2020. Sinasabing ito ay mas nakahahawa kumpara sa orihinal na *strain* ng *virus*. Sa katunayan, ito ay nagdulot ng mas mataas na bilang ng kaso sa bansang pinanggalingan noong katapusan ng 2020 hanggang sa kasunod na taon. Isinaad din sa pag-aaral ng Unibersidad ng Exeter at Bristol na mas mataas ang posibilidad na mamatay ang isang tao dulot ng Alpha *variant* kaysa sa orihinal. Unang naobserbahan ang *strain* na ito sa Pilipinas noong Enero 2021 at daan-daan pang indibidwal ang nakitaan nito ilang buwan ang nakalipas.

### Beta Variant

Ang Beta *variant* naman ay unang nadiskubre sa South Africa noong Oktubre 2020. Ang *variant* na ito ay mas nakahahawa rin kumpara sa orihinal na *strain* nito ngunit hindi nakamamatay. Inanunsyo ng Department of Health (DOH) noong ika-2 ng Marso ang mga unang naitalang kaso ng nasabing *variant*, at sa tatlong buwang nakalipas ay mahigit isang libo na ang nakitaan ng Beta *variant* ng COVID-19.

### Gamma Variant

Ang Gamma *variant* ay una namang natukoy sa apat na manlalakbay na nagmula sa Manaus, Brazil nang magtungo sila sa Japan noong katapusan ng 2020. Batay sa isang pag-aaral mula sa Brazil noong 2021, mas nakahahawa ang Gamma *variant* kaysa sa orihinal na *strain*. Sa kaparehong taon, marami na rin ang kaso ng nasabing *variant* ang nakita sa Timog Amerika. Ayon sa ulat ng DOH, unang natukoy ang Gamma *variant* sa Pilipinas noong Marso sa isang *overseas filipino worker* (OFW) na pauwi mula sa Brazil.


### Delta Variant

Ang Delta *variant* naman ay unang naobserbahan sa India noong Oktubre 2020. Nanggaling ito sa isa pang strain ng COVID-19 na tinaguriang *'double mutant'* dahil sa dalawa nitong mahahalagang *mutation* na pinag-aaralan ng mga eksperto. Ayon sa isang dekano ng Brown University School of Public Health, ito ang pinakanakahahawang *variant* sa kabuuan ng pandemya. Isa ito sa mga dahilan ng pagkakaroon ng malaking pagtaas ng kaso sa India ngayong 2021, kabilang na rin ang ibang mga bansa katulad ng USA, UK, at Indonesia. Ika-11 ng Mayo 2021 nang unang natukoy ang nasabing *variant* sa ating bansa. Dalawang buwang nakalipas ay naitala ng DOH ang unang mga lokal na kaso ng nito sa bansa, kabilang ang isang namatay dulot ng nasabing *variant*.

Mayroon ding *variant* na unang natuklasan sa Pilipinas, ngunit itinuring ito bilang *variant of interest* ng WHO, at noong Hulyo 2021 ay ibinaba ang klasipikasyon nito bilang *alert for further monitoring* dahil sa mababang bilang ng mga kaso mula rito. Tinatawag itong Theta *variant*. Marso 2021, ito ay inanunsyo ng Philippine Genome Center (PGC) matapos matukoy sa ilang mga *sample* mula sa Gitnang Visayas. Wala pang patunay na mas nakahahawa ang Theta *variant* ngunit hindi maiaalis ang posibilidad na ito. Dagdag pa rito, walang ebidensya na mas malubha ang sintomas ng COVID-19 na maaaring makuha mula rito. Sa kabila ng pangamba ng publiko ukol sa balita, iginiit ni DOH Secretary Francisco Duque III na kinakailangan pa ng mas maraming datos tungkol sa nasabing *variant*.

Patuloy man ang pag-usbong at paglaganap ng mga *variant* ng COVID-19 mula sa iba't ibang bahagi ng mundo, kasalukuyan pa ring nagsasagawa ng mga pag-aaral ang mga eksperto tungkol dito. Gayunpaman, batay sa ilang pag-aaral sa mga bakuna tulad ng Pfizer, Moderna, at AstraZeneca, walang malaking epekto ang mga *variant* sa *efficacy* ng bakuna o ang kakayahan nitong protektahan ang isang tao mula sa *virus*.

Habang laganap pa rin ang mga *variant* na ito, inaasahang susundin ng mga mamamayan ang mga *minimum health protocol* katulad ng paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng *face mask*, at pagsunod sa *social distancing* upang mapanatili ang kaligtasan ng sarili, ng mga mahal sa buhay, at ng buong komunidad mula sa banta ng COVID-19.




# BYE-rus SA MALING AKALA

Aaliyah Sese Diosana

Mga impormasyon na nakakalap, alin nga ba ang tunay? Sa panahon ngayon, masasabing mas mabilis nang kumalat ang tinatawag na *fake news* sa *social media*. Mayroong mga taong hindi matukoy kung alin nga ba ang totoo sa mga balita na kaniyang nakikita, nababasa, o naririnig. Maraming napapanahong pangyayari sa kasalukuyan ang nakalikha ng mga maling impormasyon hinggil sa pandemyang COVID-19. Ngayong kasagsagan ng krisis pangkalusugan, ang kawalan ng pagsusuri sa bawat datos o impormasyon na ibinabahagi sa atin ay maaaring magdulot ng kapahamakan; hindi lamang sa ating sarili, kung hindi pati na rin sa ating kapwa. Ang kapahamakan na maidudulot nito ay patuloy na madarama at hindi basta-bastang maiaalis sa isipan. Sabi nga sa isang awiting pinamagatang "Maling Akala" ng bandang Eraserheads, "Hindi mo maibabaon sa limot at bahala kapag nabulag ka ng maling akala."

Isa sa mga maling akala na madalas na nababanggit ng mga tao hinggil sa COVID-19 ay ang mga matatanda lamang daw ang maaaring mahawahan ng COVID-19. Batay sa pag-aaral ng mga eksperto, mas mataas ang posibilidad na mahawahan ng sakit ang mga matatanda na edad 50-60, ngunit hindi ito nangangahulugang makaiiwas na ang mga mas nakababata sa banta ng *virus* dahil ang kaligtasan ay hindi nakabatay sa edad, bagkus ay nasa pag-iingat.

Mayroon ding paniniwalang hindi maaaring mahawahan ang isang tao sa paraang *airborne transmission*, at kumakalat lamang sa pamamagitan ng mga maliliit na patak o *droplets*. Batay sa isang artikulo na inilathala ng World Health Organization (WHO) noong ika-9 ng Hulyo 2020, may ilang mga sitwasyon kung saan ang *virus* ay kumikilos tulad ng isang *airborne disease*, ang pagkalat ng nakahahawang *agent* na sanhi ng pagpasa ng *droplet nuclei* kapag nasuspinde sa hangin nang mahabang oras. Aktibong tinatalakay ng WHO na ang *virus* ay maaaring kumalat sa pamamagitan ng mga *aerosol*, partikular sa mga lugar na may mahinang bentilasyon. Kasama rito ang ilang mga *clinical setting* katulad ng ospital, *departments*, at *outpatient facility*. Kaya naman, lubos na kinakailangan ang palagiang paghuhugas ng kamay, pati na rin ang pagsusuot ng *face mask* at *face shield* tuwing lalabas ng bahay.




Bukod sa mga nabanggit, mayroon ding mga nagsasabi na maaaring gamiting gamot ang Ivermectin bilang pangontra sa COVID-19. Gayunpaman, nilinaw ng Food and Drug Administration (FDA) na hindi ito naaprubahan bilang gamot sa *virus*, bagkus ito ay nagsisilbi lamang gamot laban sa Intestinal Strongyloidiasis at Onchocerciasis, impeksyon at sakit na dulot ng mga *parasitic worms.*

Bakit nga ba mahalaga na suriin muna nang mabuti ang mga impormasyon o balita bago ito paniwalaan? Ang masusing pag-aaral sa mga nababasa o naririnig na impormasyon ay makatutulong upang maiwasan ang lubos na paglaganap ng *fake news* at mapangalagaan ang kaligtasan ng lahat. Batay sa pag-aaral na inilathala ng American Journal of Tropical Medicine and Hygiene noong nakaraang taon, halos 5,800 katao na sa buong mundo ang naospital at umabot na sa 800 katao ang pumanaw dahil sa maling impormasyon ukol sa COVID-19.

Mayroong mga paraan na maaaring gawin upang makaiwas sa maling akala. Isa na rito ang masusing pagsusuri. Kabilang dito ang pagbabasa ng iba pang mga balitang may kaugnayan sa iyong nabasa upang masiguradong tunay nga ito. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng maraming sanggunian, maihahambing ang pagkakaiba ng bawat impormasyon at matutukoy kung alin sa mga ito ang dapat paniwalaan. Bukod sa mga nabanggit, mainam din na tingnan kung sino o anong organisasyon ang naglathala ng nabasang balita at siguraduhing mapagkakatiwalaan ito.

Hindi lamang kawalan ng kaligtasan ang naidudulot ng mga maling akala ngunit pati na rin ang pagkagulo ng isipan at paniniwala ng mga tao na nagiging sanhi ng mga pagtatalo sa kung alin ang totoo. Sadyang marami na talaga ang maling impormasyong kumakalat, hindi lamang sa Pilipinas, ngunit pati na rin sa buong mundo. Upang hindi tayo maging biktima ng maling akala, lalo na sa mga kaalaman hinggil sa COVID-19, dapat ay alamin muna kung ang mga nakakalap na impormasyon ay naglalahad ng katotohanan. Halaw muli sa kanta ng Eraserheads, "Bago maniwala, mag-isip-isip ka muna. Marami ang namamatay sa maling akala."

# Herd Immunity sa NCR+8, balak makamit sa Nobyembre


Robina Sison Bertos

Noong nakaraang taon, ang COVID-19 ay isa pa lamang bagong salita sa ating pandinig. Sa mahabang panahon na pananatili sa ating mga tahanan, umusbong muli ang makabagong terminolohiya— ang *herd immunity.* Ang *herd immunity* ay natatamo kapag may sapat na bilang ng mga tao sa isang lugar ang *immune* sa isang *virus*. Maaari itong makamit kapag ang karamihan ng populasyon ay nakabuo ng mga *antibodies* mula rito, o kung ang karamihan sa populasyon ay nabakunahan laban sa *virus* kaya hindi na maaaring maging *carrier* at makapanghawa ng iba. Naging usap-usapan na ito noong nakaraang taon dahil sa malaking epekto nito sa kabuhayan ng mga Pilipino. Naniniwala ang karamihan na mas mainam itong gawin sa halip ng paulit-ulit na *lockdowns.* Ito ay agad namang nilinaw ng isang *epidemiologist* na maaari lamang ito maging posible kung mayroon nang mga bakuna. Ngayon na may kakayahan na ang Pilipinas na magkaroon ng mga bakuna mula sa ibang bansa, abot-kamay na ba ang *herd immunity*?

Isinasaad sa taunang plano ng pamahalaan hinggil sa *herd immunity* ang pagbabalak na makamit ito sa Pilipinas. Ayon kay Dr. Rontgene Solante, miyembro ng *vaccine expert panel,* 70 hanggang 80 porsyento ng populasyon ang kailangang magkaroon ng proteksiyon laban sa COVID-19 para makamit ito. Ang populasyon na ito ay may kabuuang bilang na 70 milyong katao ng bansa. Umani ito ng mga kritisismo mula sa mga eksperto dahil sinasabing ito ay hindi makatotohanan at malabong mangyayari. Kaya naman, inihayag sa *public address* ni Pangulong Rodrigo Duterte ang mga pagbabago sa planong makamit ito sa katapusan ng taon. Aniya, saklaw lamang nito ang sinasabing 'COVID-19 *hotspots*' o NCR+8 ng bansa kabilang ang mga lungsod ng NCR, Bulacan, Cavite, Laguna, Rizal, Pampanga, Batangas, Metro Cebu, at Metro Davao. Sa pagsasagawa ng ganitong uri ng plano kontra COVID-19, inaasahan ang 5,000 hanggang 8,000 na bilang ng mga taong nababakunahan kada araw.

Maraming bagay ang kinakailangang isaalang-alang sapagkat maaari itong makaapekto sa pagkamit ng *herd immunity*. Gaya na lamang ng pagpapahayag ng ilan sa mga Pilipino ng kanilang pag-aalinlangan at pag-aatubili na makatanggap ng bakuna laban sa COVID-19. Ito ay kadalasang epekto ng kontrobersiya sa Dengvaxia o sa bansang pinagmulan ng ilang mga bakuna. Kamakailan lamang, nagsagawa ng sarbey ang Social Weather Stations (SWS) patungkol sa kumpiyansa ng mga tao sa pagpapabakuna. Lumalabas na kalahati sa mga tumugon ang nagtitiwala rito, ngunit 49% lamang ang nakatira sa Kalakhang Maynila. Isang nakababahalang isyu pa sa karamihan ang pagkakaroon ng *variants* kung saan ang bawat isa nito ay may katangiang higit sa orihinal na *strain* ng *virus*. Nilinaw naman ng ilang mga pag-aaral sa mga bakuna na walang malaking epekto ang mga *variants* sa *efficacy* ng bakuna o ang kakayahang protektahan ang isang tao mula sa *virus*. Para sa dating kalihim ng Department of Health (DOH) na si Manuel Dayrit, bagaman patuloy ang pagtuklas ng mga makabagong *variants* ng *virus*, ang pagpapabakuna ang nananatiling mahalagang bagay upang mapanatili ang kaligtasan.

Kumpiyansa ang gobyerno na makakamit ang tinatawag na *herd immunity* sa NCR+8 bago matapos ang 2021. Ngunit, ayon sa mga kritiko, mabagal pa rin ang pagbabakuna sa bansa. Bumuwelta naman ang Malacañang dito na nagsasabing nais lamang palabasin ng mga kritiko na hindi matagumpay ang *vaccine rollout* ng gobyerno. Sa gitna ng isyu tungkol sa bakuna, suportado ng mga alkalde sa Kalakhang Maynila ang pagsasagawa ng *herd immunity* sa kani-kanilang mga lungsod. Lumalabas na 6 hanggang 10 alkalde ang naniniwala na may kakayahan ang kanilang lungsod na matapos ito sa Nobyembre 2021. Ayon naman kay Mayor Isko Moreno, maaari pa itong matapos nang mas maaga sa inaasahang buwan kung susundin ang isinaad ni Vaccine Czar Carlito Galvez na 8,000-10,000 ang mababakunahan kada araw.





Inihayag ng eksperto sa medikal na si Dr. Mike Vergara ang dalawang paraan upang maging makatotohanan ang pagkamit ng *herd immunity* sa Nobyembre 2021: Kung papayagan na isagawa ang pagbabakuna buong araw; at pagpapahintulot na maging bahagi ang mga pribadong sektor. Isinaad niya na kung ang mga sentro ng inokulasyon ay gumagana nang mas mahabang oras, makatutulong ang mga kompanya na magdala ng karagdagang bakuna at mga manggagawa. Aniya, ang pagtapik sa iba pang mga medikal na propesyonal, tulad ng mga *medical technologists* at dentista, ay magpapalakas sa programa ng pagpapabakuna sa bansa. Binigyang-punto niya rin ang responsable at organisadong dami ng taong magpapabakuna sa mga *vaccination sites*.

Nilinaw naman ni Dr. Solante ang mga umuusbong na terminolohiya kasabay ng *herd immunity* gaya ng *population protection* at *herd containment*. Mas kaunti umano ang kailangang bakunahan para maabot ang *"containment,"* na nasa 45% hanggang kalahati ng populasyon. Hindi tulad ng *herd immunity*, maaari pa ring mahawahan ng COVID-19 ang mga walang bakuna. "Ang impact niyan is bababa 'yung kaso mo, pero continuous pa rin. You still have the infection." ani Solante. Samantala ang *population protection* naman, layuning bakunahan ang mga miyembro ng populasyong mas mataas ang posibilidad na mahawa ng COVID-19 at magkaroon ng malalang sintomas. "When you vaccinate this, the benefit here is you will lessen the number of people getting into the hospital, because you are now giving protection to the highly vulnerable population that can easily develop severe infection when they get COVID," dagdag pa ni Solante.

# Sign to Speech Gloves, binuo ng mga estudyante mula sa CamSur

Isabella Nicole Caliao Andaya



**TULAY SA UNAWAAN.** Ipinakita ng mga estudyante ng Electrical Engineering ang nilikha nilang guwantes na nagsasalin sa *Filipino Sign Language* sa speech na Ingles ay makatutulong para sa pakikipagtalastasan ng mga may kapansanan.

Isang grupo ng mga estudyante ng Electrical Engineering sa Camarines Sur Polytechnic Colleges (CSPC) ay nakalikha ng isang imbensyong magpapagaan sa mga hamon sa komunikasyong nararanasanan ng mga taong may kapansanan sa pandinig at pagsasalita: guwantes na isinasalin sa *speech* na Ingles ang mga sinabi sa pamamagitan ng Filipino Sign Language (FSL).

Ang grupong ito ay binubuo nina Francis Anthony de Guzman, Rency De La Cruz, Joana Renz Jimenez, Klenn Arvin Alcibor, at Maria Andrea Moran. Inialay nila ang proyektong ito kay Rei Mark Tandaan, isang dating kasapi ng kanilang grupo na biglaang pumanaw noong 2020. Pinasalamatan din nila si G. Samuel Aring, ang gurong nagturo sa kanila ng FSL, at tumulong sa kanila sa pagbuo ng guwantes na si Engr. Joed Cerillo.

Ipinaliwanang ni de Guzman sa kaniyang Facebook *post* noong Hunyo 28, ang *thesis* nilang pinamagatang: "Filipino Sign Language to Voice Converter." Aniya, ito ay "...trainable gloves that can interpret Filipino sign language and convert it into speech." ipinakita din nila sa *post* kung paano gumagana ang guwantes. Bawat salitang inihayag ni de Guzman sa pamamagitan ng FSL ay ibinigkas ng guwantes sa salitang Ingles. Kung gagamitin ito ng mga bingi, pipi, o mga taong may kapansanan sa pagsasalita, ang resulta ay parang nakakausap mo na rin sila dahil may maririnig kang boses na ipinapahayag ang mga sinabi nila sa FSL. Mabilis na naging *viral* ang *post* na ito, at kasalukuyang lampas 600,000 na ang nakapanood ng *video* at halos 100,000 na ang nag-*react* sa *post*.

"This project gives voice to the deaf and speech-impaired people. With this, the communication barrier can be lessened, allowing the deaf and speech-impaired people to express themselves and give them more opportunities to grow in their respective careers," wika nila sa *video*. "These gloves have flex sensors for the finger movements, and an MPU-6050 for the angular rotations of the hand. This data will be sent via Wi-Fi to the computer for processing," paglilinaw nila. Ang MPU-6050 ay isang Micro Electro-mechanical Systems (MEMS) na tumutulong sa pagsukat ng tulin o *velocity, oryentasyon,* pagbilis o *acceleration*, paglipat o *displacement,* at iba pa.

Nakita nila kung gaano kalaki ang pakinabang at tulong nito sa mga bingi, pipi, at mayroong mga kapansanan sa pagsasalita pagdating ng araw. Bagaman aminado sila na mayroong mga katulad na itong imbensyon noong 2012 sa Ukraine, 2015 sa Mexico at Saudi Arabia, at 2017 sa Amerika at India, determinado pa rin silang ipagpatuloy ang pag-aaral at higit pang paunlarin ang proyekto.

I-*scan* ang *QR code* upang mapanood ang presentasyon ng Speech to Sign Gloves.

Robina Sison Bertos
Patnugot

# Suob? Malay ko d'yan!

Ma. Fatima Dacaymat Galera

Araw-araw ay naglalabas ng *mucus* o malabnaw na sipon ang ating mga *sinus* sa ilong. Ito ay isang mahalagang proseso na kailangan upang mapanatiling basa ang loob ng ating ilong at malinisan ang nilalanghap nating hangin. Gayunpaman, tuwing tayo ay may sipon, nagkakaroon ng pagbabago sa produksyon ng *mucus* at dumodoble o sumosobra ito. Ang karaniwang sanhi nito ay ang *allergens*, *bacteria*, at *virus*. Ito ay unang tumatama sa ating *upper respiratory tract*, partikukar sa ilong o lalamunan, at kalaunan ay makaaapekto sa iba pang bahagi kung hindi maagapan. Bilyon-bilyong katao ang nakararanas ng *mild respiratory complications* na maaaring umulit nang isa hanggang apat na beses kada taon. Ito ang pinakapangkaraniwang nakahahawang sakit, hindi lamang sa Pilipinas kung hindi sa buong mundo. Mahirap ipagsawalang-bahala ang karamdamang ito dahil napakadali at napakadalas ang magkaroon nito, lalo na kapag may matinding pagbabago sa lagay ng panahon.

Dulot ng pandemyang COVID-19, mas nakatatakot ang magkasakit sa panahon ngayon. Bukod sa hindi madaling makapunta sa ospital ay nariyan ang pangamba na makahawa ng iba. Mula rito, nagsulputan ang iba't ibang paraan upang mapadali ang paggaling kahit nasa tahanan lamang. Kabilang na rito ang isa sa mga napapanahong *home remedy* para sa mga karamdamang may kaugnayan sa daluyan ng hangin— ang pagsusuob. Subalit, gaano nga ba kamalay si Juan tungkol dito?

Ayon sa World Health Organization (WHO), ang pagsusuob ay kinikilala bilang lunas sa mga *mild respiratory complications* gaya ng ubo, sipon, baradong ilong, at iba pa. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagpapakulo ng tubig hanggang sa mamuo ang singaw. Magtataklob ng kumot sa sarili at sa ilalim nito ay lalanghapin ang singaw sa loob ng dalawa hanggang limang minuto. Ang tubig ay maaaring haluan ng asin, *lemon*, luya, o hindi kaya ay *camphor* at *menthol* tulad ng Vicks VapoRub at Efficascent Oil. Batay sa isang artikulo ng Healthline, nakatutulong ang pagsusuob upang pansamantalang guminhawa ang pakiramdam mula sa mga sakit tulad ng lagnat, baradong ilong, ubo, *nasal allergies*, impeksyon sa *sinus*, hirap sa paghinga, at iba pa. Ang pagtulong nito upang mapagaan ang pakiramdam mula sa pangangati at pamamaga ng daluyan ng dugo sa ilong ay isa rin sa mga isinasaalang-alang na mabuting epekto.

Ika nga sa kasabihan, ang lahat ng sobra ay nakasasama. Sa kabila ng mga benepisyo ng pagsusuob, mayroon din itong mga masamang epekto sa kalusugan kapag hindi nasusunod nang maayos ang mga pamamaraan. Ang tuloy-tuloy na pagtutubig, panunuyo, pamumula, at pamamaga ng mga mata ang ilan sa mga masasamang epektong maaaring maranasan. Kapag sumobra naman sa tamang oras ng pagsusuob ay maaaring maging dahilan upang mabawasan ang *supply* ng dugo sa katawan na ikasisira ng *cell chemistry*. Makapipinsala rin ito ng mga *cells* sa ilong at lalamunan pati na rin ng ibang *organs*.

Naglabas ng paglilinaw ang Department of Health (DOH) ukol sa umuusbong na impormasyon tungkol sa kabisaan ng pagsusuob laban sa COVID-19. Ang pagsusuob na may asin, *lemon*, at iba pa ay hindi nakapupuksa ng *virus* at hindi kabilang sa mga pamamaraan upang maiwasan ito. Maging ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at WHO ay mariing pinabubulaanan ang mga maling impormasyon ukol dito dahil wala pang siyentipikong pag-aaral sa ngayon ang makapagpapatunay nito. Dagdag pa rito, nagbabala ang DOH sa publiko na ang pagsusuob ay nagpaparami ng *secretions* o likido sa ilong na posibleng makahawa sa iba sa pamamagitan ng pagbahing o pag-ubo. Maaari din itong magdulot ng mga aksidente gaya ng pagkalapnos at pagkasunog ng balat.

Humaharap sa matinding krisis pangkalusugan ang Pilipinas dulot ng COVID-19 at kasabay nito ang pagbagsak ng ekonomiya at kawalan ng hanapbuhay. Ito ang naging dahilan kung bakit naghahanap ng alternatibong lunas si Juan; lunas na abot-kaya at madaling isagawa, gaya ng pagsusuob. Kaya hindi maikukubli na kasimbilis ng pagkalat ng COVID-19 ang pagyakap ng mga Pilipino sa pagsusuob. Sino nga ba naman kasi ang hindi nanaisin ang agarang lunas sa karamdaman lalo na kung magaan lang sa bulsa at hindi na kailangan pang lumabas ng tahanan? Epektibo man ang pagsusuob o hindi, may mararamdaman mang ginhawa o wala, dapat ay palaging isaisip na mahalagang isaalang-alang ang pagiging maalam sa mga bagay na tatangkilikin at mga pamamaraang isasagawa, lalo na kung tungkol ito sa kalusugan na ayon sa bulalas ng karamihan ay isang kayamanan. Kaya ngayon, siguradong si Juan na dating salat sa kaalaman hinggil sa pagsusuob ay mayroon nang kamalayan!



# HANGGANG SA KAILALIMAN

Nagtala ng kasaysayan si Dr. Deo Florence L. Onda, isang *microbial oceanographer* at Deputy Director for Research of the Marine Science Institute (MSI) ng Unibersidad ng Pilipinas (UP), matapos matagumpay na marating ang ikatlong pinakamalalim na lugar sa mundo— ang Emden Deep noong ika-23 ng Marso, 2021. Ang pinakamalalim na punto nito ay kilala bilang Galathea Depth na umaabot sa lalim na 10,540 metro at matatagpuan sa Philippine Trench sa timog-kanluran ng Dagat Pasipiko.

Batay sa ulat, inimbitahan si Dr. Onda ng Caladan Oceanic upang sumama sa paglalakbay sa Emden Deep. Sakay ng DSSV Pressure Drop, ang nag-iisang *marine vessel* sa mundo na may kakayahang pumunta sa pinakamalalim na bahagi ng daigdig habang nakokontrol ang *pressure* na dulot ng lalim ng karagatan. Kasama ng American *undersea explorer* na si Victor Vescovo, matagumpay nilang narating ang Emden deep sa lalim na 10,045 metro.

Isang di-inaasahang pangyayari, ang mga bagay na natuklasan nila sa kailaliman nito ang nagbigay-daan upang makapulot sila ng isang makabuluhang aral. Sinong mag-aakala na ang hindi umanong *jellyfish* o dikya ay isa palang plastik? Isang nakababahalang pangyayari na ang mga natagpuang basura ay may kakayahang manatili kahit libong metro na ang lalim. Batay sa *hypothesis* ni Dr. Onda, ang mga plastik na ito ay inaasahang madurog dahil sa *pressure* na dulot ng lalim ng dagat. Ngunit, napatunayan sa nasaksihan nila na malakas ang *resistance* ng plastik kaya naman umabot sa bahaging ito. Ang presensya ng plastik sa malalim na punto ng karagatan ay buhay na testamento kung gaano na rin kalalim at kalala ang suliranin sa plastik ng bansa.

Hindi pa rin nila malaman sa kasalukuyan, kung saan nanggaling ang mga plastik sapagkat maraming mga posibilidad na mula ito sa Pilipinas, sa ibang bansa, o sa mga nagdaraang barko. Subalit, ang mahalaga sa usaping ito ay hindi sa kung saan nagmula ang plastik, bagkus ang katotohanang ang mga plastik ay nabubuhay sa kailaliman ng katubigan. Ayon sa kanya, hindi madaling tanggalin ang plastik sa sistema ng isang bansa tulad ng Pilipinas na matagal nang gumagamit nito, ngunit maaari namang maging responsable sa pagkonsumo nito. Dagdag pa niya, maging ang gobyerno ay dapat na magkaroon ng angkop na solusyon upang mabawasan ang paggamit ng plastik, nang sa gayon ay mabawasan din ang masamang epekto nito sa kalikasan.

Sa isinaad ng *Ocean Conservancy and McKinsey Center for Business and Environment,* naitala ang Pilipinas bilang ikatlo sa mga bansang may pinakamaraming nagagamit na plastik dahil sa mahigit anim na milyong kilo ng basura na natagpuan sa bansa, sunod sa China at Indonesia. Sa patuloy na pag-usbong ng problema sa plastik, hindi maikukubling marami pang mga basura ang makikita hindi lamang sa karagatan, pati na rin sa iba pang mga bahagi ng daigdig.

Ang mga anyong tubig ng Pilipinas ay may malaking papel na ginagampanan sa pamumuhay ng mga Pilipino, lalo na sa mga taong dito lamang nagmumula ang kabuhayan. Kaya naman, lahat tayo ay may tungkulin sa paglutas ng tumitinding krisis sa ating paligid. Sa mga kwento ng nakaraang kasaysayan, hindi na kailangan pang lumisan sa Maynila upang makaligo sa dagat sapagkat magugunita pa sa mga dalampasigan ang nagtatampisaw na mga bata sa isang malinis at malinaw na tubig noon. Habang tumatagal, patuloy itong nagbabago, hindi lamang sa panlabas na anyo kundi ang nilalaman din sa kailaliman nito. Ang hitik na iba't ibang uri ng *marine organisms* ay napalitan ng sandamakmak na basura mula sa mga tao. Suntok sa buwan kung isipin, ngunit kaya pa nga bang mapabuti ang kalagayan ng mga karagatan natin? Sa ganang akin, positibo pa rin ang aking pananaw na magkakaroon ng solusyon para dito. Ang maliliit na hakbang ay maaaring magdulot ng malaking pagbabago. Kung isasabuhay ng bawat isa ang obligasyon nitong pangalaagan ang Inang Kalikasan, masisiguro ang maayos, malinis, at masaganang kalagayan ng karagatan, hanggang sa kailaliman.

John Rolan Tasarra Bacero



# LAGABLAB NG SULO



**MAGLALAGABLAB MULI.** Tiyak na kinapapanabikan ng lahat na muling masilayan ang nagliliyab na sulo na itinatakbo at inililibot sa paaralan na hudyat ng pagsisimula ng Intramurals.

Kevin Dela Cruz Bendejo

Samot-saring mga kulay ang nakapinta sa paligid; luntian, dilaw, pula, bughaw, lila, at abo. Nakabibinging hiyawan, tawanan, at kantahan ng *batch cheer* ang dumadagundong mula sa mga mag-aaral ng bawat baitang. Ang lahat ng iyan ang siyang nangingibabaw at bumabalot sa buong paaralan. Mayroong mga taong nakatayo, nakahiga, nakaupo, nagtatakbuhan, at naglalaro. Tila walang iniisip na problema; ang lahat ay maligaya. Ganito ang eksena sa tuwing gaganapin ang pinakainaabangang okasyon ng lahat ng mga mag-aaral: ang taunang Intramurals. Subalit, ano na lamang ang mararamdaman ng mga estudyante kung ang isa sa pinakamakulay na araw sa kanilang pang-akademikong taon ay hindi masisilayan?

Mayroon pa ring kurot ng panghihinayang na nadarama ang mga atleta ng Makati Science High School (MSHS) sa pagtanggap at pag-unawa sa kasalukuyang sitwasyon dahil sa pandemya. Isa na lamang diyan ang magtatapos na si Kenneth Mojar, isa sa mga pambato ng kaniyang baitang pagdating sa *volleyball* at kasapi ng MSHS Boys' Volleyball Team. Hindi siya nagkaroon ng pagkakataong malasap ang Intrams sa kanyang huling taon sa sekondarya. Ang damdamin na kaniyang nararamdaman ay hindi lamang para sa sarili kundi pati na rin sa bawat mag-aaral na hindi maipamamalas ang angking galing sa iba't ibang isports.

Ang lungkot ng pansamantalang pagkawala ng Intramurals ay hindi lamang eksklusibo para sa mga manlalaro ang Intrams; patunay na dama ito ng bawat batang MakSci. Hindi man palasali sa mga pampalakasang kompetisyon, kalumbayan din ang bumalot kay Leidovic Gellang, isa sa mga mag-aaral sa ika-11 baitang ng MSHS. Aniya, hindi man siya karaniwang sumasali sa mga kaganapan sa Intramurals at kadalasang tagapanood lamang, mayroon pa ring hapding dala ang hindi katuparan nito sapagkat dito lamang kasi siya nakapaglalaro nang walang gaanong iniisip.

Isang hindi malilimutan at napakasarap balik-balikang mga alaala ang nabubuo sa ganitong okasyon. Walang sinuman ang tatangging tumutok sa mainit na salpukan sa iba't ibang larangan ng mga mag-aaral mula sa bawat baitang. Nariyan ang mabagsik na sagupaan ng mga koponan sa *basketball*, ang kapanapanabik na palitan ng hampas sa bola ng *able tennis*, ang makabali-butong *service* at *spike* sa *volleyball*, ang makapigil-hiningang *stunts* sa *cheerdance*, at ang nakabibilib na pag-indak sa *hiphop*. Hindi rin maaaring kalimutan ang mga nakaaaliw na Laro ng Lahi gaya na lamang ng patintero, piko, at dampa. Kasama rin ang tagisan ng talino at estratehiya sa mga *board games* tulad ng *chess* at *game of the generals*. Hindi rin pahuhuli ang tagisan ng ganda at talino ng mga bituin ng bawat baitang sa Mr. and Ms. Intramurals.

Marahil ay hindi nga napalamutian ng mga nakabibighaning kulay ng Intramurals ang kasalukuyang panuruang taon, ngunit ang makulay na karanasang buhat nito noon ay patuloy na magmamarka. Bigo mang masilayan ito, hindi nangangahulugang hindi na ito kailanma'y magbabalik pa. Hindi dapat panghinaan ng loob ang bawat isa sapagkat palaging may sisilip na liwanag ng bahaghari matapos ang madilim na unos. Sa panahong bumuti na ang lahat at kapag bumalik na ang mga bagay sa dati, masisilayan din ang mga ginintuang ngiti, tawanan, at makukulay na kasuotan. Maririnig ang hiyawan na bubulabog sa bawat sulok ng paaralan, at makikitang muli ang *sportsmanship* ng bawat batang MakSci. Sama-sama tayong lilikha ng mga alaala at aabangan natin ang obrang bubusog sa ating mga mata sa nalalapit na hinaharap. Huwag hayaang maapula ang apoy ng pag-asa sa ating mga puso na muling lilibot sa paaralan ang lagablab ng sulo na siyang tanda ng pagbubukas ng seremonya.

# ESPORTS: HARI NG 'NEW NORMAL'

"Esports will rival the biggest traditional sports leagues in terms of future opportunities," ani Steve Bornstein, isang Hall of Famer ng *sports broadcasting.*

Maraming mga tradisyonal na gawi ang nagbabago o nabibigyan ng alternatibong plataporma sa panahon ngayon na malawak na ang impluwensiya ng teknolohiya. Sa usaping iyan, hindi pahuhuli ang larangan ng isports. Dahil sa malawak na *access* sa makabagong teknolohiya, nagkaroon na ng bagong kategorya ang isports na kung tawagin ay Esports.

Ang *Electronic Sports* o Esports ay isang uri ng kompetisyong isinasagawa sa pamamaraan ng mga *video game* o *online game.* Maihahalintulad ito sa mga tradisyonal na isports na may dalawang koponan na nagtutunggalian. Nagkakaroon din ng mga opisyal na paligsahan ang Esports, mapalokal man ito o internasyonal, depende sa uri ng laro. Nariyan ang mga larong League of Legends (LOL), Mobile Legends (ML) at Counter-Strike (CS) na patuloy ang pag-usbong sa buong mundo.

Kasalukuyan pa ring mayroong mga talakayan tungkol sa kredibilidad ng Esports; hati ang opinyon ng madla kung masasabi ba talaga itong isang *genre* ng isports o isa lamang biro. Kung susuriin, ang isports ay isang aktibidad na kinakailangan ng pisikal na pag-eensayo at pagpapamalas ng sariling talento. Batay sa Oxford University Press, ang isang aktibidad o gawain ay maituturing na isports kung tumatalima sa sumusunod na mga pamantayan: paglalaban ng dalawa o higit pang indibidwal o koponan, mayroong mga alituntuning ipinatutupad, at may itinatanghal na panalo. Sa mga pamantayang isinaad, maituturing ang Esports bilang isang uri ng isports.

Kung ihahambing natin ang mga manlalaro sa tradisyonal at sa makabago, ang mga manlalaro ay halos magkapareho lamang sa iba't ibang aspekto. Kinakailangan ng lahat ng atleta ang mahabang pagsasanay at pagkokondisyon; pagbubuhat man ito ng mga mabibigat na gamit, pag-*jogging* sa umaga, o pag-eehersisyo ng koordinasyon ng kamay at mata. Lahat iyan ay kinakailangan ng mga manlalaro upang makamit ang pinakamahusay nilang kakayahan. Sa madaling salita, parehong ibinibigay ng mga manlalaro ang kanilang husay at galing upang magwagi, sa tradisyonal na isports man o sa makabago.

Pagdating din sa mga paligsahan ay talagang ramdam ang init at kasidhian ng bawat pagtutunggali. Kung kinasasabikan ang National Basketball Association (NBA) Playoffs at mga laban ni Manny Pacquiao, hindi pahuhuli ang Esports sapagkat inaabangan din ng mga tao ang iba't ibang paligsahan nito. Isang halimbawa na lamang ang larong ML na nagdaraos ng Mobile Legends: BangBang Professional Leagues (MPL).

Ngayong lahat ay limitadong magkita-kita dahil sa pinahigpit na *quarantine measures* bunga ng pandemya, malaki ang naging pinsala nito sapagkat ipinagpaliban ang lahat ng mga paligsahan sa mga tradisyonal na isports. Bunsod nito, umaarangkada naman ang mundo ng Esports; una ay dahil sa madali itong gawin at gamitin na angkop sa kasalukuyang sitwasyon, at pangalawa ay dahil nagagawa nitong libangin ang mga manlalaro at manonood.

Malinaw na hindi rin hadlang ang kasarian para makipagsapalaran sa Esports. Magandang halimbawa nito ang mga manlalaro sa LOL na may koponan na nagngangalang Vaevictis at binubuo ng pawang mga kababaihan. Bagaman mababa ang kanilang *winning rate*, karamihan ng kanilang mga ipinamalas na laro ay nagpatunay na ang Esports ay bukas sa lahat; walang limitasyon sa kasarian, maging sa edad, lahat ay maaaring sumubok at lumaban.

Masasabi nating ang Esports ay isang paraan upang mapanatili ang ating pagsunod sa pinaigting na *health protocol,* maglaro kasama ang mga kaibigan, maglibang kasama ang pamilya, at maghanap ng mga bagong kaibigan.

Patuloy pang yayabong at uukit sa kasaysayan ng mundo ang Esports, ang isports ng pagbabago at pagkakaisa. Siyang tunay, hindi maikakaila na ang Esports ay ang bagong hari ng isports ngayong panahon ng "new normal."

Manuel Abella Galang III




**WALANG MAKAHAHADLANG.** Pinatunayan ng Vaevictis, isang *all-female* League of Legends *team*, na ang kasarian ay hindi sukatan ng katatagan sa mundo ng Esports.

# KWEEN THINGZ

Nestor Gabriel Ballao Alondata

"Walang future ang mga bakla sa Esports! Trying hard, hindi naman magaling, bakla pa! No to LGBTQ!" Samot-saring mga salita ang tila kutsilyong sumugat sa puso ni Johnmark "ohmyv33nus" Villaluna matapos mapataob ng BREN Esports ang pinamumunuan niyang koponang Blacklist International noong ika-29 ng Abril, 2021 sa Mobile Legends: Bang Bang Professional League Season 7 (MPL-7).

Bilang tugon sa mga *homophobic slurs,* ipinahayag ni Villaluna sa isang Facebook *post* ang kaniyang pagtindig para sa komunidad ng LGBTQ+. Aniya, hindi talaga maiiwasan ang mga sitwasyong kasalukuyang kinahaharap ng mga miyembro nito, tulad na lamang ng mga paninirang puri. Dagdag pa niya, sa halip na iwasan ito, dapat itong harapin, dapat pakatatagan ang loob, at palibutan ang sarili ng inspirasyon. Higit sa lahat, iparamdam din sa ibang tao ang diwa ng pagmamahalan upang mabawasan ang diskriminasyon sa komunidad.

Si Johnmar Villaluna o mas kilala sa kaniyang tanyag na *in-game name* na "ohmyv33nus," ay isang *portable moderator* at MPL *star* na may pambihirang kakayahan sa mga *chief games.* Siya ay 28 taong gulang at ipinanganak noong Hulyo 20, 1994 sa Antipolo, Rizal. Siya ang kasalukuyang *captain* ng Blacklist International at nagtataglay ng propesyon doon. Nakamit din niya ang ika-12 puwesto sa principal MPL *title.* Si Villaluna ay dating bahagi ng ONIC PH (o dating kilala bilang Dream High Gaming) noong MPL Season 6 at kasalukuyan siyang naglalaro sa Season 7 kasama ang grupong Blacklist International (BLCK). Marami

SUNDAN SA PAHINA 18



**BITUING MANINGNING.** Tuklasin ang kislap ng talang si Johnmar "ohmyv33nus" Villaluna, isang MPL *star* at *captain* ng Blacklist International.




# DAGOK NG KASAWIAN

ISPORTS EDITORYAL

***Subsob ang mga Pilipinong atleta sa pag-eensayo upang makapagbigay-dangal sa ating bansa para sa nalalapit na 2020 Tokyo Olympics. Bagaman puspusan ang paghahanda para makapag-uwi ng medalya, hindi maikakaila na walang nalalasap na komprehensibong suporta mula sa pamahalaan ang ating mga atleta.***

Noong nakaraang Oktubre 2020, inaprubahan na ng senado ang P457 milyong iminungkahing pondo ng Philippine Sports Commission (PSC) para sa preparasyon ng mga atleta sa mga paparating na patimpalak. Nakapaloob sa alokasyon na ito ang badyet para sa operasyon ng mga *venue, training, allowance,* at iba pang pangangailang pinansyal ng mga atleta. Ayon kay PSC Chairman William Ramirez, kahit pa umiiral ang pandemya ay tuloy-tuloy ang suporta mula sa mga pribadong sektor, at pagtatagumpay ng mga programang isports para sa paghahanda sa Olympics at SEA Games. Ipinagmamalaki niya na sa kabila ng limitasyon sa pondo ng ahensya ay naibibigay naman nito ang sapat na *allowance* sa lahat ng mga atleta.

Ibinida rin ng bagong halal na Philippine Olympic Committee (POC) President Abraham Tolentino na nadagdagan pa ang alokasyon para sa 2021 *budget* ng PSC ng P900 milyon. Isinaad niya na malaking tulong ito upang magamit ng mga Pilipinong atletang sasabak sa mga *qualifying tournaments* upang makalahok sa prestihiyosong paligsahan.

Subalit sa kabila ng mga nakalululang pondong inilalabas ng PSC at iba pang ahensya ng isports, talamak pa rin ang reklamo at kasawian na isinusumbong ng mga *olympic-bound athlete* tungkol sa kanilang mga pinansyal na pangangailangan.

Hindi nakatakas sa isyu ng kakulangan sa pondo ang *champion weightlifter* na si Hidilyn Diaz. Sa katunayan, humingi pa ang atleta ng pinansyal na suporta sa *social media* para sa kanyang paglahok sa Tokyo Olympics. Ikinahihiya man ito ni Diaz, ngunit kung ang paraang ito ang tanging makatutulong sa kaniya sa pagkamit ng unang gintong medalya sa Olympics ay handa siyang gawin ang lahat, maialay lamang ang kanyang husay at lakas para sa bayan.

Isa sa mga naglahad din ng sentimyento ang Olympic-bound *boxer* na si Eumer Marcial. Aniya, P43,000 lamang ang kaniyang natatanggap na *allowance* buwan-buwan para sa kanyang pagsasanay. Nakapaloob sa kanyang gastusin ang kanyang *plane tickets, coaching staff*, maging ang kanyang akomodasyon. Dagdag pa niya na karamihan sa perang kanilang natatanggap ay mula pa sa mga pribadong *sponsors* at madalas ay sa sariling bulsa.

Biktima rin ang Chess Grandmaster na si Wesley So sa matagal nang isyu sa kakapusan ng suporta. Itinuturing na malaking kawalan ng Pilipinas ang *reigning* U.S. Chess Champion sa kategorya ng *board games*, matapos magpalit ang atleta ng *citizenship*.

“I did not have the connections needed to succeed in that culture. I was from the province, not a city boy. Had no money etc. I wanted to go further, and there was only one country a nobody can make it. The USA!” ani So. Isiniwalat ng *super grandmaster* ang masalimuot na kalakaran ng isports sa Pilipinas, na kung ikaw ay walang pera at walang koneksyon sa pulitika, tiyak na hindi ka aarangkada sa mundo ng pampalakasan.

Sa halos 94 na taong pagsali ng Pilipinas sa Olympics, tatlong pilak at pitong tanso pa lamang ang nakakamit. Ngayong panahon ng paghahanda ng mga atleta, dapat paigtingin ang kanilang mga pagsasanay mula sa *coaching staff, equipments, venue*, at maging ng iba't iba pang uri ng pangangailangan at akomodasyon. Nararapat din na malinaw na nakikita ng publiko ang hatian ng mga pondo sa bawat sangay upang maiwasan ang pagragasa ng korapsyon. Bilang karagdagan, pantay-pantay dapat ang lahat ng mga atleta. Burahin sa sistema ang ‘palakasan’ na nagiging ugat ng dungis sa mundo ng isports. Huwag patayin ang ningas ng kanilang mga mithiin sa buhay. Pasidhiin at payabungin ang lakas at talento ng mga atletang Pilipino hanggang sa makarating sila sa katanyagan o sa tinatawag na *world-class athlete*. Gawing *champion* ang mga kababayan na handang magpahanga ng iba't ibang lahi sa mundo!

Isang natatanging karanasan ang mapabilang sa mga prestihiyosong patimpalak sa isports. Dala-dala nila ang ngalan ng bansa upang ipakilala ang husay, galing, talino, at lakas na taglay ng mga Pilipino sa iba't ibang uri ng pampalakasan. Subalit kung ang kapos at hindi malasap na pinansyal na suporta ang handog ng pamahalaan ang siyang magpapataob at dadagok sa kanilang mga pangarap, makapaghahangad ba ang bansa ng tagumpay at masusungkit ba ang minimithing gintong medalya?

KWEEN THINGZ, MULA PAHINA 18

na rin siyang tagahanga dahil sa kaniyang pagpapamalas ng kagalingan at kakayahan sa paglalaro ng Mobile Legends (ML).

Noong una ay hindi pa niya natutuklasan ang totoo niyang identidad ngunit unti-unti niyang napagtanto na siya ay kabahagi ng LGBTQ+. Ngayon ay ipinagmamalaki niya ang komunidad na kaniyang kinabibilangan at nais niyang makatulong sa pagtataguyod ng mga karapatan nito. Ayon sa kaniya, gagawin niya ang lahat ng kaniyang makakaya at gagamitin ang lahat ng uri ng plataporma upang magkaroon ng kamalayan ang mga tao kung paano naaapektuhan ang bawat miyembro ng LGBTQ+ sa pambabato ng mga *homophobic comments*, at kung paano rin gagamitin ang mga atake na ito bilang inspirasyon upang magpatuloy sa paglalakbay sa buhay.

Hindi naglalaan ng panahon si ohmyv33nus sa mga negatibong pahayag ng mga tao. Hindi niya hinahayaang lamunin siya ng mga walang kabuluhang kritisismo ng mga *netizen* na ang tanging layunin ay sirain ang kaniyang kompiyansa at pababain ang tiwala sa sarili. Sa halip, ginawa niya itong inspirasyon upang patuloy na magpursigi, magtagumpay, at kamtin ang kaniyang pangarap. Hindi kailanman magiging hadlang ang kasarian sa pagkamit ng kagustuhan, at palaging tatandaan na walang mali sa pagpapahayag ng tunay na nararamdaman. Tularan nating lahat si ohmyv33nus na simbolo ng isang “Kween” na may salawikaing: "Kill them with kindness."

# *Palarong Pambansa 2020, ipinagpaliban ng DepEd*

Bigong nailarga ang ika-63 edisyon ng Palarong Pambansa na gaganapin sana sa Lungsod ng Marikina, matapos kanselahin ng Department of Education (DepEd) ang lahat ng mga okasyong dinadaluhan ng malaking bilang ng tao, bilang pag-iingat sa patuloy na banta ng pandemyang COVID-19.

Sa isang *online press conference* sa Facebook *page* ng DepEd noong ika-5 ng Mayo, 2020, inanunsyo ni DepEd Secretary Leonor Briones ang pagpapaliban ng isa sa mga pinakainaabangang pampalakasang kompetisyon sa buong bansa.

“'Yung ating usual activities na napaka-exciting, nakakatuwa, at ang buong bansa ay nakikisali talaga ay pansamantalang kina-cancel natin. Tulad ng halimbawa ng Palarong Pambansa (2019) na buong bansa talaga ay naglalaro, aabot sa tatlumpung libong katao ang nagtipon noon sa Davao,” ani Briones.

Ito ang kauna-unahang pagkakataon sa loob ng 16 na taon na kinansela ang pambansang inter-rehiyong patimpalak.

Unang nakatakdang maganap sa Occidental Mindoro ang Palarong Pambansa 2020, ngunit dahil sa pananalasa ng Bagyong Tisoy noong Oktubre 2019, binigyang-karapatan ang ibang mga lalawigan at lungsod na maging *host* o punong-abala ng nasabing patimpalak.

Inako naman ng Lungsod ng Marikina ang responsibilidad sa *hosting* ng paligsahan, ngunit sa kasamaang palad ay hindi rin ito natuloy bunsod ng pandemya; ito na sana ang magiging kauna-unahang pagkakataon na ang Marikina ang magho-*host* ng Palarong Pambansa mula nang maitatag ang pampalakasang kompetisyon.

Dahil sa pagpapaliban ng patimpalak, hindi rin maiwasang madismaya ng ilang mga estudyanteng atleta na matagal nang nag-aabang para dito.

“Napamahal na ako sa isports, nalungkot ako doon sa kanselasyon kahit na alam ko para sa kaligtasan ‘yon ng lahat. Sa Palarong Pambansa kasi, diyan pwede ipamalas ng isang atleta kung gaano sila kagaling. Ako nangangarap ako na makilala, hindi lang sa lungsod na ito o sa Pilipinas. Kaya nadismaya din ako kasi gusto ko rin makapunta doon, e, para sa experience at para makilala ng mga tao at makakilala ng mga taong makatutulong sa akin,” ani Kevin Bendejo, isang *varsity volleyball player* ng Makati Science High School (MSHS) na nangangarap makatungtong sa palaro.

Kasama sa mga naapektuhang isports ang *basketball, volleyball, baseball, tennis, table tennis, taekwondo, softball,* sepak takraw, *gymnastics, futsal, football, chess, boxing, badminton, athletics, aquatics,* arnis, *at archery.*

Joaquin Iñigo Apostol Manglicmot




**SEREMONYANG AANTABAYAN.** Tiyak na aabangan ng marami ang muling pagpalaot ng mga lobo sa himpapawid sa taunang Palarong Pambansa na pansamantalang ipinagpaliban ng DepEd ngayong taong 2020.




**ARIBA, ATLETA!** Taas-noong iwawagayway ng 19 na atletang Pilipino ang kumikinang na watawat ng Pilipinas sa darating na Tokyo Olympics 2020, upang patunayang may puwang ang manlalarong Pinoy sa mundo ng isports.

# ATLETANG PINOY, MAGPAPASIKLAB SA DARATING NA TOKYO OLYMPICS

Selina Yvonne Seraspe Peralta

Lalarga na ang 19 na Pilipinong manlalaro para sa 2020 Tokyo Olympics matapos ang isang taong pagkaantala nito dahil sa pandemya, upang magpakita ng lakas at husay nang maiulat na ito ay nakatakdang umusad mula ika-23 ng Hulyo hanggang ika-8 ng Agosto, 2021.

Isang prestihiyosong patimpalak ang Olympics para sa mga atleta sapagkat tinitipon nito ang pinakamahuhusay na mga manlalaro ng bawat bansa at binibigyan sila ng pagkakataon na hamunin ang kanilang mga sarili upang matukoy kung sino ang pinakaangat at pinakamagaling na mga atleta sa buong daigdig.

Noong 2016 Rio Olympics, 13 atletang Pinoy ang sumubok at kumatawan sa Pilipinas subalit, tanging si Hidilyn Diaz lamang ang nakasungkit ng medalyang pilak sa kategoryang *weightlifting* at ngayon sa kanyang ikaapat na pagtungtong sa Olympics ay pinagtutuunan naman niya ng pansin ang pinakaunang gintong medalya ng Pilipinas, kasama ang isa pang Pinay na si Elreen Ando na tinaguriang *highest-ranked athlete* sa International Weightlifting Federation (IWF).

Kasalukuyan namang nagsasanay sa Formia, Italy ang 2019 Southeast Asian (SEA) Games *gold medal-winning pole vaulter* na si Ernest Obiena, nang makamit at malagpasan niya ang *qualifying standards* matapos bumira ng 5.81 *meters* na kanyang naging *personal best record* sa Piazza Chiari 2019 na ginanap sa Italya.

Nagpakitang-gilas din ang *phenomenal gymnast* na si Carlos Yulo, ang pinakaunang Southeast Asian Male World Champion sa kasaysayan ng nasabing isports, matapos niyang masungkit ang gintong medalya sa 2019 World Artistic Gymnastics Championships sa bansang Germany na nagdala sa kaniya upang maging kwalipikado sa Tokyo Olympics.

Umarangkada rin sa pagkapasa sa kwalipikasyon sina Eumir Marcial at Irish Magno na nagwagi sa Asia-Oceania Olympic Qualifying tournament matapos ilugmok ni Marcial ang kanyang kalaban na si Otgonbaatar Byamba-Erdene ng Mongolia sa pamamagitan ng pagbira ng *left straight* at *right hooks* sa huling *standing eight counts* sa Middleweight Division habang nasungkit naman ni Magno ang kaniyang pagkapanalo sa pamamagitan ng isang *unanimous decision* na naging daan upang siya ay ituring na pinakaunang Pilipina na nagkamit ng pwesto sa Olympics sa kategoryang Women's Flyweight *class.*

Hindi naman nagpatinag sa kwalipikasyon sa Olympics ang *golfers* na sina Yuka Saso matapos ang kanyang makasaysayang pagwawagi sa 76th United States (US) Women's Open Tournament, Juvic Pagunsan sa kanyang pagkampeon sa 2021 Mizuno Open, at Bianca Pagdanganan matapos niyang madagit ang No. 42 spot sa Women's PGA Championship 2021 kamakailan lamang.

Dinagit naman ng mga lalahok sa kategoryang *swimming* ang puwesto sa Olympics na sina Luke Gebbie matapos niyang ibulsa ang pilak at tansong medalya sa 2019 Southeast Asian (SEA) Games, at Remedy Rule na isang *three-silver* at *two-bronze* SEA Games *winner.*

Naibulsa naman nina Carlo Paalam at Nesthy Petecio ang gintong medalya sa larangan ng *boxing* noong 2019 SEA Games na nag-akyat sa kanila sa Tokyo Olympics Flyweight Class Competition.

Karagdagan din sa mga lalahok sa 2020 Tokyo Olympics sina Kurt Barbosa sa Men's Taekwondo, Margielyn Didal sa Street Skateboarding, Jayson Valdez para sa Men's Air Rifle 10-*meter event*, Kiyomi Watanabe sa Women's Judo, Kristina Knott sa Women's Athletics, at Cris Nievarez para naman sa Olympic Rowing.

## *Unang tropeyo ng Pinas sa larangan ng golf*

# YUKA SASO, LUMIKHA NG KASAYSAYAN SA US WOMEN'S OPEN

Christian Palattao Villedo

Pumailanlang at umukit ng kasaysayan ang 19 na taong gulang na Filipino-Japanese *professional golfer* na si Yuka Saso matapos talunin si Nasa Hataoka ng Japan sa *final playoff* ng 76th United States (US) Women's Open Championship na ginanap noong ika-6 ng Hunyo, 2021 sa The Olympic Club sa San Francisco, California.

Tinaguriang kauna-unahang manlalaro mula sa Pilipinas si Saso na nakasungkit ng kampeonato sa isang *foreign major golf competition*, at ang kanyang pagkapanalo ay itinuturing na alamat sa Philippine Sports dahil ito ay magsisilbing malaking hakbang at inspirasyon para sa mga Pilipinong atleta na magsumikap, tumuntong, at mag-uwi ng tagumpay sa isang pandaigdigang entablado.

"I was just glad and thankful that I was here and able to play in this tournament. I don't know what's happening in the Philippines right now, but I'm just thankful that there's so many people in the Philippines cheering for me," wika ni Saso na pinantayan si Park Inbee ng South Korea bilang pinakabatang kampeon sa kasaysayan ng nasabing paligsahan.

Nagawang malampasan ng 2018 Asian Games *double medalist* ang *back-to-back double bogeys* sa patimpalak upang makabawi sa *final playoff* at maungusan ang Amerikanang kandidato na si Lexi Thompson na bigong maipasok ang *putt* sa *18th hole* sa *qualifying round.*

Pagdating naman sa *two-hole aggregate playoff*, nagtapat si Saso at Hataoka at pareho silang nakapuntos ng *par* sa bilang na 9 at 18, ngunit nagawang tuldukan ni Saso ang laban sa *ninth hole* sa pamamagitan ng *10-foot birdie putt.*

"I was thinking to myself that I needed birdies (sa playoff holes), but not being able to get that birdie on the first playoff hole probably cost me. Today the wind was pretty strong, so I thought it might be difficult. But I told myself that I do have a chance. I keep trying and trying, and that's where I am," ani Hataoka na bigong maitali ang kanyang *career-best finish* matapos tuluyang malaglag sa *third playoff hole.*

Si Saso ay isa nang *four-time* Ladies Professional Golf Association (LPGA) *tour winner* at ngayong tag-init ay naghahanda na siya para sa paparating na 2020 Tokyo Olympics.




# *Obiena, umarangkada sa Folksam Grand Prix*

Jaybee Pastorfide Omadto

Ibinulsa ng Filipino *pole vaulter* na si Ernest John "EJ" Obiena ang gintong medalya matapos niyang pataubin ang anim na katunggali sa ginanap na Folksam Grand Prix sa Gothenburg, Sweden noong ika-2 ng Hunyo, 2021.

Naitala ng 25-anyos na manlalaro ang *record* na 5.70 *meters* sa kanyang unang subok, dahilan upang makamit niya ang panalo. "A great start to the 2021 outdoor season!" ani Obiena sa kanyang Facebook *post.*

Ito ang kauna-unahang *outdoor pole vault competition* ng 2019 SEA Games Men's Pole Vault *gold-medalist* na si Obiena ngayong taon, at ang kanyang pagkapanalo sa Folksam GP ay isang magandang senyales habang naghahanda sa papalapit na 2020 Tokyo Olympics kung saan ay tatangkain niyang sungkitin ang kauna-unahang gintong medalya para sa Pilipinas.

Pumangalawa naman sa patimpalak ang Brazilian Rio Olympic *gold-medalist* na si Thiago Braz nang bigong malampasan ang 5.80 *meters* sa loob ng tatlong subok upang maungusan si Obiena, at naglista lamang ng 5.65 *meters.*

Lumagapak sa ikatlong pwesto ang pambato ng Norway na si Pål Haugen Lillefosse na lumundag ng 5.60 *meters* at inangkin ang *tiebreaker* laban kay Cole Walsh ng Estados Unidos na nakapagtala rin ng 5.60 *meters.*

Nakamit naman nina Adrian Valles ng Spain ang ikalimang pwesto (5.10 *meters*), Robin Jacobsson ng Sweden ang ikaanim (4.90 *meters*), at Melker Svard Jacobsson ng Sweden ang ikapitong pwesto na nabigong makapagtala ng *record.*



**PANALONG PALO!** Mabangis na naiuwi ni Yuka Saso ang tagumpay sa ginanap na US Women's Open Championship noong Hunyo.